

MGA TANONG AT MGA SAGOT



...dito, tinupi ko lang ito. Sabi rito:

24b. Gumugugol po ba kayo nang buong araw para pagplanuhan itong mga bagay na sasabihin mo sa gabi?

Aabutin talaga nang buong araw, hindi po ba?

Hindi, Cristiano, kapatid ko, hindi ko kailanman pinagplaplanuhan kung ano ang sasabihin ko sa pulpito. Ang ginagawa ko'y nagbabasa ako sa isang dako ng Kasulatan. At maraming beses na akong—akong nagpapaunusyo na sasampa ako sa pulpito, mangangaral ako tungkol sa isang partikular na paksa, pagsampa ko naman doon, ibabaling ako pabalik ng Espiritu Santo, may ipapagawa sa akin na ibang bagay.

Nasubukan ko na nang dalawa o tatlong beses na maglista ng mga tala at mangaral base sa mga tala na 'yun. Hangga't tumutuon ako sa mga tala na 'yun, nawawaglit ang isipan ko mula sa Diyos. Kaya ang ginagawa ko'y nilulukot ko 'yun at itinatapon at babase sa kung anong bagay ang sabihin Niya. Kung minsan nagsisimula ako sa Genesis tapos mapupunta ako sa Apocalipsis, ako . . . Kaya hindi po ako maituturing na isang—isang ministro na kayang—kayang . . . Kinakailangan kong kunin ang mga mensahe ko mula sa Itaas.

At may binabasa akong—akong isang Kasulatan, gaya ng nabanggit ko, tungkol sa tanda ng hayop. Ako . . . Ang maybahay ko, ang nanay ko, at sila na nakakaalam, ang biyenang kong babae na nakaupo rito, na nasa bahay noong mga sandaling 'yun, ako po'y, noong mga bandang alas tres ng hapon, nagsimula na akong manalangin. Pumasok ako, nagsimulang manalangin. Tapos tumutok na ako, sa isip-isip ko, “Buweno, nabanggit ko na mangungusap ako ngayong gabi ukol sa *Ang Tanda Ng Hayop*.” Pinag-aaralan ko 'yun. At dinala ko, ngayong gabi, para pagkuhanan ng sagot ang isang—isang Cruden's concordance. At 'yun ay para pagkuhanan ng mga sagot, o, hindi—hindi mga sagot, sa halip alam n'yo naman kung ano ang concordance: doon nakalista ang lahat ng salita na ginamit sa Biblia. Kaya, sisilipin ko lang doon sa concordance para mahanap, kung minsan, kung nasaan 'yung tanong nung tao.

Pero madalas, kapag nakikita ko ang isa sa mga kaibigan ko rito na nakausap ko sa tindahan, o sa tabi ng tindahan ngayong hapon, siya . . . pinag-uusapan namin ang tungkol sa mga tanong dito, at iba pa, nang paganoon.

Ngayon, buong buhay ko, mula noong maging ministro ako, kinakailangan ko talagang makipagpunyagi sa halos lahat

ng bagay. Hindi ako pumasok sa kahit anong seminaryong eskuwelahan. At ang tanging bagay na natutunan ko ay kung ano ang sinabi Niya sa akin. At pagkatapos nananatili lang ako roon at—at sinasampalatayanan ito. At kinailangan kong pagpunyagian ang halos lahat ng aking—aking pinaniniwalaan, sa buong mundo. Ako. . . Sila. . . Doon sa Aprika, sa iba't ibang lugar at sa dayuhang dako, makikita n'yo ang sari-saring mga ismo na di kailanman naisip ng Amerika. At 'yun nga'y basta na lang inihaharap sa iyo. Pero ang pinakamahalagang bagay ay nagsusumikap ako sa tuwina na tumayo sa Salitang ito, dito mismo; kita n'yo, hindi lang sa isang Kasulatan, kinakailangan na tumugaygay mismo sa buong Biblia.

Ngayon, maaari n'yo kasing kunin ang isang Kasulatan at papagsalitain ito ng iba. Alam n'yo ba na ginagamit din ng mga di-naniniwala sa Diyos ang Bibliang ito bilang aklat-aralin nila sa pagdedebate? Tunay. Pero kinakailangan mismo na nakaalinsunod ang lahat-lahat. Ngayon, kung maipagpapaumanhin n'yo ang katagang ito (aking, ano lang, ganito, para maging daan at maeduka tayo), ang Biblia po'y parang isang jigsaw puzzle na pira-pirasong. Ganoon mismo. At kinakailangan n'yong tumingin kay Cristo Jesus, ang Tularan, para malaman kung paano ito mabuo. Kung hindi, na gagamitin n'yo ang sarili n'yong hinuha, haya't ang makikita n'yo riyang sa binubuo n'yo, may baka na kumakain ng damo sa ibabaw ng isang puno, ganyan agad ang bungad sa inyo. Hindi nga uubra. Pero kung hahayaan n'yo lamang ang Espiritu Santo; na hindi n'yo gagamitan ng sarili n'yong pag-iisip kapag pinag-aaralan n'yo ang Biblia. Kung susubukan n'yo kasing gamitin ang sarili n'yong kaalaman o sarili n'yong pag-iisip, siguradong mababalentong at mababalentong kayo sa tuwina. Kita n'yo?

Dahil gaya ng sinabi ni Cristo, "Itinago ko ito sa mga mata ng seminaryo, sa mga matatalino't pantas, at ihahayag ito sa mga sanggol na sila'y matututo." Kita n'yo. "Itinago ko ito." Kaya walang eskuwelahan, at mga lupon, at—at mga lupon ng simbahan, na nakakapagturo ng Kasulatan sa nilayong pamamaraan dapat dito. Ngayon, grabeng bagay 'yan para sabihin. Marahil sagana sila sa katotohanan, pero ang Espiritu Santo ang naghahayag nito sa mga indibiduwal. Kaya naman, ang Espiritu Santo ay para sa mga indibiduwal. Yan ang dahilan kung bakit nailalayo ng organisasyon ang mga tao palihis sa linya ng Diyos sa tuwina. Dahil nagbibigay ang Diyos ng isang bagay na bago sa tuwina, ganoon mismo ang pagkilos Niya. At, pero ganito sa tuwina ang batayang tagpo. Pagmasdan n'yo at tingnan habang tinatalupan ito sa Biblia, tingnan n'yo kung papaano ito natatalupan sa paglipas ng panahon. Pagkatapos makikita n'yo kung saan kayo papunta.

Ngayon, para sa mga sagot dito, gaya ng nabanggit ko noon, isa po akong mahina na guro. Pero gusto kong isaysay

kung ano ang nalalaman ko tungkol dito, nais kong—nais kong ipaliwanag ito sa iba. At kung kayo’y di kapareho at sasabihin n’yo, “Buweno, Kapatid na Branham, hindi ganyan ang paniniwala ko ukol diyan,” ayos lang po, hindi n’yan masisira na di na tayo magkapatid, kita n’yo. Tayo’y magkapatid pa rin mismo. Ako... Kung gusto n’yong maging—maging—maging... kasapi sa Temple of Continuity, alam n’yo, ayos lang ’yan sa akin. Kita n’yo. At kung sumasampalataya kayo sa Panginoong Jesus Cristo, tayo’y mananatiling magkatuwang pa rin at magpapatuloy pa rin. At—at naniniwala ako na ibubunsod ng mainam na makalumang pagpapaging banal na ganyan ang maramdaman n’yo ukol dito. Hindi ba? Tama po, ibubunsod tayo na magkasundo.

Gaya nung nakatayong lalaki rito kagabi, nakatayo rito, na ganoon ang posisyon niya. At—at nakausap ko... Gaya nitong arsobispo ng India, na lampas apatnaraan at pitumpung milyong katao ang sakop dun. At lumapit siya, at nabalitaan niya ang tungkol dun at kaya lumapit siya, sabi niya, “Totoo ba ito?”

Sabi ko, “Totoo po.”

Sabi niya, “Papaano ko matatanggap ang Espiritu Santo?”

“Pagpapatong ng mga kamay.” Pinatungan ko siya ng mga kamay, at bumaba sa kanya ang Espiritu Santo.

Tumayo siya sa Chicago, rito, mga ilang linggo na ang nakararaan, sa malaking pagtitipon ng Christian Business Men, sabi, “Nasubukan ko na noon na lahat ng mga kardinal at lahat na mismo ng iba pa’y pinatungan ako ng mga kamay doon; mga bantog na kalalakihan, mga bantog na obispo, at iba pa, pinatungan nila ako ng kamay noong italaga nila ako noon na arsobispo ng India, Episcopalian na arsobispo ng India at presidente ng Christian Fellowship ng India.” Yun ’yung pinaka prestihiyosong tanda ng relihiyon sa India. At sabi niya, “Walang nangyari noong patungan nila ako ng mga kamay.” Sabi, “Nagpunta ako rito sa isang lalaki na di alam ang kanyang ABC, halos, at pinatungan niya ako ng mga kamay, at natanggap ko ang Espiritu Santo.” Ganoon nga. Kakatwa, hindi po ba? Kita n’yo.

Kaya, hindi ito dumarating sa pamamagitan ng edukasyon o kaalaman; dumarating ito sa pamamagitan ng pagpapakababa sa harap ng Diyos. Ganoon nga.

At heto rin, sa ganitong paraan n’yo malalaman na isa kayong Cristiano: Sa pamamagitan ng mga bunga ay mamumunga kayo. Ngayon, hindi sa paraan ng pagsigaw n’yo. Naniniwala ako sa pagsigaw, pero hindi ’yan nakabatay sa kung nakasisigaw ba kayo, o hindi, ako... o—o kung nakakapagsalita ba kayo ng iba’t ibang wika, o hindi. Haya’t... Naniniwala ako sa pagsasalita ng iba’t ibang wika. Hindi ito nakabatay sa kung nakakapagpagaling ba kayo ng mga maysakit, o hindi.

Naniniwala ako sa pagpapagaling. Pero heto ang mga bunga ng Espiritu: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kagandahang-loob, pagtitiis. Yun ang bunga ng Espiritu. Kita n'yo? At kung ang mga tanda na 'yun ay lumalakip sa inyo, haya't diyan nga ako—ako naniniwala na 'yan ang sinabi sa akin ni Jesus na hanapin.

Sabi Niya, “Makikilala ng lahat na kayo'y Aking mga alagad, kung kayo'y...” [Sinasabi ng kongregasyon, “Nag-iibigan sa isa't isa.”—Pat.] Ganoon nga. “Kapag may pag-ibig kayo sa isa't isa.” Gayong ang lalaki'y maaaring di sang-ayon sa inyo, pero sa kabila nun ay iniibig n'yo pa rin siya. Kita n'yo?

Oh, kung ang iniibig n'yo lang ay 'yung mga umiibig sa inyo, anong gantimpala ang matatanggap n'yo? Maski mga makasalanang ay kayang gawin ang ganoon ding bagay. Kita n'yo? Kita n'yo? Pero kinakailangan n'yo mismong ibigin 'yung mga namumuhi sa inyo, hindi lang 'yung pakitang-tao lang na iniibig n'yo sila, kundi talagang iniibig n'yo sila. [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Salamat. Ganoon nga. “Amen,” ibig sabihin tama. Kita n'yo? Kung may tao na talagang muhing-muhi sa inyo, at lantaran niya mismong kinamumuhian kayo, at sa puso n'yo ay iniibig n'yo siya, malapit na malapit nga kayo sa Kaharian. Ganoon mismo.

Ngayon huwag n'yo siyang ibigin, na sasabihin lang, “Buweno, alam ko kasing dapat kong gawin 'yun.” Kundi ibigin n'yo talaga siya. Kung hindi n'yo siya iniibig mula sa puso n'yo, kung sinasabi n'yo lang na iniibig n'yo siya gayong hindi naman, alam n'yo ba kung anong labas n'yo n'yan? Ipokrito. Kita n'yo. Kaya huwag kayong lalapit at sasabihin sa kanya na iniibig n'yo siya maliban na totoong iniibig n'yo siya. At kung hindi ganoon ang nararamdaman n'yo, manatili lang kayo rito hanggang sa maramdaman n'yo ang ganoon. Dahil sinisigurado ko sa inyo, may sapat na biyaya para ibunsod kayo na makaramdam ng ganoon. Ganoon nga. Tunay na mangyayari.

Ngayon—ngayon, ang mga tanong dito. . . At alalahanin n'yo ngayon, kagaya rin po ito sa mga gawain, lahat ng mga ito'y walang pinag-uukulan na simbahan ng sinuman, paniniwala ng sinuman, wala po. Ako po'y narito lamang sa sarili kong munting lumang tabernakulo para ilahad ang mga saloobin ko patungkol sa mga paksang ito. Kita n'yo.

At ngayon, kung naiiba kayo, ayos lang 'yan. Alam n'yo wala po, kung tutuusin, na anumang dalawa sa atin dito, haya't wala po talagang dalawa sa atin dito na magkaparehas na magkaparehas ang hinlalaki. Wala sa atin na magkaparehong-magkapareho ang ilong. Sa palagay ko ikatutuwa n'yo pa na wala kayong ilong na gaya ng akin. Pero—pero talagang. . . Siyanga't wala talagang magkapareho. Kita n'yo? At kaya naman tayo'y talagang magkakaiba. Ngayon, marahil gusto ko

ng cherry pie at gusto n'yo ng mansanas, pero pareho tayong kumakain ng pie. Ganoon lang po—po 'yun. Kaya, tayo... Ganoon po 'yun. Hangga't iniibig natin ang Panginoong Jesus, at naipanganak muli sa Espiritu ng Diyos, tayo'y Cristiano. Ngayon, hindi 'yan magagawa ng iglesia para sa inyo. Si Jesus ang makagagawa n'yan para sa inyo. Kita n'yo.

Ngayon, sa mga katanungan dito, habang tinitingnan ko rito, may ilan dito na talagang makatitibo. At kaya, sa pagsagot sa mga ito ngayon, ang lahat po'y mag-iimbentaryo nang mainam ukol dito, kita n'yo, lagyan n'yo ng tanda mismo: sinasagot ko lamang ang mga ito sa abot ng nalalaman ko sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Kita n'yo? At kung hindi tama ang pagkakasagot ayon sa inyong... at kayo, may pahabol na katanungan, sige, kayo'y... Gusto kong ibalik n'yo rito sa entablado o lapitan kami at pag-usapan ang tungkol dito, o anuman na magagawa namin. At marahil si Kapatid na Neville at ako rito, marahil may pagsilip kami sa mga bagay-bagay na di kami nagkakasundo.

At—at si G. Baxter, isa sa mga pinakamalapit na katulungan ko sa pagtitipon ko, si G. Baxter, matagal-tagal na kaming magkasama nang maraming taon; at isang batikan mismong tagapaglahad ng Biblia, pero hindi siya naniniwala sa Milenyum. At lalapit ako, at sasabihin ko, “Kapatid na Baxter, papaano mo maiikutan ang Kasulatang ito?” Lulundagan nga niya, sasabihin ko, “Ngayon, huwag kang umakto na parang isang tipaklong. Pumirmi ka lang.” Kita n'yo. Tapos sabi ko, “At sila'y nabuhay at naghari kasama ni Cristo nang isang libong taon sa lupa.” Sabi, “Anong masasabi mo dun?”

Sabi niya, “Sa palagay ko ang ibig sabihin lang ng sanlibong taon ay partikular na haba ng panahon.”

Sabi ko, “Ngayon, sandali lang, teorya 'yan. Ang sinabi mismo ng Biblia, ‘isang libong taon.’” Uh-huh. Sila—sila nga'y patalon-talon. Pero sila, kita n'yo, hindi kami, pero, hindi kami nagkalayuan ng loob ukol sa kung may milenyum ba o wala; uui at uui kami sa Langit, na magkasama, dahil siya'y ipinanganak na muli at taglay ang Espiritu Santo.

Kaya ganyan ang gusto kong maramdaman n'yo sa mga tanong dito: Ito po'y sa pinakamainam lamang na nalalaman ko na ilalahad sa inyo.

Kaya naman kung may makikita akong nakaupo rito, at naniniwala silang si Jesus ay darating na nakasakay sa isang puting kabayo, at naniniwala akong darating Siya sakay sa isang puting ulap; ngayon, kung sasabihin ko sige't “puting kabayo” na lang dahil ang kaibigan ko'y naniniwala na puting kabayo raw 'yun, pero, batay sa Kasulatan, naniniwala akong darating Siya na nakasakay sa isang ulap, magiging ipokrito ang labas ko n'yan. Ganoon nga. Kinakailangan kong ilahad ang sarili ko kung papaano mismo ito at ibigay ang dahilan kung bakit.

Sinabi ni Pablo, “Maging handa sa—sa lahat ng panahon, maging handa, sa kapanahunan, at sa di kapanahunan; maging handa sa pagsagot sa bawat tao na humihingi ng pag-asang nasa inyo.” Kita n’yo. At ’yan ang sinisikap nating gawin.

Ngayon, nararamdaman ko na ang mga Kasulatan dito, ang ilan sa mga ito rito, ay mumunting mga komento lang, at iba pa, at sisikapin kong sagutin ang mga ’yun unang-una, mangyari po na inihiwalay ko na. At baka kailanganin ko po ito, gamitin itong concordance pansumandali para sagutin ang ilan sa mga ito. At kaya naman, dito, kung may nasipi ako nang mali o kung ano, ayos lang na tawagin n’yo ang pansin ko, kita n’yo, at sulatan n’yo ako sa papel, at ipagbigay-alam n’yo sa akin.

Ngayon, bago natin subukang buksan ito . . .

Ngayon, ang dahilan kung bakit ginagawa ko ito, mga kaibigan. Sasabihin ko sa inyo, may layunin po. Alam n’yong lahat ’yan. May layunin para sa pagtitipong ito. Naniniwala ako na pinabalik ako ng Diyos, sa bagyo ng niyebe na ’yun, doon, at ipinadala ako pabalik para sa mismong layunin na ito rito. At may kung anong munting bagay lang na mali sa palibot ng tabernakulo rito nang matagal na. Nais kong hanapin ’yun. Kapag nahanap ko, haya’t titingnan ko kung may magagawa ako tungkol dun. Siyanga. At nais kong umusad ang iglesya nang may pagkakasundo-sundo. At nagkaroon nga mismo ng kung anong munting bagay na mali, dahil hindi kayo umuusad. Naliligtas n’yo ang mga tao, totoo naman ’yan, kahanga-hanga ’yan, pero hindi kayo umuusad sa paraan na dapat sana kayo. Dapat po’y naging mga mangangaral na kayo at lahat na. Dapat na umuusad mismo ang Mensahe.

Nakasama ko ang kapatid nating, pastor, sa labas, at nagpunta kami sa gilingan ng ani na magkasama, si Kapatid na Neville at ako. At gusto kong—at gusto kong makita kung . . . Bilang isa sa mga pastor n’yo, haya’t—haya’t tungkulin ko. At kagabi . . . Yamang nakita ko ang bagay na nasa iglesya mismo ngayon, ’yan ang dahilan kung bakit hindi ko inanunsyo nang hayagan ang pagtitipon na ito. Pinagsabi-sabi lang; haya’t, siyanga, ang lahat po’y malugod na tinatanggap. Tunay, nais naming magpunta kayo. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] At, pero, tututok tayo sa loob lamang ng iglesyang ito.

At sa isip-isip ko, “Kung maituturo ko sa unang gabi, kung ano ang iglesya sa panahon ngayon . . . at ang kapanahunan, ayon sa pagkakapuwesto, sa Biblia, kung saan tayo nakaposisyon, kung ganoon ay siguradong gigising ang iglesya roon. At pagkatapos mangusap tungkol sa ‘tanda ng hayop,’ at ipapakita sa kanila kung ano ’yun; at pagkatapos ‘ang Tatak ng Diyos.’” Yan po ang mabuti at masama ngayon, ’yan ang dilim at Liwanag ngayon, alinman sa nasa loob o nasa labas ngayon, at ’yan ang pinakamahalagang bagay na dapat mismong ituro ngayon.

² At sinasabi ko sa inyo, mga kaibigan, sinasabi ko ito mula sa puso ko, sa harap ng Diyos, nang may pagpapakumbaba, hindi pa ako nakaramdam ng tulad nun na pahid ng Espiritu Santo para bigkasin ang mga salitang taglay ko nitong huling tatlong gabi. Siyanga. Anupa't talagang tinangay ako nito. Nakauwi na ako't, hindi ako makatulog kahit nakauwi na, grabe mismong pahid!

³ Ngayon, isinalansan ko ang mga ito *rito* sa pag-asa na makasusumpung ako ng isang bagay sa kung saan. Kita n'yo? Ang mailagay ang—ang saloobin ng mga tao sa kapisang papel dito. Kung hindi ko ito masumpungan sa ganitong paraan, at hindi ito ihahayag ng Panginoon sa akin, magpapatuloy ako hanggang sa masumpungan ko ito. At ipagkakaloob ito ng Diyos sa akin. Siyanga. At kaya naman kapag nasumpungan natin, marahil napakaliit nun, na lumang kalang na naibaon sa kung saan, pero si Achan nga'y may isa rin, noon. Alam n'yo, kailangan nating iwaksi ang bagay na 'yun, pagkatapos ay makakadako na tayo at makakausad sa Kaharian ng Diyos.

⁴ Ngayon, pagpalain kayo ng Panginoon. At ngayon bago tayo bumuklat sa Salita... At ngayon—ngayon, bawat isa sa inyo na may Sunday school bukas ng umaga, hayon nga, kayo'y... Hindi ko—hindi ko hihilingin sa inyo na mapalampas n'yo ang inyong Sunday school, doon po—doon po ang nakaatang na tungkulin n'yo sa inyong iglesya. Ganoon nga. Pero, ngayon, kung wala kayong Sunday school na pinupuntahan, magpunta po kayo at dumalo sa amin bukas ng umaga. At pagkatapos kung ang simbahan n'yo ay wala nang gawain bukas ng gabi, nang Linggo, malugod po kayong tinatanggap. Ikagagalak namin na makasama kayo anumang oras. At kaya pagpalain kayo ng Panginoon. At batiin n'yo ang lahat ng mga Cristiano para sa akin; hindi po ako masyadong nakakasadya rito.

⁵ Tumitingin-tingin lang ako sa silid diyan, may munting papel na sinulat na noon na nandito pa rin bilang isang alaala sa simbahan ito. At sabi ko, "Tinatawag ako ng Panginoon sa malayo," at lahat tayo'y umiyak at tumangis noon. Naalala ko 'yung unang gabi na nagpunta ako. Naaalala n'yo ang unang pagtawag sa akin, mayroon po ba rito? Lahat kayo'y lumikom ng pera para ipadala ako sa St. Louis, kung saan ang munting si Betty Daugherty ay pinagaling. Namalagi ako...

⁶ Naalala n'yo, nanghiram pa ako ng overcoat n'yo noon para maisuot. Wala akong balabal na puwede kong isuot. At lumuwas ako't sumakay sa lumang trambiya para pumunta ng St. Louis. Naaalala n'yo pa 'yun? Haya't hiniram ko ang balabal ng isa sa mga kapatid na lalaki, tapos napakalaki nun para sa akin, Sampay-sampay ko 'yun sa braso ko; dahil malamig at wala akong balabal.

⁷ At pagkatapos sumadya kami, at nagpunta ako sa St.

Louis at kinatagpo ko si Kapatid na Daugherty roon. Yung munti niyang anak na babae, lahat ng mga doktor sa paligid doon, at mga espesyalista at mga ospital, sinukuan nila 'yung bata. Yung bata po'y parang sinusumpong na baliw. Yung mga ministro sa buong siyudad ay nakapag ano na . . . lahat ng dako, nagpunta na roon para ipanalangin ang bata. At pumasok ako at ipinanalangin ang bata, at 'yung kaawa-awang mga tao'y maputlang-maputla tingnan. At 'yung munting batang babae roon, sumisigaw siya't umiiyak, nagpupumiglas.

⁸ At—at hindi na siya nakagawa ng ingay na parang isang tao, tunog hayop na siya, namaos siya nang husto dahil sa . . . oh, mga tatlo o apat na buwan din 'yun. Spinal meningitis daw o . . . hindi, Saint Vitus' dance daw, sa—sa gulugod. Yung mumunti niyang mga labi'y ngatngat na ngatngat, dumudugo. At 'yung maliliit niyang mga daliri'y dugong-dugo na rin, sa dako na kinakagat niya ang mga daliri niya, at parang ganoon po, at walang humpay sa kasisigaw at walang patid.

⁹ At nanalangin ako, nagpunta sa simbahan. Naghintay nang ilang oras at mga oras. Naupo ako sa lumang kotse at naghintay. Hindi ko iiwan ang kasong 'yun hanggang sa may narinig ako mula sa Langit. At nakaupo ako roon sa kotse, may pangitain na dumating sa harapan ko, sabi, "Humayo ka't sabihin sa tatay, at ang tatay. . ." Sabi, "Humayo ka't sabihin sa babae na noong isang araw, sa bayan, bumili siya ng isang maliit, na puting takure. Hindi pa 'yun nasasalinan ng tubig kahit kailan." At sabi, "Sabihin mo sa kanya na tumingin siya sa ikatlong pintuan ng aparador at makikita niya roon ang isang panyo na nasa kapisasong papel, na hindi pa nagagamit kahit kailan. Sabihin n'yo sa kanya na punuin niya ito ng tubig. Patayuin mo ang tatay sa kanan mo, at ang lolo sa kaliwa mo, at magdasal ng, 'Ama namin, Na nasa Langit. . .' At sa pagsisimula n'yo nun, papunasan mo sa babae ng pamunas 'yung mukha nung bata. Tapos sa gitna ng panalangin ay dampian na ang mga kamay ng bata, tapos mga paa nito. Pagkatapos tumayo ka at magsabi, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON!'"

¹⁰ Alam n'yo kung anong nangyari, hindi ba? Gumaling mismo ang bata. At naghawak-kamay kami at lumakad sa kalsada at uminom ng soda pop, na magkasama sa restawran. Ganoon nga. Naantig ang St. Louis; ang pagtitipon ko roon, labing-apat na libo ang dumalo sa unang gabi pa lang. Ganoon nga. Sa St. . .

¹¹ Nakakalungkot lang na malayo na ako sa ganoon; magpupunta ako at pasisimulan ang mga tao na dumaan sa pila, sunud-sunod mismo't pagkatapos ng isa'y isa naman, pagkatapos ng isa'y isa naman. Magpupunta mismo sa isang bahay at mamamalagi roon hanggang sa matapos, tapos saka pa lang uuwi, sa palagay ko mas mainam 'yun kaysa sa mga pagtitipon.

¹² Sige, iyuko natin ang ating mga ulo habang mangungusap tayo sa May-Akda ng Salitang ito, ngayon.

¹³ Sa kabutihan ng aming Panginoong Jesus Cristo, kami po'y dumudulog sa Iyo, aming Ama. At sa Kanyang Pangalan ay humihiling kami ng Makalangit na habag, na Iyong patatawarin ang aming mga kasalanan at mga pagsalangsang laban sa Iyo. At kung may anumang kasalanan sa munting iglesyang ito ngayong gabi, dalangin namin, Panginoon, bilang—bilang isang lingkod na nakatayo rito, bilang isang pastol na nangangasiwa sa mga tupa. . . . Gaya ng sinabi ng Biblia, "Ingatan n'yo ang kawan na pinaglagyan sa inyo ng Espiritu Santo, para pakainin n'yo sila." At ngayon, Ama, namamagitan po ako para sa kanila, na Iyong pagpapalain sila at patatawarin ang lahat ng kanilang mga pagkakasala. Pagalingin Mo po ang karamdaman na nasa gitna ng mga tao. At, Makalangit na Ama, dalangin ko na ang Iyong mga kaawaan ay mapasaamin ngayon.

¹⁴ Heto po sa harapan ko, nakasulat sa papel, mula sa maraming tahanan at maraming tao, nakalapag ang mga kahilingan, mga tunay na malalalim na mga katanungan ukol sa Biblia na lampas sa ordinaryong pagi-eskuwela. At kailangan po namin ang Iyong tulong, Panginoong Jesus. At kakukuha ko lamang ng mga ito ngayon, nagtungo sa silid, nanalangin, lumabas, pinagbukod-bukod ang mga ito rito, at inilapag 'yung mga dapat masagot ngayon sa isang gilid, at 'yung iba na dapat ikonsulta sa Kasulatan, sa iba. Yun lamang po ang nalalaman ko sa oras na ito, Panginoon.

¹⁵ At ipinapanalangin ko na mula sa mga sandaling ito ngayon ay Ikaw po ang manguna mula ngayon, at pahiran ang Iyong bayan dito ngayong gabi, ang mga labi ng tagapagsalita, ang mga tainga ng tagapakinig. At nawa'y dumating ang Espiritu Santo at hawakan ang Salita ngayon at dalhin Ito mismo sa bawat puso, at nawa'y matanggap Ito sa espiritu ng kabutihan, at ipagkaloob nawa Ito nang gayon din. At nawa, kapag natapos na ang gawain ngayong gabi, ay uuwi kami, na sinasabi, "Hindi бага't ang mga puso nati'y nag-aalab sa loob natin dahil sa Kanyang Presensya at Kanyang mga pagpapala?" Panginoon, hindi ko po alam kung anong sasabihin, kaya itinatagubilin ko po ang aking sarili sa Iyo sa mga tanong na ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kasagutan. Amen.

¹⁶ Salamat, mga kaibigan, para sa inyong pagpipitagan. Gusto ko lang ipakita sa inyo na marami, karamihan sa mga tanong dito'y may ganito.

Kapatid na Bill, ipagpatuloy mo po sa susunod na sanlinggo.

Manatili ka nang isa pang linggo.

Manatili ka pa nang matagal.

Kapatid na Bill, manatili ka pa hanggang sa susunod na sanlinggo, nang kaunti, ang mga kaluluwa nami'y nagugutom para sa ganitong uri ng Pagkain.

Itinuturo ba ng iglesyang ito na dapat kang... Napasama lang yata ito roon. Mali po ng napaglagyan.

May dalawa po akong anak na lalaki, edad dalawa... Ito rin, napahalo ko, sa palagay ko, dito. Ngayon, dito, siguro'y ililipat ko na lang din, dito, dahil tungkol po 'yan sa mga personal na usapin.

Kapatid na Bill, gusto mo po bang—gusto mo po bang magpatuloy nang isa pang linggo? Gusto po namin ng isa pang linggo ng pagtuturong ito sa Ebanghelyo.

Ang kahilingan ko po ay manatili ka pa nang sanglinggo. Ikatutuwa po namin nang lubos na makapanatili ka pa nang kaunti, alam mo na kami sa tuwina... mas marami pa kaming matututunan.

Ngayon, maaari ka bang manatili pa nang sanlinggo, maaari po ba?

Kapatid na Bill, maaari ka bang mangaral nang isa pang linggo para sa amin. Kailangan namin ito.

Kapatid na Bill, ang panalangin ko ay baguhin ng Diyos ang isip mo at papanatilihin ka pa nang sanlinggo.

Ang tanong ko po ay: Ano ba ang mga flying saucer, at ang mga ito ba'y bagay mula sa Diyos na ipinapadala bilang tanda? At hinihiling ko na manatili ka pa nang sanlinggo.

Sana makapanatili ka pa nang sanlinggo.

¹⁷ (At ito 'yung kahilingan na kayo raw po'y magtungo sa simbahan, para manalangin para sa isang tao, kita mo, dumalaw sa isang ospital.)

¹⁸ Ngayon, heto ang isa pa na nagsabi na ako'y... Natutuwa ako—ako sa hiling na ito. At ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang Siyang Hukom ko, na nakatayo rito ngayon sa sagradong dako na ito... bago ako umalis ng bahay, sinabi sa akin ng Espiritu ng Panginoon, sinabi mismo na ang tanong na ito'y ilalapag dito ngayong gabi. Wala akong nalalaman tungkol dito, pero alam ko na ilalapag ito rito:

Ang Jehovah Witness ba'y huwad na sekta?

¹⁹ Kita n'yo, may... At ang Espiritu Santo, sa lugar na 'yun sa... nakatayo sa paliguan ko, bago ako sumadya rito; ang Diyos, na Siyang tapat kong Hukom, ang nagsabi sa akin, "Na ilalapag 'yun sa entablado," at ang sabi'y ako raw ay "huwag magsabi ng anuman tungkol dito; magpatuloy lang." Kita n'yo? Kaya ako... Alam n'yo ang sinabi ko kagabi, hindi ba? Buweno, 'yun nga ito.

²⁰ Sige, ngayon sisimulan natin ang ilan sa mga ito.

²¹ Ayaw ko lang pumuna nang hayagan tungkol sa kung anong partikular na bagay, at magsabi ng kung ano sa kung sinong tao o kung sinong indibiduwal gaya n'yan. Gusto ko lang ituro ito sa paraan na sadyang... pangkalahatan mismo. At—at nauunawaan n'yo naman siguro, hindi ba? Kung tatayo ako rito at sasabihin, “Ngayon, si Kapatid na Neville ay *ganito-at-ganoon* at *ganito't-ganyan* ito”... Kung may sasabihin ako na patungkol sa kanya, sasadyain ko siya sa bahay niya at tatawagin ko ang pansin niya at makikipag-usap sa kanya tungkol dito. Kita n'yo, kay Kapatid na Neville ko—ko mismo sasabihin.

²² Pero ngayon, heto ang ilang tanong. Ngayon, hindi ko alam kung saan magsisimula, patong-patong lang ang mga ito rito. Sabi rito:

25. Anong koneksyon ang pinatutungkulan mo ukol sa iglesyang Protestante na mayroon sila sa iglesyang Katoliko?

26. Ang “larawan ng hayop” ang pong ibig sabihin nito?

²³ Ngayon, isa po 'yan sa mga tanong mula sa... marahil sa mga tao na... Ngayon, sisikapin ko ang buong makakaya ko, sa tulong ng Diyos, na sagutin ang mga ito sa abot ng nalalaman ko. Ngayon kung bibigyan Niya ako ng kaalaman, dahil alam ng Diyos na kakukuha ko—kakukuha ko lamang ng mga ito, dito sa entablado.

Ngayon, anong koneksyon ang pinatutungkulan mo ukol sa iglesyang Protestante na mayroon sila sa iglesyang Katoliko?

²⁴ Ngayon, sasagutin ko muna ang isang 'yun, sa tulong ng Diyos. Nabanggit ko na ang iglesyang Katoliko ang... Nalaman natin na ang tanda ng hayop, noong isang gabi bago itong huli, ay kinailangan na manggaling sa Roma. Tama ba? Hindi ito maaaring manggaling sa ibang bansa kundi sa Roma. Doon ito nakaluklok, doon ito nakapuwesto. At nabanggit ko na wala akong anumang laban sa mga Katoliko, wala akong anumang laban sa sinuman. Lahat tayo'y mga mortal na nagsisikap na makarating ng Langit.

²⁵ Ang papa ay isang tao na nagtuturo, ang arsobispo ng Canterbury ay isa rin, at isa rin, at isa rin, at isa rin; at isa lang din ako sa mga tagapagturo, ganoon lang. Magtuturo sila't sasabihin, marahil, na isa raw akong panatiko at mali ako, at kung ano pa. At mayroon akong karapatan... kung mapapatunayan ko sa pamamagitan ng Kasulatan. O kung mapapatunayan nila sa pamamagitan ng Kasulatan na ako'y isang panatiko, kung ganoon ay isa akong panatiko. Pero kung mapapatunayan ko sa pamamagitan ng Kasulatan na mali sila sa kanilang patakaran, ibig sabihin mali sila; tama kasi ang Kasulatan. At wala kayong mapagsasanggunian na ibang dako mismo, kinakailangan na buong-buong galing sa Biblia, lahat ng dako.

²⁶ Ngayon, nabanggit ko, “Ang iglesyang Katoliko ang inang iglesya,” at ganoon mismo ito. Ang iglesyang Katoliko ang inang iglesya, pagdating sa mga organisasyong simbahan. Ang iglesyang Katoliko ang unang iglesyang binuo, noong mga . . . higit-kumulang sa kasaysayan, mga bandang A.D. 606, parang mga ganoon noong ang mga sinaunang mga magulang, na ikalawa o ikatlong henerasyon, ng mga apostol. Isa-isa silang namatay at nagsimulang lumaganap ang mumunting mga ismo. At ang mga Romano, sila’y naakay, ang Imperyong Romano ang mataas na namumuno sa estado, at pagkatapos ang iglesya’t ang estado’y nagkaisa’t naglakip at nagpasimula ng isang relihiyon na tinatawag na “ang unibersal na relihiyon.” Haya’t ang ibig sabihin ng salitang *Katoliko* ay “unibersal.” Inorganisa nila ang iglesya, na siyang kauna-unahang pagkakataon na ang relihiyon, ang Cristianong relihiyon, ay naorganisa sa buong kasaysayan ng mundo.

²⁷ Ang relihiyong Judio ay di kailanman naging organisasyon. Malayang bayan sila. May mga simbahan sila, pero wala silang organisasyon. Mangyari mismo, na nakipag-ugnay ang Diyos sa isang bansa, hindi sa isang organisasyon. Isa silang bansa.

²⁸ At ngayon. At, heto mismo, na ang iglesyang Katoliko ang kauna-unahang organisasyon. Pagkatapos kinuha natin ’yun sa Biblia para alamin kung anong organisasyon ’yun. At ayon sa Salita ng Diyos, mapag-aalaman na kinukontrol ito ng isang tao mismo, isang lalaki. At ang lalaking ’yun ay sinasabing nasa isang iglesya nasa ibabaw ng pitong burol sa Roma, ayon sa Biblia. Walang . . . At ipinagpapalagay na may kapangyarihan siya na mamuno sa bawat bansa sa mundo, kapangyarihan ng pamumunong pang-relihiyon. Wala nang iba na gaya nun sa mundo.

²⁹ At—at ang Komunismo, nasumpungan natin, na hindi—hindi ’yun ang anti-cristo na tinutukoy ni Jesus. Ang komunismo ay—ay hindi isang bansa, gaya ng Rusya. Ang komunismo ay isang espiritu. Ang Amerika’y ganap na dinodomina nito. Nakapasok na sa mga kaiglesyahan, sa mga tao, nasa negosyo, lahat na ng dako mismo. Ang Komunismo, ang espiritu nito, ito’y nasa mga paaralan, nasa mga tahanan, sa lahat ng dako.

³⁰ At pagkatapos—pagkatapos noong organisahin nila ang iglesyang ito na salungat . . . At ngayon tinalakay natin ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya, at propesiya, eksakto sa paraan na dinala sila ng Diyos sa pamamagitan ng Biblia rito sa atin. At nalaman natin sa pamamagitan ng kasaysayan at ng Biblia, na bawat kapanahunan ay dumarating sa ayon sa Biblia, batay sa kasaysayan; bawat isa’y dumarating sa iniatang na panahon, tugaygay sa madidilim na kapanahunan. At pagkatapos ang iglesyang Katoliko’y nabuo noong Madilim na Kapanahunan.

³¹ Pagkatapos dumating ang repormasyon, na si Martin Luther.

At si Martin Luther ay may dalang liwanag, ang liwanag na “Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya; pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya,” sa—sa panahon ng repormasyon. Isang paring Aleman na naglantad sa kamalian at nagsabi na ang ostiyang pangkomunyon na itinataas ng pari. . . Haya’t pinasasabi kasi sa kanila na sabihin “ito *ang* katawan ni Cristo,” at mangyaring ikinalat niya ‘yun sa sahig at nagsabi, “*Hindi* ito ang katawan ni Cristo; isa itong wafer!” At kaya tinalikuran niya ang iglesyang Katoliko, na sa ginawa niyang ‘yun, haya’t lumabas ang sinaunang repormasyon. Ginawa ‘yun ni Martin Luther, at isa ‘yung kamangha-manghang kilusan.

³² Ngayon, ang pagkakamali, kung saan nakagawa ng pagkakamali si Luther, nag-organisa si Luther ng ibang grupo gaya ng ginawa ng iglesyang Katoliko, inorganisa ang mga tao.

³³ Pagkatapos, direktang, may bagong liwanag na dumating. At noong dumating ang bagong liwanag, lumabas ang Diyos kasama ang Kanyang bayan. Yung mga taong naorganisa sa iglesyang Lutheran, kinailangan nilang manatili sa kanilang iglesya para makasama sa. . . Ganoon na ganoon ang mga Katoliko, pero marami sa mga Katoliko ang lumabas at naging mga Lutheran. Buweno, pagkatapos nga noong dumating si Wesley dala ang mensahe ng pagpapaging banal, haya’t marami sa mga Lutheran ang di maiwan ang kanilang iglesya; pero marami sa kanila ang lumabas, at bumuo sa iglesyang Wesley.

³⁴ Pagkatapos matapos ang pag-aaring ganap at pagpapaging banal, dumating ang Pentecostal. At pagkatapos sa Pentecostal, marami ang lumabas mula sa Methodist, at iba pa, at naging Pentecostal dahil ito’y isang mas dakilang liwanag. Ngayon ang Pentecostal ay naorganisa mismo gaya ng bawat isa sa kanila!

³⁵ Ngayon, sinasabi ng Biblia na. . . Mga tahasang salita po ito, pero babasahin ko ang mga ito mula sa Biblia. At makinig kayo sa inyong doktor, o kung sino mismo, na sabihin ito, at ako’y kapatid n’yo na nagtuturo mula sa Kasulatan. Tinawag ng Biblia ang iglesyang Katoliko na “isang patotot, isang patotot, p-a-t-o-t-o-t.” At tinawag Niya ang mga iglesyang Protestante na sumunod dito, na mga nanay. . . o sila’y “mga patotot ng nanay na ito.” At ang koneksyon nga nun, ay inorganisa ng iglesyang Katoliko ang bagay na ‘yun at ibinunsod ang lahat ng mga tao na maniwala sa liwanag na mayroon sila noon, o kung anong taglay nila noon. Ganoon din ang ginawa ng mga Lutheran. At sinabi ng Biblia na siya’y isang dakilang babae ng ganoong tipo.

³⁶ Ngayon ano ang tipo nung babae na ‘yun? Isa ngang babae na namumuhay at gumagawa ng pangangalunya. At ang mga kaiglesyahan ay gumagawa ng espirituwal na pakikiapid sa—sa mga tao. Kita n’yo? Sila’y—sila’y. . . Heto ang Biblia na itinuturo

Yun, at umimbento sila ng buntong mga kredo at iba pa na walang kinalaman sa Biblia. At, nasa, halos dalawampu't *ilang* taon na akong tumatayo rito at hinihiling sa sinumang ministro, na kahit anong oras, sila'y lumapit at kunin. . . hindi ang sariling aklat n'yo, kredo n'yo, kundi ang mismong Biblia ang kunin, sa Liwanag ng Biblia, at patunayan na mali Ito. Kita n'yo? Ganoon nga.

³⁷ At tungkol sa mga pagsasalungatan, sinasabi nila, "Mga pagsasalungatan!" Nag-alok pa nga ako nang aabot sa dalawang-buwan na suweldo kung may sinuman na makapagpapakita sa akin ng isang pagsasalungatan sa Biblia. Wala talaga. Iniisip n'yo na mayroon, pero wala. Kung sinasalungat ng Biblia ang Sarili Nito, wala nga itong mabuting maidudulot, hindi n'yo ito puwedeng sampalatayanan. Bawat Salita'y kinasihan at walang pagsasalungatan sa Biblia.

³⁸ Ngayon ang iglesyang Protestante, sa pagiging organisasyon nito, ay (ayon sa Salita ng Diyos) konektado sa siya ring pamamaraan sa iglesyang Katoliko.

³⁹ Ngayon, wala akong anumang laban sa mga Katoliko. Ilan sa pinakamamahal kong mga kaibigan, na nakaupo rito ngayon, ay lumaki sa pagiging Katoliko. Dito, noong isang gabi bago itong huli, noong magbigay ako ng nakakasakit na mensahe sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ukol sa Protestante at Katoliko, lumapit pa mismo ang Katoliko rito sa may altar at kinamayan ako. Sila'y mga tao rin gaya natin.

⁴⁰ Hindi kayo maaaring makipag-diskusyunan sa mga Katolikong pari, dahil hindi sila naniniwala na ang Bibliang ito ay buong Salita. Sinasabi nila, "Ang iglesya." Sinasabi natin, "Ang Biblia!"

⁴¹ Sinasabi ng Katoliko, "Kaming mga Katoliko'y nagpupunta sa simbahan at sumasamba. Kayo na mga Protestante'y namamalagi sa bahay at nagbabasa ng Biblia."

⁴² Sabi ko, "Oo't, nagpupunta kayo ng simbahan at sumasamba, pero ano?" Yan ang kasunod, kita n'yo.

⁴³ Ngayon, pero sinabi ng Diyos na Siya'y nasa Kanyang Salita. Ito ang Salita ng Diyos at sinasampalatayanan ko Ito. Ako'y mananamba ng Biblia. Yan ang dahilan kung bakit di ako sang-ayon sa Protestantismo at—at sa pamamaraan ng—ng pag-oorganisa ng iglesya, dahil nagtuturo sila ng mga bagay na hindi Salita ng Diyos. Kaya hindi ko mapigilan na di sumang-ayon. Hindi lalayo ang loob ko sa kanila; hindi, po, sila'y mga kapatid ko. At hindi lalayo ang loob ko sa kanila, pero hindi ako sang-ayon sa kanila dahil kailangan kong tanggapin ang sinasabi ng Diyos at ang lahat ng iba pa'y kasinungalingan. Kita n'yo?

⁴⁴ At ngayon 'yan 'yung koneksyon na. . . At ngayon sinabi ng Biblia na ang babaing ito, ang iglesyang Katoliko, na tinatawag mismo, sa Biblia, sa Apocalipsis sa ika-17 kabanata na, "Isang

patotot,” at siya’y, “INA NG MGA PATOTOT.” At makikita natin na sinabi ng Biblia na ang isang *babae’y* kumakatawan sa “isang iglesya.” Kaya kung siya’y may mga anak na babae na mga patotot, hindi maaari na mga anak na lalaki ’yun; kinakailangan na mga anak na babae, kaya kinakailangan mismo na mga kaiglesyahan. At ang Protestantismo ay ipinanganak mula sa Katolisismo.

⁴⁵ At ngayon ang kasunod, na hayop...O, ang kasunod na bagay na sinasabi rito:

Ang “larawan ng hayop” ano pong ibig sabihin nito?

⁴⁶ Haya’t—haya’t magkadugtong na tanong po, at ang tao na nagtanong nito ay may magandang tanong. Kaya ano ngayon, kung...Malinaw na itinaturo ng Biblia na ang iglesyang Katoliko ay ang—ang hayop. Sinabi ng Biblia na ang ibig sabihin ng *hayop* ay isang “kapangyarihan.” Tama ba? Ang isang *hayop*, sinasabi ng Biblia na ang ibig sabihin ng *hayop* ay isang “kapangyarihan.” At ang *hayop* ay ang “Vatican City,” ang “herarkiya ng Katoliko.” Buweno. At, ngayon, ’yun ’yung kapangyarihan ng iglesya na yaong hayop.

⁴⁷ Pagkatapos ang iglesyang Protestante’y lumabas mula sa iglesyang Katoliko, at inorganisa ang kanilang mga sarili, na isang munting kapangyarihan. Yan ang larawan.

⁴⁸ Kung may...Kung may bagay na gagawin mula sa larawan ko, marapat lang na kamukha ko. Kung may bagay na ginawa sa larawan ng iglesyang ito, marapat lang na kamukha ito ng iglesya.

⁴⁹ May bagay na ginawa, isang hayop...ginawa sa larawan ng hayop na ito, at ito ’yung Lutherismo, Methodistismo, Baptistismo, Pentecostalismo, Holinessismo, lahat ng mga *ismo* na ’yan ay binuo para maging isang organisasyon at gumawa ng larawan na katulad ng hayop. Hayan nga ito!

⁵⁰ Ngayon, “Ang sinasabi mo ba kung ganoon, Kapatid na Branham, ang lahat ng mga Katoliko, lahat ng mga Methodist, at lahat ng mga Baptist ay...?” Hindi ganyan ang sinasabi ko.

⁵¹ May libo-libo at libo-libo at makasampung libo na ipinanganak na muling mga Cristiano sa mga iglesyang ’yun. Pero, sa kanilang organisasyon, sinusubukan nila silang dalhin patungo sa isang kredo, at hindi nila ’yun matayuan. Ang isang—isang iglesya, kapag ito’y nag-oorganisa, ito’y napapadpad sa ilalim ng isang kredo.

⁵² At wala akong kredo kundi ang Biblia. *Ito* ang Kredo ng Diyos, at ang Espiritu Santo ang Tagapagpaliwanag Nun, at Kanyang dinadala Ito mula sa isang Liwanag patungo sa isa pa. Ang Ebanghelyo na ipinapangaral ko ngayon, kung mabubuhay ako para makita ang sandaan pang taon, kung magagawa natin,

mas maigting pa ang Liwanag. Sa tuwina mismo, lagi Itong dumarating na ganoon.

⁵³ Noong araw sa karitelang hila ng baka kayo sumasakay, ang inyong lolo-sa-tuhod, sa tuwing magtutungo siya noon para makipagkita kay lola. Si tatay nama'y sa T-Model siya nakasakay para makipagkita kay nanay. Pero ngayon halos sa eroplanong jet tayo sumasakay. Kita n'yo, umuusad tayo; ang siyensiya, umuusad; ang edukasyon ay umuusad; ang Ebanghelyo, umuusad. At sinabi ng Biblia na uusad sila, sabi, "Tatakbo sila nang paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago." Kaya 'yan ang paghahambing. Yan ang dahilan kung bakit may. . .

⁵⁴ Ang mga iglesyang Protestante ang larawan ng hayop, dahil ito'y nagdenomina nang eksakto gaya ng Katolisismo. At hindi kailanman iniutos ng Diyos na ang Kanyang Iglesya'y maorganisa sa anumang kapanahunan, bagkus lagi itong mariin na kinokondena! Ngayon nakukuha n'yo na ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi ang mga tao; ang iglesya!

⁵⁵ Kapag sinusubukan nilang dalhin ang mga tao sa ilalim ng isang—isang liwanag ng. . . Dito, paano kaya kung ang mga tao'y magpupumilit na ibalik kayo at magsimula uling maglakbay-lakbay sa isang karitelang hila ng baka? Hindi kayo papayag; nabubuhay na tayo sa isang mas mainam na kapanahunan. Yun ay para sa panahon na 'yun noon. Kung may magsasabi sa akin, "Oh, ang tanging bagay na kailangan mong gawin ay *ganito, ganoon.*" Nabubuhay na ako sa ibang kapanahunan! Ako. . . Yan ang problema sa mga ministro, lagi silang nakatingin sa likod.

⁵⁶ Dito, sabi ng isang Pranses na siyentista, wala pang tatlong-daang taon ang nakararaan, "Kung ang isang tao'y bubulusok daw sa katakot-takot na bilis na tatlumpung milya kada oras, patatalsikin siya ng grabitasyon mula sa lupa. Tatlumpung milya kada oras!" Buweno, sa palagay n'yo ba babalikan pa ng siyensiya ang panahon na 'yun ngayon? Malabo! Hindi, mismo. Napapabulusok na nila ang tao nang siyam o sampung-daang milya kada oras. Oo, o kung minsan pa nga'y sa isang rocket, at 'yun naman ay labing-anim na daang milya kada oras. At patuloy pa rin siyang umuusad!

⁵⁷ Dinala ng siyensiya ang tao na umusad, nang higit na pag-usad, sa mas dakilang mga bagay gamit ang kanyang pag-iisip kaysa sa anong. . . At 'yun lang ang tanging bagay na mayroon siya, ang punongkahoy ng pagkakilala. Mas malayo pa sa pinagdalhan sa kanya ng mga ministro gamit ang Kanyang Espiritu, na walang limitasyon. Pero heto nga ito. Hindi nakatingin ang siyensiya sa sinabi ng siyensiya mga ilang taon na ang nakalipas; dinadala ng siyensiya ang mayroon sila ngayon at umuusad pasulong para sa ibang bagay.

⁵⁸ Pero kung tatanungin n'yo ang mangangaral; "Buweno, sige't tingnan natin kung anong sinabi ni Moody tungkol Dito, tingnan natin kung anong sinabi ni Wesley tungkol Dito." Hindi ko iniisip anuman ang sabihin nila tungkol Dito. Alam ko kung anong sinabi ng Diyos tungkol Dito *ngayon*. Heto nga Ito, at ako'y nananabik pa sa mas dakila! Yun nga ito. Yun ang dahilan. . .

⁵⁹ Ang sabi ng Biblia, "Tatlong karumal-dumal na espiritu ang lumabas mula sa bibig ng hayop." Alam n'yo ba? Sabi'y "maruruming espiritu," sabi, "gaya ng mga palaka." Napansin n'yo na ba kung ano ang itsura ng palaka? Ang palaka'y laging nakatingin patalikod, hindi siya tumitingin pasulong kahit kailan; nakatingin patalikod, laging patalikod, nakatingin patalikod.

⁶⁰ Pero 'yung apat na nilalang na may apat na iba't ibang ulo, sa Ezekiel, ay nakatingin nang pasulong at hindi sila maaaring bumaling nang patalikod. Sila'y pausad sa tuwina. Saan man sila magpunta, sila'y laging diretso pasulong. Nakita n'yo ang pagkakaiba?

⁶¹ Ngayon, 'yan ang koneksyon na mayroon ang Protestantismo sa Katolisismo.

⁶² Mangyari nga na lagi n'yong pinupuna ang mga Katoliko, pero "hindi matatawag ng palayok ang takure na 'itim.'" Ganoon mismo.

⁶³ Sasabihin ko, "Isa ka bang Cristiano?"

⁶⁴ "Ipapaunawa ko sa iyo na kasapi ako sa iglesyang Baptist." Sige. Wala nga 'yang kinalaman Dito na parang sinasabi n'yo na kasapi kayo rito sa . . . isang bukid sa kung saan.

⁶⁵ "Aba, kasapi ako sa iglesyang Katoliko." Hindi ka pa rin n'yan ibubunsod na maging isang Cristiano. Hindi kayo gagawing Cristiano ng pagsapi sa iglesyang Baptist o iglesyang Methodist.

⁶⁶ May nag-iisang paraan lang para maging isang Cristiano. Ang ibig sabihin ng salitang *Cristiano* ay "katulad ni Cristo." At hindi n'yo 'yun magagawa, hindi n'yo 'yun magagawa sa ganang sarili n'yo, walang paraan kahit ano pang gawin para magawa n'yo 'yun. Kailangan n'yong kalimutan ang sarili n'yo, mamatay sa sarili n'yo, at papasukin n'yo si Cristo at ipamuhay ang Buhay ni Cristo sa inyo.

⁶⁷ "Maliban na ang isang tao. . ." Heto ang sinabi ni Jesus, "Maliban na ang isang tao'y maipanganak ng Espiritu at ng tubig, ay hindi siya makakapasok sa anumang paraan sa Kaharian." Siya man ay Katoliko, Methodist, Baptist, o anuman, kinakailangan n'yong mabautismuhan sa tubig para sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan at tanggapin ang bautismo ng Espiritu Santo, o kung hindi'y mapapahamak kayo.

Sariling Salita 'yan mismo ni Jesus. Kaya ngayon kung kayo'y Methodist, at natanggap na ang bautismo ng Espiritu Santo, nabautismuhan sa tubig, sinabi ni Jesus na papasok ka sa Langit. Kung kayo'y Katoliko at ginawa ang siya ring bagay, papasok kayo sa Langit.

⁶⁸ Pero kung pinanghahawakan n'yo lang 'yang kredong 'yan ng iglesyang Katoliko, o ng Methodist, o ng iglesyang Baptist, mapapahamak pa rin kayo. At 'yan ang dahilan kung bakit may ganito tayong kalagayan sa sanlibutan, na mayroon tayo sa panahon ngayon, dahil ang mga tao'y nakatuon lang sa... Sinasabi nila, "Kontra kasi 'yan sa pananalig ko."

⁶⁹ "Sumasampalataya ka ba sa Makalangit na pagpapagaling?"

⁷⁰ "Kontra po 'yan sa pananalig ko." Kontra nga sa iglesya n'yo; bunsod nga 'yan ng kredo ng iglesya n'yo, kita n'yo, na kailangan n'yong gawin ang sinasabi ng iglesya. At pagkatapos grabe kayo makapuna sa Katoliko; parehong-pareho naman ang ginagawa nila. At hayun mismo ang hayop at 'yung larawan ng hayop! At sinasabi ng Biblia, "Sinuman ang tatanggap dito ay hindi makakapasok sa Kaharian ng Langit, bagkus itatapon sa labas kung saan ang mga aso't mga manggagaway, at iba pa, at pahihirapan ng apoy at asupre, sa presensya ng mga banal na Anghel at ng Cordero, magpakailan-kailanpaman." Lumabas ka riyon, kaibigan! Maging matuwid ka sa Diyos! Siyanga, po.

⁷¹ At ngayon hayaan n'yong matalakay ko na ito. Buweno, para maitabi na natin. Ngayon, may nagtanong sa akin ngayong araw na ito; dalawa o tatlong beses akong natanong tungkol dito.

27. Kapatid na Branham, tungkol sa "tatak ng hayop," naniniwala ba kayo na itatato nila ang isang numero sa ulo mo, o magtatato ng kung anong bagay sa kamay mo? Hindi, po! Huwag 'yan ang tingnan mo.

⁷² Isa 'yung boykot! Tunay nga! "Walang kahit sino ang makabibili o makapagbebenta maliban na siya'y kasapi ng kompederasyon ng mga iglesya." Totoo po 'yan. Ngayon, magiging parang unyon 'yun, ipagiging unyon ang naturang bagay, tutugaygay sa pinaging unyon na relihiyon. Tandaan n'yo ang sinasabi ko, hindi na magtatagal! Makikita n'yo, nasa sulok-sulok na lang.

⁷³ Ang dahilan kung bakit hindi n'yo alam ang mga bagay na ito, ay dahil nandito lang kayo sa bahay sa tuwina. Sundan n'yo ako sa mga bansang 'yun kung saan ang Katolisismo ang may kamay na nangingibabaw, nang isang beses, at tingnan n'yo kung anong nangyayari. Kapatid, minamando nila sa kanilang lahat kung anong gagawin at kung anong hindi.

⁷⁴ At dito sinasabi ng Biblia na ang Estados Unidos, mababasa natin ito sa propesiya, siya'y lumitaw na parang isang *kordero*, "kalayaan ukol sa relihiyon," at direkta nilang pinagkaisa ang mga bagay na 'yun na maglakip, at nagsalita siya na parang

isang dragon at ginagawa ang siya ring kapangyarihan ng dragon na nauna sa kanya. Yan ang U.S.A.! Ganoon nga.

⁷⁵ May ministro na nagsabi sa akin di pa katagalan, isang kaibigan ko, sabi, “Kapatid na Branham, hindi hahayaan ng Diyos na bumagsak ang Estados Unidos, dahil sa batayan ng mga ninuno nito, na itinatag ito sa relihiyon.”

⁷⁶ Sabi ko, “Ibinunsod Niya ang mga Judio; napadpad pa nga sila, at sila’y may mas higit na pagtayo kaysa sa atin.” Ganoon nga mismo. Hindi tinitingnan ng Diyos ang kung anong henerasyon na lumipas; alinman sa lalakad ka sa linya o wala ka mismo sa Kaharian, ganoon lang. Tunay nga! Medyo mahirap nga ’yan, pero mainam ’yan para sa inyo. Ganoon nga. Kasulatan na mismo ’yan. At mayroon tayo, tayo. . .

⁷⁷ Ang problema nga, sa panahon ngayon. . . Alam ito ng ilan sa inyo na mga datihan na. Napakarami nating maka-Hollywood na pagi-ebanghelyo. Ganoon nga. Nag-uumapaw nga ’yun ng talamak na katiwalian at kung anu-anong pinaggagagawa, labis-labis ang pagka-glamoroso at lahat na na gaya nun, at paghahambog na animo’y nagpapatunog ng tambuli, at kung ano pa; at, “Sino ang tatayo at tatanggapin si Cristo bilang personal nilang Tagapagligtas? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid, pupunta ka na sa Langit ngayon.” Kasinungalingan ’yan! Kasinungalingan ’yan!

⁷⁸ “Maliban na ang isang tao’y maipanganak na muli!” At kung siya’y ipinanganak na muli, ang siya ring Pagpapala na dumating sa kanya roon ay darating sa isang ito rito. At natalakay na natin ’yan, nang paulit-ulit, at tinugaygay sa mga Kasulatan nitong nakaraang sanlinggo. At nalaman natin na sa mga taga-Silangan, noong bumaba ang Espiritu Santo sa mga Judio, na mga silanganin, na mga taga-Silangan, haya’t ang Espiritu Santo’y bumaba na may kalakip na dakilang mga tanda’t mga pagpapamalas. Sinabi ng Biblia na magkakaroon ng halos isang—isang panahon kung saan hindi mismo masasabi, kung parang madilim ba o araw. Para mismong maulap na araw, tuluy-tuloy hanggang sa dulong bahagi ng gabi. At pagkatapos ang araw ay magpapakita nang ilang minuto sa dulo, ng gabi. “Magliliwanag sa gabi.” Tama ba? Buveno, hayun nga roon ang mga taga-Kanluran, ang mga Gentil, na tinatanggap ang siya ring Espiritu Santo na tinanggap ng mga Judio noon, sa pamamagitan ng siya ring mga tanda’t mga pagpapamalas. Ganoon mismo.

⁷⁹ At, hayun nga, ang mga tao, babansagan kayo ng sanlibutan na isang “panatiko, may sira sa ulo.” Ang Biblia, sinabi ni Jesus na ganoon ang gagawin nila. Kakaibang mga tao kayo, at kayo’y kakaiba dahil Ito’y ibang-iba mismo.

⁸⁰ Napansin ko ’yun sa sarili kong mga kapitbahay sa bahay, ang mga tao roon. Sila, maging ang maliliit kong mga anak;

sinisikap namin na panatilihin silang malinis at mamuhay nang disente, pero makikita n'yo ang mga kapitbahay na may epekto sa mga bata. Kita n'yo? Nakakapagbunsod sila ng epekto.

⁸¹ At di 'yun lingid sa akin, may paraan ako ng pagkaalam ng mga bagay-bagay (at di 'yan lingid sa inyo, nakita n'yo mismo sa pagtitipon), alam ko na ang mga pastor sa siyudad ay nagsasabi, "Buweno, ngayon, mabuting ginoo si Billy, wala tayong anumang masasabi na laban sa kanya. Pero, kita n'yo, medyo kakaibang uri sila kaysa sa kung ano tayo." Salamat sa Diyos! Siyanga. Salamat sa Diyos! Yan ang Tanda. Yan ang Tanda na ipinangusap natin.

⁸² Tingnan n'yo, kagabi, noong inihula ng Espiritu Santo, siyamnaraang taon bago tanggapin ng mga Judio ang Espiritu Santo, at sinabi sa kanila kung ano ito. "Ang tintero, ang lalaking may tintero ng manunulat ay dumaan sa gitna ng Jerusalem at naglagay ng tanda sa kanilang noo." Tama ba? Ipinangusap na Ito bago hinatulan ang naturang iglesya ng Diyos. At kinubkob ni Tito ang mga pader ng Jerusalem, noong A.D. 96, at sinunog ang siyudad. At wala ni isang bato ang nakapatong sa isa pa, ayon sa propesiya. At, ngayon, ang tanging natira sa kanila sa templo ay 'yung lumang pader na naiwang nakatiwangwang dun kung saan nakabunton doon ang mga bato, at sa kakapunas ay nangintab 'yung dako kung saan ang mga Judio'y umiiyak at humahagulhol doon sa Pader ng Paghagulhol, ang tanging natira dun sa templo. At 'yung Moslem ng Omar ay nakatayo sa parehong lugar.

⁸³ At sinabi ni Jesus, "Gaya ng sinalita sa pamamagitan ng propeta Daniel; kapag nakita n'yo ang kasuklam-suklam na paninira na nakatayo sa Banal na dako," pagkatapos Kanyang sinalunguhitan, sa panaklong, "(unawain ng bumabasa.)" Kita n'yo? Ganoon nga. Hayun nga ito. At sinabi Niya kung ilang araw... panahon ang lilipas hanggang sa ang mga Gentil ay... puputulin ang dispensasyon; yuyurakan ang mga pader, pagkatapos babalik ang Diyos sa mga Judio. At nandito na tayo sa panahon na ito! Heto ang mga Judio na bumabalik na, na libo-libo ang bilang, nitong nakaraan na huling ilang taon. At nalaman n'yo gaya ng kung paano natin 'yun tinalakay kagabi, kung papaanong ang Kasulatan ay ganap ngang... para ka mismong nagbabasa ng pahayagan, at mas luminaw pa dahil nakuha n'yo ang pakahulugan mula Rito nung mga oras na 'yun.

⁸⁴ Pero, gayunman, 'yung Tanda na inilagay sa kanilang ulo ay hindi itinato. Tama ba? Ano Yun? Ang bautismo ng Espiritu Santo. At ano ang magiging Tanda para sa huling araw na ito? Ang sabi ng Biblia, "Ang Tatak ng Diyos ay ang bautismo ng Espiritu Santo, para sa mga tao sa huling araw." Ngayon walang... Mga Taga-Efeso 4:30, "Dahil dito'y huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong pagkatubos." Sinasabi ng Biblia.

At sinasabi ng Mga Taga-Efeso 1:13 ang ganoon din, sa marami pang dako, na “Ang Espiritu Santo ang Tatak ng Diyos.”

⁸⁵ Ano ang isang tatak? Ang isang tatak ay hindi mailalagay sa anumang bagay hanggang sa makumpleto ito. Ang mga Lutheran ay hindi tinatakan, ang araw ng dispensasyon ng biyaya’y hindi pa nakumpleto; nangaral sila ng pag-aaring ganap. Ang mga Methodist ay hindi tinatakan. Dadako ako sa isang tanong dito; dadako tayo riyang maya-maya—maya-maya. Hindi natatakan, dahil hindi pa nakumpleto. Pero ang bautismo ng Espiritu Santo ang kakumpletuhan ng mga gawa ng Diyos!

⁸⁶ Sabi Niya “May tatlo na nagpapatotoo sa Langit: ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, at ang tatlong ito’y Isa.” Hindi n’yong maaaring taglayin ang Ama nang wala ang Anak, ang Anak nang wala ang Espiritu Santo, ang mga ito’y Iisa.

⁸⁷ Sabi Niya, “May tatlo na nagpapatotoo sa lupa: ang tubig, ang Dugo, ang Espiritu, at hindi sila iisa kundi nagkakaisa,” hayang nga, “sa isang ganap na pagtatatak.” Pag-aaring ganap sa ilalim ni Luther, tubig; pagpapaging banal sa pamamagitan ng Dugo.

⁸⁸ Ang pag-aaring ganap ay Mga Taga-Roma 5:1, “Yamang inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya ay mayroon tayong kapayapaan sa...Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo.” Pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya!

⁸⁹ Pagpapaging banal sa pamamagitan ng Dugo, Mga Hebreo 13:12 at 13, “Si Jesus ay nagbata sa labas ng pintuang-bayan upang Kanyang banalin ang mga tao sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Dugo.”

⁹⁰ Lucas 24:49, “Narito, ipadadala Ko ang pangako ng Aking Ama sa inyo, datapwat magsipanatili kayo sa bayan ng Jerusalem hanggang sa kayo’y mapuspos ng Kapangyarihan mula sa Itaas.” Mga Gawa 1:8, “Pagkatapos nito ang Espiritu Santo’y dadako sa inyo, kung ganoon kayo’y magiging mga saksi Ko sa Jerusalem, Judea, Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa.” Ang bautismo ng Espiritu Santo’y tatagal hanggang sa pagbabalik muli ni Jesus! “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, gayunma’y makikita ninyo Ako sapagkat Ako’y sasama sa inyo, sasainyo, hanggang sa katapusan ng mundo; na ginagawa ang—ang mga bagay na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo.” Sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu na kumikilos sa pamamagitan ng Iglesia! Sabi Niya, “Kayo’y lilibakin.” Sabi, “Binansagan nila Ako, na Panginoon ng sambahayan, na ‘*Beelzebub*,’ ang pinakamataas sa mga manghuhula,” sabi, “gaano pa kaya ang ibabansag nila sa kanila sa Kanyang sambahayan ngayon?” Sabi, “Mapalad kayo kapag ang tao’y magsasabi ng lahat ng uri ng mga bagay tungkol sa inyo,

magalak kayo at mangagsayang lubos, dahil dakila ang inyong gantimpala sa Langit; sapagkat gayundin nila inusig ang mga propetang nangauna sa inyo.”

⁹¹ Yan ang Kasulatan, kita n’yo. Hayan nga Ito. Kaya, kita n’yo, kinakailangan n’yo mismong makamit Ito, kaibigan. Ngayon kinakailangan mong pumili; isa kang indibiduwal na may malayang pagpili.

⁹² Pero hayan nga ang koneksyon sa pagitan ng iglesyang Protestante at iglesyang Katoliko. Kapwa sila, ayon sa Biblia . . . na iglesya lamang ang pinanghahawakan; hindi kay Jesus, mismo, kundi sa iglesya. Ang mga tao sa loob ng iglesya na nanghahawakan kay Jesus Cristo at nananalangin sa Diyos na buksan ang daan at ibunsod sila na . . . mapagkalooban sila ng Liwanag, haya’t ang tao na ’yun ay ligtas, di ko alintana kung sa anong iglesya man siya. Ganoon nga. Pero kung siya’y nanghahawakan lamang sa kanyang denominasyon, ang tinanggap niya’y ang tanda ng apostasiya, na pumalit sa lugar ng bautismo ng Espiritu Santo. Salungat! At ang Katoliko at Protestante, pareho lang sila, sabi mismo ng Biblia, “Siya’y isang patotot; sila’y mga patotot, ang mga anak niyang babae.” Maliwanag na po ba ’yan ngayon? Buweno.

28. Ang ibig po bang sabihin ang Espiritu Santo... Ipinagkakaloob pa rin ba ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay? Ginawa ito noon ng mga alagad, nina Pedro, Pablo, at iba pa, at posible pa rin ba ito? Tinanggap Ito ni Pablo sa paraang ito.

⁹³ Oo, minamahal na kapatid na lalaki, kapatid na babae, sinuman ang sumulat nitong—nitong papel. Ang Espiritu Santo’y ganap na tatanggapin sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay.

⁹⁴ Ngayon, maraming tao ang tumatawag sa akin . . . hayan nga na ang marka sa aki’y isa raw akong Pentecostal, sinasabi na ako’y Pentecostal. Hindi ako kailanman kasapi sa isang organisasyong Pentecostal. Ako’y ganap na malaya mula sa lahat ng mga organisasyon, at sa tulong ng Diyos ay nilalayon kong manatili na ganoon, kaya naman nakakatayo ako sa pagitan at nakakapagsabi, “Tayo’y magkakapatid! Halikayo rito, tayo’y magkatuwiran.”

⁹⁵ Noong unang magpasimula ako noon, sa biyaya ng Diyos . . . At kayo na mga narito, at ang mga kalihim ko at sila rian na nakaupo’t nakakaalam, ako’y may kaugnayan sa sampung milyong katao, o higit pa, sa mundo ngayon. Grabeng organisasyon ’yan na mapapasimulan! Kita n’yo? Ganoon nga. Pero ayaw ko ng organisasyon, laban ito sa Biblia. Sinisikap ko sa abot ng makakaya ko na mailigtas ang mga tao na nasa loob ng organisasyon. Yun po. At mainam na impluwensya ang ibinigay ng Panginoon sa akin sa mga tao, tunay na gagamitin

ko ito para sa Kanyang kaluwalhatian sa halip na ilagay ito sa kung anong organisasyon. Ilalagay ko ito kay Jesus Cristo kung saan ito nararapat. Walang organisasyon ang makapagligligtas sa inyo; kinakailangan ang Dugo ni Jesus Cristo.

Pero ngayon, sa pagpapatong ng mga kamay, ngayon, magiging iba po ako sa . . .

⁹⁶ Ngayon, kayo na mga minamahal na Pentecostal, ngayon huwag nawang lumayo ang loob n'yo sa akin. Pero ngayon sa pagsapit n'yo sa isang dako na sasabihin, "Magsisipanatili kami para sa Espiritu Santo," grabeng salita 'yan na ginamit sa Pentecostes!

⁹⁷ At sasabihin ko po ito nang . . . hindi ko sana masaktan ang damdamin n'yo. Ang pinakamalaking suporta na natatanggap ko sa larangan ay ang mga Pentecostal, dahil naniniwala sila sa mensahe ng Makalangit na pagpapagaling at sa kapangyarihan ng Diyos. Ang iba'y tumatanggi Rito na animo'y nagtataas ng ilong.

⁹⁸ Anupa't mga indibiduwal lamang mula sa iglesya, na itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan, sila ang magsisilapit. Ganoon nga. Pero sila na mga hindi, ay di makalalapit; at 'yun mismo ang sinabi ng Diyos, sabi, "Sila'y itinalaga na sa kahatulan." Hindi Niya ibig na sinuman ay mapahamak, bagkus, bilang Diyos, nakita na Niya na kokondenahin nila Ito. Kaya 'yun—'yun lang, pauna na Niyang nakita ito. At ganoon ang paunang kaalaman ng Diyos, ang makita na ang mga bagay na 'yun. At inihula Niya ang Iglesya kung saan ito tatayo sa mismong araw na ito. At alam na ito ng Diyos mula sa pasimula. Bago pa itatag ang sanlibutan, alam na Niya na ang iglesya'y magiging ganoon kung anong kalagayan nito ngayon. Alam na Niya bago pa man maitatag ang sanlibutan na ako'y tatayo sa pulpitong ito ngayong gabi. Siya'y Diyos; alam na Niya ang wakas mula sa pasimula.

⁹⁹ Ngayon, ngayon, itinuturo ng mga Pentecostal . . . Ngayon, marami marahil ang babaling sa akin sa bagay na Ito, pero kailangan kong magpakatotoo kung kinakailangan kong dumulog sa Salita. Wala pong ganoong bagay na "pananatili na pagtitipon." Mali po kayo. Hindi ibig sabihin ng pananatili ay "manalangin." Ang ibig sabihin ng *pananatili* ay "maghintay." Pagkatapos ng pag-akyat, matapos na si Jesus Cristo . . . ang pagpapapako sa krus, ang paglilinis ng santuwaryo. At pagkatapos ng Araw ng Pagtutubos, ang pagkabuhay na mag-uli . . . Noong Araw ng Pagtutubos, noong Siya'y patayin, at pagkatapos ay apatnapung araw hanggang sa pag-akyat, at pagkatapos ang Pentecostes. Ang ibig sabihin ng salitang *pentecostes* ay "limampu," ang ibig sabihin nun ay limampung araw pagkatapos ng pag-aalay nung Pantubos.

¹⁰⁰ At pagkatapos na maialay 'yung Pantubos, ang lahat ay kinakailangan na lumabas nang ganap, letra por letra, sa heograpiya, lahat mismo gaya ng pagkakasabi ng Diyos. At ang Pentecostes, panahon 'yun ng jubileo, noong dalhin nila ang unang mga bunga ng pag-aani at sila'y nagkaroon ng jubileo.

¹⁰¹ Ngayon, ang unang mga bunga ng—ng Iglesia, ang Espiritu Santong Iglesia, ang Iglesia na tatagal nang dalawang libong taon hanggang sa dumating si Jesus, ang unang bunga ay dumating sa Pentecostes. Sampung araw 'yun bago ang oras ng Pentecostes; apatnapung araw 'yun matapos ang paglilinis, pagkatapos na patayin ang alay, hanggang sa pag-akyat sa Langit ni Jesus Cristo. Sabi Niya, "Pumunta kayo sa Jerusalem at maghintay hanggang sa masangkapan kayo ng Kapangyarihan mula sa Itaas." Mga Gawa 1...

¹⁰² Mga Gawa 2, "At noong dumating ang Araw ng Pentecostes, sila'y nagkatipon, sa isang dako. At biglang dumating mula sa Langit ang isang ugong na gaya ng isang humahagibis na malakas na hangin, na pinuno ang buong bahay kung saan sila nakaupo. At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nagsimulang magsalita sa iba't ibang wika, gaya ng ipinagkaloob ng Espiritu na kanilang salitain."

¹⁰³ At pagkatapos ang daigdig ng relihiyon, sa labas, ang naglalakihang mga simbahan na orthodox, lumapit sila't nakita ang mga taong ito na pasuray-suray at umaakto na parang mga lasing. At lumapit sila't pinagtawanan sila at nilibak sila, sabi, "Tingnan n'yo itong grupo ng mga taga-Galilea! Lasing silang lahat!" Nakikita n'yo ba ang maling pagkaunawa?

¹⁰⁴ At sa kaibigan kong Katoliko, kasama nila ang pinagpalang birheng Maria. At kung hindi siya pahihintulutan ng Diyos na makapunta sa Langit nang hindi tinatanggap ang Espiritu Santo at maging ganoon, sa palagay n'yo ba makararating kayo roon na mas mababa ang kamit, kapatid na babae? Hindi. Kaya bumaba tayo mula sa kabayo natin ng pagmamataas, bumaba tayo.

¹⁰⁵ Huwag n'yong pansinin kung anong sinasabi-sabi ng sanlibutan. Tingnan n'yo kung anong sinasabi ng Diyos! Ito ang Salita ng Diyos. Kailangan nating itayo ito batay sa plano na *ito*, dahil sinabi Niya kay Pedro, "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia at ang mga pintuan ng impyerno'y hindi makapapanaig laban Dito." Lahat ng iba pang bagay ay magaganap. Ipinapakita ryan mismo na ang mga pintuan ng impyerno'y laban Dito, pero hindi ito mananaig. At iniisip ng mga tao na makakayanan nilang pahintuin Ito? Mas mabilis n'yo pang mapapahinto ang araw. Ganoon nga. Hindi n'yo Ito mapipigilan. Itinalaga na Ito ng Diyos na magpatuloy.

¹⁰⁶ Dito noong una akong mapagbagong-loob, maging ang *aba* kong nanay roon ay iniisip na nababaliw na ako. Sabi ng nanay ng maybahay ko, "Dapat siyang ipadala sa institusyon para sa

mga baliw.” Sabi ng mga mangangaral sa siyudad, “Mauupos din siya kalaunan.” Aba’y matagal-tagal na akong nag-aalab. Isa itong espirituwal na pag-aalab, mas umiinan sa tuwina. Bakit? Hindi kasi ito maaaring maupos, Ito’y Diyos! Sa halip na maupos, Ito’y mas lalong lumaganap sa buong mundo ngayon.

¹⁰⁷ Ganoon na ganoon din ang sinabi Niya noong magbautismo ako rito sa Ilog ng Ohio, marami sa inyo ang nakatayo roon, dalawampu’t tatlong taon na ang nakararaan, doon mismo sa Ilog Ohio. Yung Liwanag na ’yun, ang Anghel, ay bumaba mismo sa kinaroroonan natin, at nagsabi, “Kung papaanong isinugo si Juan Bautista bilang tagapagpauna sa unang Pagparito ni Jesus Cristo, dadalhin ng Mensahe mo ang ikalawang Pagparito ni Jesus Cristo.” At ’yun mismo ang ginawa. Ito’y... Hindi pa Siya dumarating, pero tingnan n’yo kung anong ginawa nito, lumaganap ito sa buong mundo, sa buong palibot. Kita n’yo? At ngayon nga, isipin n’yo, at—at ang pagsusumikap na lumaganap, literal na nasa milyun-milyon.

¹⁰⁸ Maging ang *Sunday Visitor* ng Katoliko’y ibinabalita ito, kung papaanong milyun-milyon ang dumating sa buong palibot, dahil lamang sa pagsusumikap.

¹⁰⁹ Ang iba’y nakapakinig din, sinasabi nila, “Yan ang Katotohanan! Handa akong isuko ang lahat-lahat ngayon, itong mga bagay ng sanlibutan, at humayo’t ipangaral ang tunay na Ebanghelyo.”

¹¹⁰ At ’yan ang dahilan kung bakit binabansagan nila tayong “full Gospel,” nililibak nila ang full Gospel. Pero, kapatid, ayaw ko nga ng kalahati ng anuman, ako... kinakailangan mismo’y buo, para sa akin. Kung ang bahagi Nito’y mabuti, haya’t ang iba pa Nito’y mabuti mismo. Ang buong Ebanghelyo!

¹¹¹ Ngayon, pansinin n’yo, bumalik ang Espiritu Santo roon. Naghintay ang mga Pentecostal, “At biglang dumating ang isang ugong mula sa Langit na gaya ng isang humahagibis na malakas na hangin, na pinuno ang bahay kung saan sila nakaupo.”

¹¹² Wala ni isang beses na kailangan nilang maghintay pagkatapos nun. Habang sinasalita ni Pedro ang mga Salitang ito sa mga Gentil, ang Espiritu Santo’y bumaba sa kanila, bago pa man sila nabautismuhan. Tama ba? Hayan nga, Mga Gawa 10:49...

Subalit samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa... kanila na nangakikinig ng salita.

At silang sa pagtutuli...lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro ay nangamangha, sapagka’t...sa mga Gentil...ay ibinuho din naman ang kaloob na Espiritu Santo.

Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios. Nang magkagayo'y sumagot si Pedro,

Mangyayari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, yamang nakikita na ang mga ito'y dapat. . . itong mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin sa pasimula?

At siya'y nanatili at nagbau- . . . inutusan niya sila na magsipagbautismo sa pangalan ni Jesus Cristo! . . .

¹¹³ Tama; walang paghihintay, walang pananatili. Ang apostolikong paraan, walang itinakdang kondi-kondisyon ang Diyos; kapag gutom ang puso, ibibigay Niya sa inyo ang kinagugutuman n'yo. Kung asam n'yo ng Espiritu Santo, maaari Itong bumaba sa inyo ngayon mismo.

¹¹⁴ Si Pedro, noong humayo siya para mangaral, nakay Pedro ang mga susi ng Kaharian. May tanong sa akin tungkol diyan na kailangan dakuan maya-maya. Nasa kanya ang mga susi ng Kaharian. Binuksan niya Ito sa bahay ni Cornelio. Binuksan niya Ito, sa mga taga-Samaria, binuksan niya Ito sa dako rito; pero alalahanin n'yo na si Felipe'y nagtungo na roon at nangaral sa kanila't binautismuhan sila sa Pangalan ni Jesus Cristo, at si Pedro'y pumaroon at pinatungan sila ng mga kamay. At, ngayon, may ginawa siyang mahalagang bagay, kaya tuloy 'yung salamangkero dun. . . Naroon nga sa kanila si Simon na manggagaway, sabi, "Bibigyan ko kayo ng pera, para ibigay sa akin ang Kaloob na 'yan, na sinuman ang patungan ko ng mga kamay ko ay tatanggap ng Espiritu Santo." Tama ba? May bagay na nangyari! (Hindi sa kung sinong mga arsobispo rito na 'yung mga kulyar nila'y nakabaligtad, na magpupunta roon at magpapatong ng mga kamay sa kanila, magsasabi, "Ibinibigay ko sa iyo ang apostolikong pagpapala.") May bagay na nangyari noong ipatong ni Pedro ang kanyang mga kamay sa kanila; at hindi pa sila nakakasaksi ng ganoon noon.

¹¹⁵ Nakita ko sila na basta na lang bumabagsak na parang mga langaw, habang tinatamaan sila ng Espiritu Santo, sa pagpapatong ng mga kamay. Oo, ganoon ang—ang apostolikong doktrina ng pagpapatong ng mga kamay. Pagpalain ka ng Diyos. Kung medyo iba ka riyan, sulatan mo lang ako ng liham bukas ng gabi. Sige.

29. Kung dalawang-katlo ng mga tao sa mundo ang nakarinig na . . . hindi pa nakakarinig sa Ebanghelyo, ang Salita ng Ebanghelyo, papaano po . . .

Ipagpaumanhin n'yo. Tinta po ang ipinangsulat, at pinagpapawisan ako kaya naman kumalat. Sige't tingnan natin.

Kung dalawang-katlo ng mga tao sa mundo ang hindi pa nakakarinig sa Ebanghelyo, papaano po na ang Panginoon

natin ay darating na ngayon, samantalang hindi pa nila naririnig ang Ebanghelyo, dalawang-katlo nila?

Buweno, ganoon nga mismo. Sasabihin ko sa inyo ang iniisip ko.

¹¹⁶ Dito kamakailan lang, noong si Dr. Reidhead, na Presidente ng Sudan Mission, ang pinakamalaking full... ang pinakamalaking apostolikong...Hindi, pasensya na po. Ang pinakamalaking pundamental na misyon sa mundo, ang Sudan Mission. Si Dr. Reidhead, na napakarami niyang digri't hayan nga na di na niya mabilang kung gaanong karami ang mga digri niya, nagpunta siya sa bahay ko roon, mga isang taon at anim na buwan na ang nakararaan. At tumayo siya sa bahay ko, siya at itong si Hyman Appleman, itong ministrong Baptist na nakatanggap ng Espiritu Santo ngayon at nangangaral doon sa Mexico. At nagpunta siya sa bahay. Sabi niya, "Kapatid na Branham," sabi, "nakikipag-ugnay ka ba sa mga Pentecostal?"

Tapos sabi ko, "Opo, naman."

At sabi niya, "Ako si Dr. Reidhead."

Sabi ko, "Ikinagagalak kong makilala ka. Gusto n'yo bang tumuloy?"

Sabi niya, "Sige, po."

¹¹⁷ Naupo siya, sabi, "May gusto akong itanong sa iyo." Sabi, "Sa pagkakaalam ko naordenahan ka sa iglesyang Baptist."

¹¹⁸ Sabi ko, "Tama." Sabi ko, "Lumabas ako roon," sabi ko, "dahil hindi ko kayang tayuan 'yun. Naniniwala ako—naniniwala ako na dapat ipangaral lang ang sinasabi ng Biblia, hindi kung anong sinasabi ng iglesyang Baptist. At wala akong anumang laban sa iglesyang Baptist, kasing inam mismo sila ng sinumang iba pang iglesya." Tapos sabi ko, "Lumabas ako para maging malaya."

Sabi niya, "Buweno, siyempre, alam mo naman marahil na kami'y Baptist."

Tapos sabi ko, "Opo, ginoo."

¹¹⁹ At sabi niya, "May gusto akong itanong sa iyo. Anong masasabi mo rito sa bautismo ng Espiritu Santo?" Sabi, "Nakapasok na ako noon at nakita sila na pinagsisisipa nila ang mga upuan at papadyak-padyak at pahiyaw-hiyaw at kung anu-anong pinaggagagawa."

¹²⁰ Sabi ko, "Ako man ay nakita sila, na ganoon." Pero sabi ko, "Kapatid, sa likod ng lahat ng 'yun, may tunay na totoong artikulo ukol sa bautismo ng Espiritu Santo."

¹²¹ At sabi niya "Kapatid na Branham, maaari ko bang tanggapin Ito?" Sabi niya, "Napakarami kong karangalan!" Sabi niya, "Isa akong Doktor, ako'y *ganito*, may Ph.D. ako, may Batsilyer na Digri ako, nasa akin na ang lahat na ng uri ng digri

at mga digring pandangal mula sa iba't ibang bansa sa buong palibot, at mga bagay na gaya nun," sabi, "at nasaan si Jesus Cristo?"

¹²² Sabi ko, "Buweno, kapatid, narito Siya sa silid."

¹²³ Sabi niya, "Tumayo na ako't nakipag-usap sa isang matigas na Mohammedan, na nakakuha ng edukasyon dito sa Amerika, at sabi ko, 'Talikuran mo ang matanda't patay mong propeta at tanggapin ang isang nabuhay na mag-uli na Panginoong Jesus.' Sabi niya, 'Mawalang galang na po, anong magagawa para sa akin ng Panginoong Jesus mong nabuhay na mag-uli na mas higit kaysa sa magagawa ng Mohammed ko?' Sabi, 'Pareho silang sumulat ng mga Biblia, pinaniniwalaan natin 'yan.' Sabi, 'Kapwa sila namatay.' At sabi, 'At kapwa sila nangako ng buhay pagkatapos ng kamatayan, sa atin, at sinasampalatayanan natin 'yan.'"

¹²⁴ Sabi niya, "'Oh, pero, kita mo,'" sabi, "'kaming mga Cristiano'y may kagalakan.'"

¹²⁵ "Sabi, 'Pareho lang sa amin.' Sabi, 'Kaya kong magbunsod ng ganyan ding karaming sikolohiya na magagawa mo.'" At tama 'yun. "Sabi niya, 'Buweno, tingnan mo, ang Mohammed namin... Inaangkin mo na ang Panginoon mong Jesus ay nagbangon mula sa patay.'"

¹²⁶ Tapos sabi ni Doktor Reidhead, "'Aba, ginawa nga Niya!'"

¹²⁷ "Sabi, 'Patunayan mo!' Sabi, 'Patunayan mo!' Sabi, 'May dalawang libong taon kayo para patunayan ito, at halos sangkatlo lang ng mundo ang nakarinig tungkol dito.' Sabi, 'Kung ang Mohammed namin ang nagbangon mula sa patay haya't buong mundo mismo'y malalaman ang tungkol dito sa loob ng dalawang araw.'" Tama siya. "Sabi niya, 'Ang Mohammed namin ay di kailanman nangako ng anupamang ibang bagay maliban sa buhay pagkatapos ng kamatayan.' Sabi Niya, 'Nangako sa inyo ang Panginoon n'yong Jesus, at kayo na mga tagapagturo, na ang mismong mga bagay na ginawa Niya noon ay gagawin din n'yo.' At sabi, 'Sige't tingnan nga natin kayo na mga tagapagturo na gawin 'yan ngayon, at,' sabi, 'sasampalatayanan namin na Siya'y nagbangon mismo mula sa patay.'"

¹²⁸ Sabi niya, "Kapatid na Branham, inusog ko ang paa ko sa lupa nang *paganoon* at iniba ang paksa." Samantalang kamit-kamit ang lahat ng mga digri na 'yun! Bakit? Nasaan ang Diyos sa mga digri na 'yun? Ang Diyos ay hindi nakikilala sa pamamagitan ng Ph.D., at D.D., at L.D., at kung ano pa.

¹²⁹ Ang Diyos ay nakikilala sa pamamagitan ng simpleng pananampalataya, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Yun lang ang tanging paraan. Ang Diyos sa inyo, hanggang sa Kanyang dalhin kayo sa pagiging "isang anak ng Diyos," babaguhin ang inyong kalikasan. At ang siya ring bagay,

ang Diyos na Manlilikha na Siyang gumawa ng lahat ng mga bagay at bumigkas para palitawin ang mundo sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang siya ring Espiritu na 'yun na nasa inyo, sinasampalatayanan n'yo ang lahat ng sinasabi ng Diyos. At wala ngang imposible; sinasampalatayanan n'yo Ito.

¹³⁰ Hindi kayo mapapaatras ng isang munting kredo at magsasabi, "Hindi ko magagawa, hindi ko matatanggap Yan. Hindi ako naniniwala na gagawin *ito* ng Diyos. Hindi ako naniniwala." Nililimitahan n'yo ang Diyos diyan sa inyong di-pagsampalataya! Ganoon nga.

¹³¹ Kaya tumayo roon si Dr. Reidhead, sabi niya, "Kapatid na Branham, magagawa ba ng isang tao na tanggapin, talaga, ang Espiritu Santo?"

¹³² Sabi ko, "Oo, naman, Dr. Reed- . . . , maaari."

¹³³ Sabi niya, "Kung natatalos ng Diyos ang puso ko; at naniniwala ako sa iyo, sa pagkaalam; at sa ilalim ng inspirasyon ngayon mismo, nais kong iyong . . . Naniniwala ka bang totoo ang sinasabi ko?"

Sabi ko, "Alam ko naman!"

Sabi niya, "Papaano ko Ito matatanggap?"

Sabi ko, "Lumuhod ka."

¹³⁴ At lumuhod siya sa tabi ng lumang mesa na patungan ng kape. Kakukuha ko lang nun uli rito. Nakaupo 'yung lalaki riyan na nagkumpuni nun nito-nito lang. Nakaupo riyan, nabasag 'yung salamin na nasa ibabaw nung mesa noong paluhod siya. Sabi niya, "Diyos, kahabagan Mo po ang makasalanan kong kaluluwa." At pinatungan ko siya ng mga kamay, at bumaba sa kanya ang bautismo ng Espiritu Santo doon mismo. Hayan po.

¹³⁵ At talagang pinagningas niya ang iglesyang Baptist na 'yun sa buong dako ngayon, sa lahat ng mga naroon sa palibot nun. Hayan nga ito. Siyanga, po.

¹³⁶ Ang Ebanghelyo'y di maaaring . . . Hindi paparito si Jesus hanggang sa ang . . .

¹³⁷ Makinig! Namimigay tayo ng mga polyeto sa buong mundo. Wala nga kayong kanto na mapupuntahan na wala roong namimigay ng polyeto, mayroon at mayroon doon na may teolohiya. Kapag pupunta kayo sa ibayong-dagat at tawagin n'yo ang sarili n'yo na "misyunero," at masdan n'yo sila na pagtatawanan ka lang. Maglakad-lakad ka sa India at sabihin mo, "Isa akong misyunero."

¹³⁸ "Buweno, anong ituturo mo sa amin?" Mas maalam sila tungkol sa Biblia kaysa sa . . . May mga bata nga roon na mas maalam pa tungkol dito kaysa sa ilang mga tagapagturo nila rito sa Amerika na may nalalaman tungkol dun. Kung tutuusin, isa 'yung Silanganing Aklat. At, alalahanin n'yo, nasa kanila na

ang Ebanghelyo daan at daan at daang taon bago pa nagkaroon ng Amerika. Si Santo Tomas, 'yung dakilang iglesya na kanyang pinangaralan, haya't nakatayo pa rin hanggang ngayon sa India. Hindi nila kailangan 'yang mga pagtuturo n'yo, alam na alam nila ang tungkol diyan. Sabi nila, "Anong ituturo mo sa amin?"

"Buweno, mga misyunero kami na galing ng Amerika."

¹³⁹ "Anong ituturo n'yo sa amin, kung paano ba uminom ng wiski? Yan naman ang ginagawa n'yong lahat diyan sa mga simbahan n'yo! Ang manigarilyo ba? Ituturo n'yo ba sa amin kung paano namin ididiborsyo ang mga asawa namin, at kung ano pa?" Sabi, "Kung 'yan ang ituturo n'yo, ayaw namin 'yan." At sabi, "Kung nagpunta kayo rito na dala ang kung anong bagong teolohiya o kung ano, na susubukan n'yo kaming turuan ng ilang bahagi ng Salita, aba'y mas maalam kami tungkol diyan kaysa sa inyo." At totoo 'yun. Sabi Niya, "Pero kung nagpunta kayo para ipamalas ang sinasabi ng Salita, tatanggapin namin Ito." Amen! Hayan nga. Yan ang bagay na kanilang kinagugutuman.

¹⁴⁰ Tandaan n'yo ang Salita ko, isulat n'yo Ito sa mga pahina ng Biblia n'yo, dahil Ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, "Alalahanin n'yo, sa paglapag natin ng India, mababalitaan n'yo ang sampung libong makalibo na maliligtas." Sinabi Ito ng Espiritu Santo. Isinulat ko Ito rito sa Biblia ko. Nakasulat 'yun sa makasampung libong Biblia rito, gaya nung pagkabuhay na mag-uli nung munting batang lalaki, sa pamamagitan ng isang pangitain na sinabi Niya. "May tatlong daang libo sila roon." At tingnan n'yo kung hindi ba't tama 'yun! Sa ganoong paraan ipapangaral ang Ebanghelyo nang magdamagan lang. Lalaganap siya nang paganoon, mula sa isang dako patungo sa isa pa.

¹⁴¹ Sa Aprika, kung saan tatlumpung libo sa isang pagtawag sa pagdulog sa altar ang tumanggap sa Diyos, sabi ko, "Itaas n'yo ang mga kamay n'yo at tanggapin ang Espiritu Santo." Sabi ko, "Huwag kayong maghintay ng Amerikanong misyunero na sasadya't tuturuan kayo na matutunan ang mga lingguwahe sa mga kaiglesyahan." At ang mga nanay ay naglalabada, para mapadala ang isang misyunero roon tapos bibiyahe-biyahe siya sakay ng isang magara't malaking kotse, magpapakasasa sa kasaganaan ng lupain; tapos, namimigay lang pala ng kaunting polyeto tapos uuwi na. Hindi ganyan ang gusto ng mga tao; ang mapatunayan dapat ito.

¹⁴² Nabanggit ko dito mismo sa Jewish Hospital, mga ilang gabi na ang nakararaan sa isang pagtitipon kasama ang mga ministro't mga doktor, tungkol sa paksa ng Makalangit na pagpapagaling; sabi ko, "Binabansagan n'yo ako na isang holy-roller, at sinasabi n'yo na binangungot lang ako noong sabihin ko sa inyo. . . 'yung Anghel ng Panginoon." At sabi ko, "At ang sarili

naming iglesya'y nagpadala ng libo-libo't gumastos ng milyun-milyong dolyar, sa pagpapadala ng mga misyunero sa Aprika; at noong makarating ako roon, may bitbit-bitbit sila roon na mga maliliit na diyus-diyosan na gawa sa putik, sinusubukang makakuha ng tulong mula sa diyus-diyosan na gawa sa putik, at tinatawag ang kanilang mga sarili na 'mga Cristiano.'" At sabi ko, "Haya't 'yang binansagan n'yong 'panatisismo' ay mas maraming kaluluwa ang naakay kay Cristo sa loob lang ng limang minuto kaysa sa nagawa ng milyun-milyong dolyar at libo-libong mga misyunero nitong huling sandaan at limampung taon." Nanahimik sila, hayan nga! Inilatag na mismo. Sinabi ko sa inyo, sa mga kalalakihan na 'yun, sabi ko, "Huwag—huwag n'yong subukan na maging edukado, dalhin n'yo lang itong Ebanghelyo at humayo kayo roon sa ibayo sa—sa katutubong lupain kung saan di napupuntahan ng mga puti, dahil sa mga sakit."

¹⁴³ At may nakuha akong mga rekord, mula mismo sa pahayagan ng Durban, sabi dun, "Maging 'yung isang matandang lalaki na walang alam kung alin ang kanan sa kaliwang kamay, ay tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo, at nagbabautismo na ng humigit-kumulang sanlibo sa isang linggo." Ganoon ang pag-usad ng Ebanghelyo, nang paunti-unti, na kailangan lang Nito ng anim na buwan para lumaganap sa buong mundo. Buweno.

30. Maaari mo bang ipaliwanag ang tungkol sa Christian—Christian Science?

¹⁴⁴ Buweno. Ako...Heto...Hindi ako mangungusap tungkol sa relihiyon n'yo, kapatid kong lalaki o kapatid na babae, kung sino man ang nagpasa ng tanong. Ang Christian Science ay sikolohiya. (At ang Makalangit na pagpapagaling ay kapangyarihan ng Diyos!) Ang Christian Science ay yaong mas malakas ang isipan kaysa sa pisikal na bagay; tinatanggihan ng Christian Science ang Dugo ni Jesus Cristo. Ang Christian Science... Oh, may mga libro ako ni Gng. Eddy roon, at binasa kong lahat 'yun. Kita n'yo? Ganoon nga, tinatanggihan ng Christian Science ang pagka-Diyos ni Jesus Cristo, at inilalagay lang Siya na isang "propeta." Hindi isang tao lang si Jesus Cristo; Siya'y Diyos! Siya'y Diyos! At sa isip nila'y mas malakas daw ang isipan kaysa sa pisikal na bagay.

¹⁴⁵ Kung may pulikat ako sa braso ko o sa tiyan ko, o sa... o kirot sa ulo ko, na nararamdaman ko mismo na kumikirot ito, at hindi ito dahil sa iniisip ko lang na kumikirot ito. Pero alam ko na kaya itong alisin ng kapangyarihan ng Diyos, hindi sa sarili kong...ako lang ang nag-iisip nun. Kita n'yo? Kaya, ang Christian Science, sasabihin ko ito't isasama 'yung isa pa na tinanong sa akin, isa ito sa modernong-panahon na ismo, at isang malalim, na madilim na pagkakamali. Ganoon nga. Hindi ko gustong saktan ang damdamin n'yo, kaibigan, kung sino man

ang sumulat nito, pero kinakailangan kong maging tapat. Dahil ikaw na sumulat nito, at ako, kapwa tayo, tatayo isang araw sa Presensya ni Jesus Cristo para magsulit, at mananagot ako sa bagay na sinasabi ko. Ngayon, hindi ako sasagot maliban na alam ko mismo. Buweno.

31. Ngayon: Yamang kami'y... Yamang malayo ang tinitirhan namin dito para dumalo... Masyadong malayo ang tinitirhan namin dito para makadalo sa tabernakulo. Saan ang marerekomenda mo na daluhan namin, na mapagtitipunan namin na sama-sama, yamang nakikita namin na ang mga simbahan ay kawangis ng inang iglesya, o, Katolisismo?

¹⁴⁶ Minamahal kong kapatid na lalaki o kapatid na babae, sinuman ang sumulat nito, hindi ko masasabi sa inyo kung anong simbahan ang puwede n'yong daluhan. Pero ang gagawin ko, ganito, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, ako... Kung wala pa kayong bautismo ng Espiritu Santo, kita n'yo, buweno, tanggapin n'yo muna ang bautismo ng Espiritu Santo at pagkatapos pumunta kayo sa isang kongregasyon kung saan naroon ang iba na may bautismo ng Espiritu Santo. Kinakailangan mong... makipagtipon ka sa ganoong uri ng mga tao!

¹⁴⁷ May nakita akong lalaki, dito kamakailan lang, na ipinanganak nang sampung taon mula noong siya'y...o, hindi mula pagkapanganak, pasensya na po, sampung taon po pala mula noong nakakakita na siya. Kasapi siya sa isang malaking simbahan, at nakatira siya sa Kennett, Missouri. At siya'y may...isa siyang—isa siyang sapatero maraming taon na ang nakalipas, at siya'y nabulag. At nagtungo 'yung lalaki sa entablado, at sinabi sa kanya ng Espiritu Santo kung sino siya at kung ano ang suliranin sa kanya, sinabi sa kanya kung gaanong katagal na siyang bulag, at isiniwalat sa kanya ang tungkol sa munting, maruming bagay na kanyang ginawa. Sabi niya, “Kung ipahihintulot ako ng Diyos na mabuhay para makarating dun, itutuwid ko 'yun.” At, noong sabihin niya 'yun, namulat ang mga mata niya; at itong Biblia na ito mismo, nababasa niya ang kabanata sa kabanata mula Rito.

¹⁴⁸ Bumalik siya sa kanyang iglesya at nagpupuri. At sinabi sa kanya ng pastor, “Mangyayari't mangyayari naman 'yan. Ano't, naantig ka lang nang husto, wala namang anumang espesyal diyani. Walang ibinunsod ang bagay na 'yan, sa diyablo 'yan!”

¹⁴⁹ Hinahamon ko ang sinuman na magpakita sa akin ng isang Kasulatan kung saan nakakapagpagaling ang diyablo. Kung ipapakita n'yo sa akin kung saan ang diyablo'y nakakapagpagaling, patutunayan ko na ang diyablo ang inyong ama; ganoon nga, kung gagawin n'yo 'yan. Wala ito sa Mga Salita ng Diyos. Hindi ito mapapatunayan. At mas mabuti

pang...sige't subukan n'yo, kayo ang bahala. Pero iniharap na 'yan bilang hamon sa mga obispo't lahat na, kapatid, kaya huwag n'yong sabihin 'yan.

¹⁵⁰ Tingnan n'yo! At 'yung siya ring lalaki na 'yun ay napaniwala, sa kanyang puso, na paniwalaan 'yun. At tatlong buwan naroon uli siya sa mga gawain ko, bulag na bulag siya kung papaano noong una. Hayan po.

¹⁵¹ Kaya lumayo kayo sa mga ismo na 'yan! Makipagtipon kayo sa mga tao na sumasampalataya, doon kayo makisama. Ang sabi ng Biblia, "Huwag kayong makipamatok sa mga di-mananampalataya." "Humiwalay kayo," sabi ng Diyos. Lumabas kayo! Ang sabi ng Biblia, "Lumabas kayo mula sa kanila, at...huwag kayong magsihipo ng maruruming bagay nila, at kayo'y Aking tatanggapin. Ako ang Panginoon Na nakatayo sa gitna ng iglesya." Tama. Lumabas kayo! Huwag kayong makikisama sa ganoon!

¹⁵² Bagkus ang gawin...makisama kayo sa iglesya, sa isang mabuting iglesya. Methodist, Baptist, Presbyterian, Campbellite, kaninuman, hindi ito...Kung saan may mga tunay na totoong mananampalataya roon, wala silang pakialam anuman ang sabihin ng kredo ng iglesya, nagpupunta sila roon para makipagtagpo sa kanilang mga kapatid na lalaki't kapatid na babae at sambahin ang Diyos, nang lakip-lakip. Buweno.

32. Kagabi nangusap ka tungkol sa "lubhang karamihan na di mabilang ng sinuman, mula sa bawat angkan, bansa," na — na nabanggit sa ika-7 kabanata ng Apocalipsis. Naunawaan ko ba kayo, nang tama, para sabihin na "Sila ang Nobya ni Cristo"? Oo, naunawaan n'yo ako. Sila ang Nobya.

¹⁵³ Ngayon kung mapapansin n'yo, doon mismo sa Apocalipsis 7, nakita niya ang sandaan at apatnapu't apat na libo. Ngayon, hindi ko kayo inaakusahan nito, kapatid ko, pero ang sandaan...Kadalasan Jehovah Witness ang naniniwala na ang sandaan at apatnapu't apat na libo'y ang Nobya. At mali po 'yan! Kilala ni Juan ang bawat isa sa kanila, at tinawag pa mismo sila sa pangalan. Bawat isa sa kanila'y mga Judio. Sabi niya, "Labing-dalawang libo kay Gad, labing-dalawang libo kay Zabulon, labing-dalawang libo kay Benjamin, labing-dalawang libo kay Juda." Tama ba? At hayan ang labing-dalawa angkan ng Israel, at ang labing-dalawang labing-dalawa...ay sandaan at apatnapu't apat na libo. Tama ba? Sabi Niya, "Lahat, ay mga anak ni Israel." Napagkilala sila ni Juan.

¹⁵⁴ Tapos tumingin siya sa gawing *ito*, at sabi niya, "Aba, nakatayo rito ang isang lubhang karamihan na di mabilang ng sinuman, mula sa lahat ng mga angkan, mga wika, at mga bansa; na nakatayo na may suot na puting balabal, na sa kanilang mga kamay...at mga palma, at kumakaway, at nagsisigawan,

at nagsisiawitan ng mga hosana at . . . sa Hari.” Sabi niya, “Sino sila?”

¹⁵⁵ Sabi niya, “Sila yaong nanggaling sa malaking kapighatian at nangaghugas ng kanilang mga balabal sa Dugo ng Cordero. Sila’y nasa harap ng Diyos, at sila’y maglilingkod sa Cordero sa Kanyang Templo kasama Siya. Araw at gabi, hindi nila Siya iiwan.” Hayan ang Nobya, kita n’yo, ang Asawang babae, ang Nobyang Gentil.

¹⁵⁶ Alalahanin n’yo, ang Nobya ay isang Gentil. Sabi niya, “Darating Siya at kukuha ng isang bayan mula sa mga Gentil para sa Kanyang” (ano?) “Pangalan.”

¹⁵⁷ Ngayon, maraming kabataang babae sa mundo. Pero kumuha ako ng isang babae, at ’yun si Meda Broy, at siya si Gng. William Branham ngayon. Ang kanyang . . . Hindi na siya Broy; isa na siyang Branham ngayon. Kita n’yo?

¹⁵⁸ At ganoon nga ’yun, tanggapin n’yo si Jesus Cristo at maging isang Nobya, mga miyembro ng Nobya.

33. Ano po ’yung mga salitang Latin na nasa ibabaw ng Vatican City? Gusto po naming malaman kung papaanong ang suma total nun ay animnaraan at animnapu’t anim, at kung anong ibig sabihin nun.

¹⁵⁹ Buweno, wala po ’yun sa ibabaw ng . . . ’yung Latin—’yung mga salitang Latin ay wala sa ibabaw ng Vatican City mismo; naroon ’yun sa ibabaw ng luklukan ng papa, kung saan nakaupo siya sa kanyang luklukan. Ang nakasulat dun, “VICARIVS FILII DEI.” Kung gusto n’yo, sa kinaumagahan, dadalhin ko ’yung tsart nun na nakasulat, lahat, at nakalagay ’yun sa kapisasong papel. At kung gusto n’yo ito, sige po, dadalhin ko sa inyo sa umaga. Naroo’t nakabaybay ’yun sa Romanong mga letra, VICARIVS FILII DEI, ang ibig sabihin nung salitang ’yun ay “Sa halip na ang Anak ng Diyos”; siya raw ang kahalili ng Anak ng Diyos.

¹⁶⁰ Naniniwala ang iglesyang Katoliko na “Si Pedro ang unang papa; siya ang kahalili ni Jesus Cristo.” Aba’y mali ’yun! Buweno. Tapos inaangkin nila na “bawat papa na sumunod pagkatapos niya ay isang kahalili; at ang papa ngayon, ’yung kasalukuyan, ay isang kahalili ni Jesus Cristo.” At doon nga’y nakasulat sa ibabaw, “*Isang kahalili ni Jesus Cristo*, ‘VICARIVS FILII DEI,’” nakasulat doon. Kunin n’yo ’yung mga Romanong letra at ilista n’yo mismo (X ay sampu, V ay lima, at iba pa), habang binabaybay n’yo ng “VICARIVS FILII DEI,” at guhitan n’yo, at ang makukuha n’yo ay animnaraan at animnapu’t anim. Isulat n’yo ito mismo’t makikita n’yo.

¹⁶¹ Ngayon, may kopya ako ng *Facts Of Our Faith*, ’yun ’yung tawag dito, sa iglesyang Katoliko, dahil ang mga kamag-anak ko’y Katolikong Irlandes. Kaya alam ko itong ipinapangusap ko. Kita n’yo?

¹⁶² At ganap pong katotohanan ito, siyanga, na doon... At sinabi ng Biblia na “Siya’y mauupo sa isang simbahan, o isang—isang lugar, o isang iglesya na nasa ibabaw ng pitong burol sa Roma, at ang kanyang kapangyarihan ay lalaganap sa buong mundo. At siya’y tinawag na anti-cristo.”

¹⁶³ At mula sa iglesyang ’yun ay lumabas ang maliliit na mga simbahan na ipinanganak pagkatapos nun, at ang sabi’y, “Siya’y isang patotot, at sila’y mga patotot na sumunod sa kanya.” Ganoon nga. Hayan nga. Dahil nag-organisa sila sa parehong bagay, at sila’y may mga kredo’t mga doktrina. Mas mababa lang, hindi kasing makapangyarihan ng babaing ito, pero sila’y nagtataglay pa rin ng kapangyarihan. At ang ibig sabihin ng *hayop* ay “kapangyarihan.” Hayan nga. May taglay sila, ang mga Katoliko ang may pinakamalaking kapangyarihan. Ang mga Methodist, at pagkatapos ang mga Presbyterian, at pagkatapos ang mga Lutheran, at pagkatapos ang mga Baptist, at iba pa, at iba pa. Sila’y maliliit, na organisadong mga kapangyarihan, “Iglesya ko! Iglesya ko! Iglesya ko! Iglesya ko!”

¹⁶⁴ Pero ang tunay na mananampalataya’y hindi ganyan ang buwang-bibig. Bagkus “Cristo ko! Cristo ko! Cristo ko!” Yun ang pagkakaiba. Paano n’yo malalaman? Nagpapatotoo ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng mga tanda’t mga kababalaghan.

¹⁶⁵ Heto ang isa pa, medyo mapapahinto ka rito. Ayaw ko sanang basahin ito, pero may naglagay po nito rito:

34. Tinanong mo ang dahilan kung bakit hindi umusad ang tabernakulong ito. Ang dahilan kung bakit, ay dahil may ilan sa mga diyakono na itinataggi ang kaloob ng mga wika’t pagpapagaling. Alam nating lahat na ’yan ang totoo.

¹⁶⁶ Ipaalam n’yo sa akin kung sino-sino, habang nandito ako sa—sa gawain na ito, at kaagad na paaalisin.

35. Pakipaliwanag po kung ang isang Cristiano’y dapat na gawin ang paghuhugasan ng mga paa, at pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo (Pangalan) sa halip na pangalan ng “Ama, Anak, at Espiritu Santo.” Maaari po.

¹⁶⁷ Sige po. May tatlo akong ganito rito na parehong ganoon ang tinatanong.

¹⁶⁸ Tungkol sa paghuhugasan ng mga paa, buweno, siguro’y sisimulan ko diyan. Buweno, ngayon marahil di kayo sang-ayon, ayos lang ’yan. Hayaan n’yong magbasa lang ako ng ilan, pansumandali. O kung gusto n’yong basahin, bumuklat kayo sa San Juan, sa ika-13 kabanata, pansumandali. Gusto kong tanungin kayo ng isang bagay rito. At pakinggan n’yo ang sinabi ni Jesus Cristo, Mismo, at pagkatapos dadalhin ko kayo sa Tipan at ipakikita ko sa inyo na ito’y ginanap pa rin. Simulan n’yo sa ika-2 talata.

At habang humahapon, nang ang diablo ay... maglagay na sa puso ni Judas Iscariote, na anak ni Simon, ang magkakanulo sa kaniya.

Si Jesus sa pagkatalastas... na ibinigay na ng Ama ang lahat ng mga bagay sa kaniyang mga kamay, ... siya'y nanggaling sa Dios, at sa Dios din paroroon; (Lumabas Siya sa Espiritu, nagsalaman, at nagbalik sa Espiritu. Kita n'yo?)

At Siya'y nagtindig sa paghapon, at itinabi ang kaniyang mga damit;...siya'y kumuha ng isang toalya, ... ibinigkis sa kaniyang sarili.

Nang magkagayo'y nagsalin ng tubig sa kamaw, at pinasimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad, at kinuskos ng toalya na sa kaniya'y nakabigkis.

Sa gayo'y lumapit siya kay Simon Pedro: at sinabi ni Pedro sa kaniya, Panginoon, huhugasan mo бага ang aking mga paa?

Si Jesus... sinabi sa kaniya, Ang—ang ginagawa ko ngayon ay hindi mo nalalaman... datapuwa't mauunawa mo pagkatapos.

Sinabi sa kaniya ni Pedro, Huwag mong huhugasan ang aking mga paa kailan man. Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa akin. (Oh, maiisip n'yo ba 'yun! Buweno.)

Si Simon... sinabi sa kaniya, ... hindi ang aking mga paa lamang, kundi... pati ng aking mga kamay at ang aking ulo.

At si Jesus ay sinabi sa kaniya, Ang napaliguan na... walang... kailangang... hugasan maliban ang kaniyang mga paa, kayo'y malinis nang lubos: ... nguni't hindi ang lahat.

Sapagka't nalalaman niya ang sa kaniya'y magkakanulo; kaya't sinabi niya, Kayong lahat ay hindi malilinis.

Kaya't nang mahugasan niya ang kanilang mga paa, at makuha—makuha ang kaniyang mga damit, at muling maupo, ay sinabi niya sa kanila, Nalalaman бага ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo?

Tinatawag ninyo akong Guro at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi; sapagka't ako nga.

Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa; ... kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa.

Sapagka't kayo'y binigyan ko ng halimbawa, upang inyong gawin naman sa isa't isa ayon sa ginawa ko sa inyo.

...mapapalad kayo kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito at ginagawa ang mga ito.

¹⁶⁹ Doon sa Ikalawang Timoteo, ang sabi ni Pablo, sa sulat niya sa iglesya, “Huwag n’yong hahayaan ang isang balo na maipasok sa iglesya hanggang sa mahugasan niya ang mga paa ng mga banal.” Ganoon nga. Ginanap ang paghuhugasan ng mga paa sa buong panahon ng Biblia. At sa tulong ng Diyos, kung mapapanatili ko ang isip ko sa tama, at tutulungan ako ng Diyos, gaganapin ko ito hanggang sa mamatay ako. Ganoon nga. Yun mismo’y atas ni Jesus Cristo!

Ngayon, heto ang isang maselang tanong.

36. Bakit po kailangang mabautismuhan ang isang tao sa Pangalan ni Jesus Cristo sa halip na “Ama, Anak, at Espiritu Santo”?

May dalawa o tatlo ako na ganito. Heto po ang isa:

37. Kapatid na Bill, ano po ang maling pagbabautismo na ipinangungusap n’yo kagabi, kung sa tubig o sa Espiritu? Kung sa tubig, haya’t sinabi mo na sa Pangalan ni Jesus Cristo, pero bakit po sa Mateo 28:19, ang sinasabi rito’y, “Ama, Anak, at Espiritu Santo”? Pakipaliwanag po.

¹⁷⁰ Ngayon, medyo maselan nga ito, pero sa palagay ko mayroon pa akong mga ganito rito sa kung saan, parehong tanong. Oh, tatlong dako mismo. Sisikapin kong makadako ryan. Sige’t tingnan natin. Magagawa—magagawa n’yo bang pagtiisan ako nang kaunting minuto? Buweno. Ngayon, sige’t simulan na natin ngayon at sagutin ang mga tanong na ito. Marahil puwede nating idugtong ang iba, at talakayin ang mga ’yun marahil (’yung iba pa) bukas; kung walang iba, sa Sunday school na, o anumang oras. Pero ang mga taong ito marahil. . . tinatanong nila ito, at bukas kasi ang bautismo. Ngayon, kung sa anumang paraan kayo nabautismuhan, hindi ’yun mahalaga sa akin. Pero gusto kong—gusto kong saysayin sa inyo ang apostolikong Doktrina ng Biblia. Kita n’yo?

¹⁷¹ Ngayon, nalaman natin, kagabi, na noong ang iglesyang Katoliko’y naorganisa, ay sumulpot ang huwad na komunyong, na sinasabing “Kapag natanggap n’yo ang banal na Eukaristiya, na sa madaling sabi’y ’yung banal na komunyong dun, ay tinanggap n’yo na ang Espiritu Santo.” Hindi ’yun ang Espiritu Santo; isa lang ’yung wafer.

¹⁷² Sa iglesyang Protestante’y pakikipagkamay, paglalagay ng kanilang mga pangalan sa aklat, tapos ’yun na ang tinatawag nilang “pagtanggap Dito.”

173 Ngayon, pero ang tunay na paraan para tanggapin Ito ay sa bautismo ng Espiritu.

174 At, ngayon, inilabas ng iglesyang Katoliko ang katesismo. Dala ito ni Luther, dala ito ng iglesyang Methodist, dala ito ng mga Episcopalian, dala ito ng marami pang iba, itong katesismo. Marami sa mga tradisyon ng iglesyang Katoliko ang nananatili pa rin sa iglesyang Protestante; na binubuo tuloy siya na maging kalakip doon, ayon sa Biblia.

175 Pero wala maski sino, kahit kailan, sa lahat ng mga pahina ng Biblia, ang nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Wala maski sino ang nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo” hanggang sa sinaunang iglesyang Katoliko. Wala ’yun sa Biblia, kahit saan! Kung may makakahanap ng maski isa roon, at sabihin sa akin at ipakita sa akin na may isa na nabautismuhan na ang gamit ay pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo” maaari lang na ipakita n’yo sa akin, dahil tinugaygay ko na nang tinugaygay nang tinugaygay at tinugaygay at tinugaygay Ito, nang dalawampu’t mga ilang taon ngayon. At mali ’yun! Isa ’yung kredo ng Katoliko at hindi utos ng Biblia.

176 Ngayon malalaman natin kung bakit, dadako tayo sa tanong n’yo, minamahal na kapatid. San Juan . . . o ibig kong sabihin sa Mateo 28:19. Sige, balikan natin. Bumuklat kayo sa Biblia n’yo, kasama ko, para mabasa n’yo kasama ko. Ito ’yung dako kung saan ipinangusap dito. Isang dako sa Biblia kung saan . . .

177 Hindi ba’t sinabi ni Jesus, “Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi ay pagtitibayin ang bawat salita”?

178 Maaari ko kayong dalhin sa Biblia kung saan sinabi Nito, “Yumaon si Judas Iscariote at nagbigti,” at, “Gawin n’yo rin ang gayon.”

179 Maaari ko kayong dalhin sa dako kung saan sinabi ni Jesus, “Kapag ang Anak ng tao,” na Siya Mismo, “na ngayon ay nasa Langit, ay babalik muli,” at samantalang nakatayo mismo rito sa lupa. At sabi, “Ang Anak ng tao na ngayon ay nasa Langit,” at samantalang nakatayo mismo rito sa lupa.

180 Kinakailangan n’yong makilala ang Diyos para makilala n’yo ang Kanyang Salita. Hindi kayo maaaring . . . Hindi tuloy nakapagtataka na sasabihin n’yo, “Sinasalungat Nito ang Sarili Nito.” Oo’t nakakalito; dahil sinabi mismo ng Diyos na isinulat Niya Ito sa ganoong paraan para itago Ito mula sa mga iskolar at iba pa. At ibunsod ang mga tao na magpakumbaba sa altar, at ihahayag Ito ng Diyos sa inyo.

181 Ngayon heto ang Kasulatan, Mateo 28:19, ang tanging dako sa Biblia na nabanggit ang mga titulong ito.

Dahil dito magsiyaon nga kayo, at turuan ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:

¹⁸² Ngayon, 'yung paraan n'yo ng pagbabautismo, ay, "sa pangalan ng Ama, sa pangalan ng Anak, at sa pangalan ng Espiritu Santo." Ni wala 'yan sa Kasulatan! Pero ganito ang sabi rito, "Turuan ang lahat ng mga bansa, bautismuhan sila sa Pangalan!" Ngayon tingnan n'yo ang Biblia n'yo at tingnan n'yo kung ang sinasabi ba riyan ay "sa *mga pangalan*" o "sa Pangalan."

¹⁸³ Ngayon sasabihin n'yo. . . Ngayon, dito kamakailan lang sa isang pagtitipon, may isang lalaki na nagsabi, "May salungatan sa Biblia!" Sabi, "Sana maipaliwanag mo ito sa akin. Bakit sinabi ni Jesus sa mga tao na magbautismo sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo, tapos bumaling si Pedro at binautismuhan sila sa Pangalan ni 'Jesus Cristo,' sa Mga Gawa 2:38?" Sabi, "Kung hindi 'yan pagsasalungat sa sarili nito, di pa ako nakakakita ng salungatan!"

Sabi ko, "Dahil 'yan sa hindi mo hinanap ang Diyos nang tama."

¹⁸⁴ Sabi niya, "Kapatid na Branham, may kaibhan ba kung magbabautismo ako sa *ganitong* paraan o sa *ganoong* paraan?" Tunay na mayroon, at patutunayan ko 'yan sa pamamagitan ng Biblia.

¹⁸⁵ Ano kaya kung—ano kaya kung si Moises. . . sinabi ng Diyos kay Moises, sa paglapit niya sa palumpong, sabi, "Moises, hubarin mo ang panyapak mo, nasa Banal na lupa ka."

¹⁸⁶ Sabi niya, "Ngayon, Panginoon, isa po akong mapitagang lalaki. Medyo mahirap pong hubarin ang panyapak ko, kaya sumbrero ko na lang ang huhubarin ko." Hindi Niya sinabi na "sumbrero," ang sinabi Niya'y "panyapak!" At kung ano ang sinasabi ng Biblia ay siya mismong Katotohanan. Ngayon kung. . .

¹⁸⁷ Heto, sampung araw na, pag-akyat na. At noong si Jesus ay kunin paitaas, inatasan Niya ang Kanyang mga alagad na humayo sa buong mundo at turuan ang lahat ng mga bansa, na binabautismuhan sila sa pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo. At pagkalipas ng sampung araw. . . Nagpunta sila sa Jerusalem at naghintay sa silid sa itaas hanggang sa dumating ang Espiritu Santo. At pagkatapos noong nagsimula na silang mangaral at humayo. . . Sabi ng mga tao, "Anong gagawin namin para maligtas?"

¹⁸⁸ Sabi ni Pedro, "Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo."

189 Pagkatapos nagpunta siya sa bahay ni Cornelio, sabi niya, “Mangagsisi kayo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo.”

190 Nagtungo pa nga siya at nasumpungan ang ilang tao na nabautismuhan na, sabi, “Kinakailangan n’yong mabautismuhan muli sa Pangalan ni Jesus Cristo!”

191 At nagtungo sa Samaria at sabi, “Bautismuhan sila sa Pangalan ni Jesus Cristo.”

192 At wala maski isang beses na ang mga titulong ‘yun ay ginamit sa isang tao. Hindi ginamit kailanman! “Ngayon, may salungatan kung ganoon,” sasabihin n’yo. Hindi, wala po. Hilingin n’yo lang sa Espiritu Santo ngayon, at masdan n’yo Siya na ihahayag Ito sa inyo. Buksan n’yo ang puso n’yo.

193 Ngayon, huwag kayong kumiling. Dahil kung ganoon, hindi makikipag-usap sa inyo ang Diyos. Pero kung wala kayong pagkiling, sabihin n’yo, “Hinahanap ko talaga ang tunay na Katotohanan, Kapatid na Branham.”

194 Kung sinabi ni Jesus sa mga alagad, “humayo kayo at gawin *ito*,” at sila’y humayo at gumawa ng bagay *rito* na iba, at sa kabila nun ay pinagpala pa rin ito ng Diyos, at sa buong Biblia pa mismo. Ngayon, ang ginawa ba nila’y ‘yung sinabi sa kanila ni Jesus na huwag gawin? Kung ganoon, sumuway sila, at hindi kailanman tinatanggap ng Diyos ang pagsuway. Kung tatanggapin Niya, o di dapat sana’y tinanggap Niya si Eba at pinahinto ang buong bagay sa pasimula. Kapag may sinabi ang Diyos na anuman, marapat lang na tutuparin Niya ang Kanyang Salita; Siya ang pinaka makapangyarihan sa lahat. Kaya alinman sa nakagawa ng pagkakamali si Pedro . . .

195 “Oh,” sabi, “sabi lang ‘yan ng mga alagad.” May nagsabi pa nga, “Sabi lang ‘yan ng mga alagad. Ang gagawin ko ay kung anong sinabi ni Jesus.”

196 Buweno, kung ang ginawa ng mga alagad ay ‘yung sinabi sa kanila ni Jesus na huwag gawin, kung ganoon ano na? At kung ang mga alagad na sumulat ng Bibliang ito . . . haya’t isinulat ni Pablo ang lahat ng ito, at si Pablo pa nga ang naghikayat sa kanila na magpabautismo muli. At kung si Pablo ang nagsulat ng pinakamalaking bahagi ng Bagong Tipan na ito, kung ganoon anong uri ng Biblia ang isinulat sa inyo na sinisikap n’yong basahin?

197 Kaya ganito ang marapat nating gawin ukol Dito. Magtanong ng tunay na may kabuluhan at tingnan kung ano mismo ang sinasabi ng Salita. Ngayon, bilang edukasyon nga ito, para malaman n’yo ang Salita ng Diyos.

198 Ngayon, kung nagbautismo si Pedro sa Pangalan ni Jesus Cristo matapos na sabihin sa kanya ni Jesus na magbautismo sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo,” nakagawa siya

ng taliwas sa sinabi ni Jesus. Totoo ba? Ngayon, may kung anong bagay nga roon. Ngayon sige't alamin natin, at hilingin sa Espiritu Santo na ipakita sa atin. Ngayon, ang unang dako, ngayon kunin natin—talakayin natin ang unang Kasulatan, Mateo 28:19.

Dahil dito magsiyaon nga kayo, . . . turuan ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama, . . . Anak, . . . Espiritu Santo:

¹⁹⁹ Tingnan n'yo sa Biblia n'yo at tingnan n'yo kung ang sinasabi dun ay “sa *mga pangalan* ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.” Ganoon ba? Hindi, po. Ang sabi ba rito'y, “sa *pangalan ng Ama*, sa *pangalan ng Anak*, sa *pangalan ng Espiritu Santo*”? Sabi rito, “Sa Pangalan!” Tama ba? Buweno, ang “pangalan” ay isahan. Tama ba? Buweno, sa aling pangalan Niya gusto na magbautismo sila, sa pangalan ba ng Ama, o sa pangalan ng Anak, o sa pangalan ng Espiritu Santo? Sabi Niya, “Sa Pangalan!” Buweno, kung tutuusin, wala ni isa sa mga 'yan ay pangalan.

²⁰⁰ Ilan po ang mga ama rito? Patingin po ng kamay n'yo—kamay n'yo. Sige. Sino sa inyo ang pangalan ay “Ama”? Hindi pangalan ang *ama*; ang *ama* ay isang “titulo.” Ilan po ang mga anak dito? Oo, bawat isa, bawat lalaki, sila'y mga anak. Buweno, sino sa inyo ang pangalan ay “Anak”? Hindi 'yun pangalan; isa 'yung titulo. Tama ba? Hindi ito pangalan; isa itong titulo. Buweno, sino sa inyo ang pangalan ay “Tao”? Ilan po ang tao rito? Aba'y lahat kayo. Buweno, sino sa inyo ang pangalan ay “Tao”? Wala ngang ganoon; 'yun po'y kung ano kayo. Hindi pangalan ang Espiritu Santo; ganoon Ito. Isa akong tao. Kaya ang Ama, Anak, ni Espiritu Santo ay hindi “pangalan”; tatlong *titulo* lang ang mga ito na pumapatungkol sa isang Pangalan.

²⁰¹ Ngayon pakinggan n'yong maigi. Ano . . . Tingnan n'yo rito! Linawin ko ito sa pambatang paraan. Kung sasabihin n'yo, buweno, halimbawa nagbabasa kayo ng isang—isang kuwento, at sabi dun, “Sina John at Mary ay nabuhay nang maligaya kailanman.” At mapapaisip kayo, “Sino si John at Mary?” Buweno, ang tanging paraan para makilala n'yo kung sino sina John at Mary, ay balikan at basahin n'yo ang simula ng kuwento at tugaygayin ito. Tama ba?

²⁰² Buweno, kung sinabi ni Jesus dito, “Magbautismo sa Pangalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo,” at ang Ama ay hindi pangalan, at ang Anak ay hindi pangalan at ang Espiritu Santo ay hindi pangalan, ano, Sino ang Lalaking ito? Gusto nating malaman kung Sino Siya. Ngayon, ang pinakamainam na dapat gawin . . . Yan nga'y nasa huling kabanata ng Mateo, 'yung huling talata. Dapat tayong bumuklat sa unang kabanata ng Mateo, at sa unang mga talata, at magsimula roon, alamin kung Sino itong

Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ngayon, gusto ko ring ilahad ito para sa mga bata rryan, para makuha rin nila ito.

²⁰³ Unang bagay, itutuwid kayo nito sa iyong “trinidad,” Ama, Anak, Espiritu Santo. Ngayon, unang-una, wala ni isang dako sa Biblia na ang *trinidad* ay nabanggit kailanman. Kung makakita kayo sige’t ipakita n’yo sa akin. Walang ganoong bagay. Pagkakamali ito ng Katoliko, at kayo na mga Protestante’y niyuyukuan ito. Pansinin. Ngayon, ano *ito*? Sinabi ko na *ito* ay Sino? Ama. *Ito* ay Sino? Anak. At *ito* ay Sino? [Sinasabi ng kongregasyon, “Espiritu Santo.”—Pat.] Ngayon, ang Ama ay Ama Nino? Ng Anak. Tama ba? Ngayon, *ito* ang Ama ni Jesus. Huwag n’yo silang paghaluin, ngayon. *Ito* rito ang Ama, *ito* ang Anak, at *ito* ang Espiritu Santo. Tama ba? Ngayon, ang pagkakaintindi rito ng mga tao, “Tatlong magkakaibang tao, tatlong magkakaibang Diyos, tatlong magkakaibang personalidad.” Hindi nga nakapagtataakang hindi Ito maunawaan ng Judio! Buweno.

²⁰⁴ Mateo sa unang kabanata, nagsimula sa talaan ng lahi ni Jesus Cristo, “Naging anak ni Abraham si Isaac, naging anak ni Isaac si Jacob,” at kung anong mga sumunod pa, pababa, hanggang sa makarating sa ika-18 talata.

Ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo . . .

²⁰⁵ Heto ito, sa ika-18 talata.

Ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo . . . (sundan n’yo po ako sa Biblia n’yo) . . . ang pagkapanganak sa Lalaking ito na si Jesus Cristo ay ganito: Nang . . . si Maria na kaniyang ina ay magasawa kay Jose, . . . nasumpungang siya’y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng . . . (Diyos, Ama ba?)

Tama ba ang basa ko Rito? Anong sinasabi Nito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Ng Espiritu Santo!”—Pat.] Nasumpungang nagdadalang-tao sa Anak Nino? [“Ng Espiritu Santo.”] Akala ko ba sinasabi nila na ang Lalaking *ito* ay ang Kanyang Ama? Sinabi ng Biblia na ang Lalaking *ito* ang Kanyang Ama.

. . . nasumpungang siya’y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

²⁰⁶ Ngayon anong uri ng bata ’yang mayroon kayo rryan? At malinaw na sinabi ni Jesus na ang Diyos ang Kanyang Ama. Tama ba? Ang Diyos ang Kanyang Ama! Buweno, anong kinalaman ng Espiritu Santo rito kung ganoon? Kung sinabi ng Biblia na ang Espiritu Santo ang Kanyang Ama, at sinabi ni Jesus na ang Diyos ang Kanyang Ama; at sinasabi n’yo na ang Diyos ang Kanyang Ama, at ngayon sinasabi ng Biblia, dito. Kung tatlo, dalawang magkakaibang persona, aba’y wala palang kinalaman ang Diyos dito. Ang Espiritu Santo ang Kanyang Ama.

207 Ngayon bumasa pa tayo nang kaunti.

...si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid, at ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiya na hiwalayan siya ng lihim.

Datapuwa't, narito, samantalang pinagiisip niya ito, ...ang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa kaniya sa panaginip, na nagsasabi, Jose, anak ni David, huwag kang mangamba. ...sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo. (hindi Diyos Ama; Diyos Espiritu Santo!)

208 Nakita n'yo na kung saan pupulutin 'yang maka-trinidad n'yong ideya? Ibubunsod n'yan si Jesus na maging isang ilehitimong anak. Tunay. Mali 'yun! Walang Kasulatan para dun. Ngayon, kinakailangan n'yong aminin na ang Diyos Ama at Diyos Espiritu Santo, ay siya ring Persona, o kung hindi'y si Jesus ay may dalawang magkaibang tatay. Tama ba? Siyempre naman, tama. Ang sabi ng Biblia, "Ang Espiritu Santo ang Kanyang Ama," at ang sabi ng Biblia, "Ang Diyos ang Kanyang Ama." Ngayon, sino ang Kanyang Ama? Ang Espiritu Santo at ang Diyos ay siya ring Espiritu; Ito'y ang pareho ring Yun.

...nangyari nga ang lahat ng ito, upang maganap ... ang sinalita ng propeta, sa pamamagitan ng Panginoon, na nagsasabi,

...isang dalaga ang maglilihi ...at manganganak ng isang bata, at sila ... (itong Isa)

...at ang pangalang itatawag nila sa kaniya'y JESUS: sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa mga kasalanan nito.

At ang lahat ng ito ay nangyari, upang maganap ito, ...

...at ang kaniyang pangalan na itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel, na kung liliwanagin, ay sumasa atin ang Dios.

209 Ngayon, Sino ang Ama, Anak, at Espiritu Santo? Nagkamali ba si Pedro? Ginawa lang niya ang sinabi sa kanya ni Jesus. Tatlong titulo 'yun.

210 Isa akong ministro, at isa akong ama, at ako'y isang "Reverend," ang tawag nila rito, isang titulo, pero hindi 'yang mga 'yan ang pangalan ko. Ang pangalan ko ay William Branham.

211 Siya ang Ama, Siya ang Anak, Siya ang Espiritu Santo. Sinisikap n'yong igiit 'yang tatlong Diyos, kaibigan; mali 'yan; maling-mali.

212 Tatlong dispensasyon ang napaghalo-halo ng mga makatrinidad. Ang Diyos, Ama, ay ang Espiritu noon na nasa ibabaw ng mga anak ni Israel sa Haliging Apoy. Tama ba? Naroon ang Diyos. Pagkatapos ang Diyos ay nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin (tama ba?) sa Kanyang Anak. Ngayon Siya'y bumaba hanggang sa Siya'y pumasok mismo sa puso ng tao, sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

213 Ang Diyos ay parang isang panukat na tatlong-talampakan, o, panukat na tatlong-talampakan, oo. Yung unang labingdalawang pulgada ay ang Diyos, Ama; 'yung pangalawang labingdalawang pulgada, ang Diyos, Anak, na siya ring Diyos; 'yung pangatlong labingdalawang pulgada ay ang Diyos, Espiritu Santo, na siya ring Diyos. Sabi ni Jesus. . .

214 Sasabihin n'yo, "Buweno, kamit namin ang Espiritu Santo." Tama.

215 Pero sinabi ni Jesus, "Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. Pero makikita n'yo Ako, dahil Ako. . ." "Ako" na isang panghalip panao. "Ako'y sasama sa inyo, sasainyo, hanggang sa katapusan ng mundo." Nasaan diyan ang Espiritu Santo? "Hindi Ko kayo iiwang mag-isa; Ako'y babalik at sasama sa inyo." Ganoon nga.

216 Kita n'yo, minamali kayo ng pagkakaintindi, kaibigan. Ito'y isang Diyos sa tatlong dispensasyon. Ang dispensasyon ng pagka-Ama, pagka-Anak, at Espiritu Santo, Ito'y ang siya ring Diyos. At noong sabihin Niya, "Humayo kayo at bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, at ng Espiritu Santo," si Jesus Cristo ang ibig sabihin nun. At 'yan ang dahilan kung bakit siya nagbautismo sa Pangalan ni Jesus.

217 Ngayon tingnan n'yo, sige't tingnan natin ang mga bautismo rito. Ang unang beses na nabanggit ang bautismo sa Bagong Tipan, ay kay Juan Bautista. Tama ba? Sige't ilalagay ko 'yan dito. Kita n'yo, kinakailangan n'yong maituwid 'yang pagkaunawa n'yo sa pagka-Diyos bago n'yo maituwid ang pagbabautismo. *Heto* si Juan Bautista, unang bautismo.

218 Ang ikalawang beses na nabanggit ang bautismo, ay sa Mga Gawa 2:38, kung saan nabautismuhan sila sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa bagong iglesya. Yung pangalawang lugar ay sa bahay ni Cornelio, o hindi po pala. . . Ipagpaumanhin n'yo, sa mga taga-Samaria, Mga Gawa 7:48 at 49. At Mga Gawa 10:49 ay kung saan niya sila binautismuhan sa bahay ni Cornelio. At 'yung sumunod na beses na nabanggit ang bautismo, at pagbanggit ng anumang pangalan o mga titulo, ay doon sa Mga Gawa 19:5.

219 Ngayon, noong mabautismuhan sila noong Araw ng Pentecostes, nabautismuhan sila, Mga Gawa 2:38, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Tama ba? Isulat n'yo, hanapin n'yo.

220 Ang kasunod, nagtungo si Felipe, dalawang araw ang nakalipas, at nagsimulang mangaral sa mga taga-Samaria; at

nangaral siya sa kanila, at pinagaling ang mga maysakit, at nagdaos ng malaking pagtitipon doon, at binautismuhan sila sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Nagtungo roon si Pedro at pinatungan sila ng mga kamay; tinanggap nila ang Espiritu Santo.

²²¹ Nagtungo si Pedro doon sa ibabaw ng bahay makalipas ang ilang araw, gutom siya, nakakita siya ng isang pangitain. Ipinadala siya ng Diyos sa bahay ni Cornelio. At, “Habang sinasalita pa ni Pedro ang mga Salitang ito, bumaba ang Espiritu Santo sa kanila,” at nagsimula silang magsalita ng iba’t ibang wika at tuluy-tuloy gaya ng ginawa nila roon noong una. Sabi ni Pedro, “Hindi pa sila nababautismuhan.” Kaya inutusan niya sila, bawat isa, na magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo.

²²² Bawat tao sa Biblia’y nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Si Pablo . . . O ang ibig kong sabihin, ang mga alagad ni Juan ay hindi nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, sila’y nabautismuhan ukol sa pagsisisi. Bumuklat tayo sa Unang Mga Taga-Corinto . . . O ang ibig kong sabihin, bumuklat tayo sa Mga Gawa, sa ika-19 na kabanata, pansumandali. At basahin n’yo ito pansumandali para makita n’yo, mga kaibigan, na hindi ito—hindi ito . . . Hindi sila . . . hindi sinasalungat ng Kasulatan ang Sarili Nito. Tingnan n’yo rito:

At nangyari, na, samantalang si Apolos ay nasa Corinto, si Pablo . . . pagkatahak niya ng mga lupaing matataas ng . . . Efeso: nasumpungan niya ang ilang mga alagad,

At sa kanila’y sinabi niya, Tinanggap бага ninyo ang Espiritu Santo mula nang kayo’y magsisampalataya? . . . sinabi nila . . ., hindi man lamang namin narinig na may ibinigay na Espiritu Santo.

. . . sinabi niya . . . kung gayo’y sa ano kayo binautismuhan? Oh, sinabi nila, nabautismuhan na kami. Sabi, Sa papaano? Sinabi, Sa bautismo ni Juan.

Sinabi niya, nagbautismo lamang si Juan ng bautismo ukol sa pagsisisi, sinasabi . . . na siya’y manampalataya sa Kanya na darating . . . sa makatuwid бага’y, sa Panginoong Jesus Cristo.

At nang kanilang marinig ito, ay muling nangagpabautismo sila sa pangalan ni Jesus Cristo.

. . . si Pablo . . . nang maipatong niya sa kanila ang kaniyang mga kamay, at bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila’y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula.

²²³ Ang dakilang si San Pablo . . .

224 Pakinggan n'yo! Paano kung nabautismuhan kayo ni Juan Bautista, ang siya ring lalaki na nagbautismo kay Jesus Cristo? Isang banal na lalaki, na nasabi mismo ni Jesus, "Wala pang taong ipinanganak ng babae, na kasing dakila ni Juan Bautista." Siya ang pinaka dakila sa lahat ng mga propeta. Pinangunahan niya si Jesus sa tubig at binautismuhan Siya mismo sa Jordan. Kapatid, kung nabautismuhan niya ako, grabeng maluwalhati ang mararamdaman ko tungkol dun. Tama ba?

225 Pero bumaling si Pablo at nagsabi, "Hindi na 'yan uubra ngayon!" Sabi, "Kinakailangan n'yong mabautismuhan muli, uli."

226 "Oh, nailubog na kami, siyanga, Pablo! Nailubog na kami ni Juan, doon mismo sa Ilog ng Jordan."

227 Sabi niya, "Hindi na 'yan uubra ngayon. Kinakailangan n'yong mabautismuhan muli."

"Sa papaano?"

228 Sabi, "Nagbautismo si Juan ukol sa pagsisisi. Ito nama'y para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at walang ibang pangalan sa ilalim ng Langit ang ibinigay sa gitna ng tao, tanging ang Pangalan lamang ni Jesus Cristo." At kinakailangan nilang mabautismuhan muli, uli, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

229 At wala ni isang dako man sa Biblia, o sa buong kasaysayan sa loob ng unang animnaraang taon matapos ang kamatayan ng huling alagad, na nagbautismo sila sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo.

230 At sige't tanungin n'yo ang sinumang Katolikong pari na gusto n'yo, tanungin n'yo sila kung sino ang nagbago nun, at tingnan n'yo kung anong sasabihin nila sa inyo. Sige't kunin n'yo ang katesismo at basahin ito; sinasabi dun, "Tunay, may ilang mga Protestante ang maliligtas dahil yumuyuko sila sa pagbabautismo natin." Binago nila ito. Sinasabi nila na nasa kanila ang kapangyarihan at kapamahalaan para gawin ito, at pinaniniwalaan n'yo ito! Yan ang sinasabi nila, 'yan ang inaangkin nila, 'yan ang niyuyukuan ng iglesyang Protestante. Pero, batay sa Kasulatan, ganap itong wala maski katiting na Kasulatan na nakapaloob.

Kinakailangan nilang maulit na mabautismuhan, sa Pangalan ni Jesus Cristo!

231 Ngayon pakinggan n'yo, bilisan na natin ngayon, para matapos na natin. . . Ayaw ko kayong patagalin nang masyado sa mga tanong na ito. Tingnan n'yo, noong araw na bumaba si Jesus mula sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo kasama ang Kanyang mga alagad, sabi Niya, "Ano ang sinasabi ng mga tao kung sino Ako, at ano ang sinasabi nila?"

232 “May ilan na nagsasabi na Ikaw raw si ‘Juan Bautista,’ may ilan na nagsasabi na Ikaw raw si ‘Elias,’ may ilan na nagsasabi na Ikaw raw ‘ang propeta.’”

Sabi Niya, “Pero ano ang sinasabi n’yo kung sino Ako?”

233 At ang sabi ni Pedro, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos!”

234 Sabi Niya, “Mapalad ka, Simon—Simon Bar-Jonas,” sabi, “sapagkat hindi ito inihayag sa iyo ng laman at dugo. Hindi mo ito natutunan sa kung anong iglesya, hindi mo ito natutunan sa kung anong seminaryo. Bagkus inihayag ito sa iyo ng Aking Ama, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya at ang mga pintuan ng impyerno’y hindi makapapanaig laban Dito.”

235 Ngayon, sinasabi ng iglesyang Katoliko, “Si Pedro ‘yun. May bato sila roon, at naroon pa rin ‘yun sa ilalim ng Vatican City.” At samantalang ‘yun ay Jerusalem, o Palestina. At sinabi nila na ‘yun daw ang bato.

236 Sinasabi ng iglesyang Protestante, “Kay Pedro itinayo ang Iglesya.” Kung ganoon, diba’t tumalikod ito nang ilang araw lang pagkatapos nun. Hindi ‘yun ‘yun.

237 Ang Iglesya’y itinayo sa ibabaw ng Makalangit na kapahayagan ng Diyos. “Hindi ito inihayag sa iyo ng laman at dugo, Pedro, kundi ng Aking Ama na nasa Langit ang naghayag nito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito, sa espirituwal na kapahayagan ng Salita ng Diyos, itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno’y hindi makapapanaig laban Dito.”

238 Kaya nasasabi ko, Luther, Methodist, at anuman kayo, anuman, Pentecostal, at kung ano man kayo, walang diperensya; kapag ang Iglesya ng Diyos ay uusad mismo, sa kapangyarihan ng inspirasyon, siya’y uusad nang uusad nang uusad nang uusad. At walang denominasyon ang makapipigil Dito, walang kahit anong bagay sa mundo ang makapipigil Dito. “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno’y hindi makapapanaig laban Dito.” Espirituwal, na nahayag na Katotohanan!

239 Ngayon masdan n’yo ngayon ang kasunod, ang sabi Niya, “At ikaw si Simon, at ibibigay Ko sa iyo,” dahil taglay niya ang espirituwal, na nahayag na Katotohanan. Yan ang dahilan kung bakit alam niya ang pagkakaiba ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, at Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. May espirituwal siyang kapahayagan. Yan ang inuunawa n’yo ngayong gabi, kung saan ang Espiritu Santo’y binubukas ito mismo sa atin.

240 Sabi Niya, “Ikaw si Simon, at ibibigay Ko sa iyo ang mga susi ng Kaharian ng Langit. At anuman ang talian mo sa lupang ito, ay tatalian Ko sa Langit. Anuman ang kalagan mo sa lupang

ito, kakalagan Ko sa Langit.” Sinabi ba Niya ito? San Mateo, sa ika-16 na kabanata, “Anuman ang talian mo sa lupa, ay tatalian Ko sa Langit. Anuman ang kalagan mo sa lupa, kakalagan Ko sa Langit. At ibibigay Ko sa inyo ang mga susi ng” (ano?) “ng Kaharian ng Langit.” Ano ang Kaharian ng Langit? Ang Espiritu Santo! Ang sabi ng Biblia, “Ang Kaharian ng Langit ay nasa loob ninyo. . .” O ang ibig ko pong sabihin, “ang Kaharian ng Diyos,” pasensya na po. “Ang Kaharian ay nasa loob ninyo.”

²⁴¹ Ngayon ang sabi Niya, “May ilan na nakatayo rito ang hindi makikita ang kamatayan hanggang sa makita nila ang Kaharian ng Diyos na dumarating sa kapangyarihan.” Ilang araw lang pagkatapos nun, dumating ang Pentecostes. Kita n’yo? “May ilan na nakatayo rito,” doon mismo sa siya ring ta- . . . bagay na sinasabi Niya rito. “May ilan sa inyo na nakatayo rito,” Matapos Siyang nagbagong-anyo, sabi, “ang hindi makikita ang kamatayan hanggang sa makita n’yo ang Kaharian ng Diyos na dumarating sa kapangyarihan.”

²⁴² Ang sabi ng Biblia, “Ang Kaharian ay nasa loob ninyo.” Noong bumangon si Jesus mula sa patay, alalahanin n’yo, nasa tagiliran Niya ang mga susi ng kamatayan at impyerno, hindi mga susi ng Kaharian, na ibinigay sa Iglesya. Ngayon, nakay Pedro ang mga susi. Naniniwala ba kayo na tutuparin ni Jesus ang Kanyang Salita? Kung hindi Niya gagawin, kapatid, hindi Siya Diyos! Ganoon ’yun. Ngayon, ang sabi Niya, “Pedro, ibibigay Ko sa iyo ang mga susi ng Kaharian,” sa madaling sabi, “ang Espiritu Santo. Anuman ang talian mo sa lupa, ay tatalian Ko sa Langit.”

²⁴³ Ngayon tingnan n’yo ang pagkakamali na nagawa nila, lumalabas at nagpapatawad ng mga kasalanan, at iba pang gaya nun. Grabeng pagkakamali! Tingnan natin. Inilagay nila ang mga susi sa kanya. Ngayon, itinuon ni Jesus ang kanyang mukha nang diretso sa Pente- . . . o diretso mismo sa Jerusalem.

²⁴⁴ Ipinako Siya sa krus, namatay, bumangon nang ikatlong araw, nasa lupa nang apatnapung araw sa gitna ng mga tao, umakyat sa Langit. Sinabi sa kanila na maghintay hanggang sa makita nila ang Kaharian ng Diyos na dumating sa kanila, na sa panahon na ’yun ay ipapanauli ng Ama ang Kaharian sa isang espirituwal na anyo sa kanila. Nagtungo sila sa bayan ng Jerusalem at naghintay roon nang sampung araw at gabi, at, bigla na lang, ang bautismo ng Espiritu Santo, ang Kaharian ng Diyos, ay dumating na may lakip na kapangyarihan sa kanila. Tama ba?

²⁴⁵ Ngayon masdan! Si Pedro, di edukado, ni di man lang maipirma ang sarili niyang pangalan (isang papa? Oo, isang papa kanyo), tumuntong sa ibabaw ng maliit na kahon o kung ano’t nagsimulang mangaral. Sabi Niya, “Kayo na mga kalalakihan ng Judea at kayo na mga naninirahan sa Jerusalem, maalaman

n'yo ito, at pakinggan n'yo ang Mga Salita ko. Ang mga taong ito'y hindi lasing gaya ng inaakala n'yo, yamang ikatlong oras pa lang ng araw, pero ito nga yaong ipinangusap ng propetang Joel. 'Mangyayari sa huling mga araw,' sabi ng Diyos, 'Ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman. Ang inyong mga anak na lalaki't mga anak na babae'y magsisipropesiya, at sa Aking mga lingkod na babae at mga alila ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu at sila'y magsisipropesiya. Magpapakita Ako ng mga kababalaghan sa langit sa itaas; at sa lupa sa ibaba, apoy, mga haliging apoy, at mga singaw ng usok.'" Nagpatuloy siya, at nangusap tungkol kay David at iba pa. At noong tumayo roon ang mga kritiko. . .

246 Sabi pagkatapos, "Kalalakihan at mga kapatid, anong maaari naming gawin para maligtas?"

247 "Oh, ingat ka, Pedro, nandiyan na nakasabit ngayon ang mga susi." Tama ba? Ang unang Ebanghelyong mensahe!

248 Si Jesus, ilang araw bago 'yun, bago Siya ipinako sa krus, ay nagsabi, "Pedro, ibibigay Ko sa iyo ang mga susi. Anuman ang talian mo, tatalian Ko ito; anuman ang kalagan mo, kakalagan Ko ito. Ngayon, anuman ang gawin mo, kikilalanin ko ito sa Langit." Kung Siya'y Tapat sa Kanyang Salita, tutuparin Niya ang Kanyang Salita!

249 At heto si Pedro na nakatayo rito, ang Espiritu Santo'y bumaba sa unang pagkakataon Nito, at tinanong si Pedro, "Anong maaari naming gawin para maligtas?"

250 "Ingat ka, isusuksok mo na ang susi sa Kaharian sa unang pagkakataon. Sinabi sa inyo ni Jesus, mga ilang araw ang nakararaan, sampung araw ang nakararaan, ang sabi, 'Humayo kayo at bautismuhan ang mga tao sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo.' Anong gagawin mo? Pero ibinigay Niya sa iyo ang mga susi dahil may espirituwal kang kapahayagan! 'Sapagkat ang Iglesya Ko ay itatayo, at ang mga pintuan ng impyerno'y hindi makapapanaig laban Dito.'"

251 Haya't kunin n'yo na ang mga kredo't dogma n'yo, at anuman 'yan na nais n'yo, pero kahabag-habag na babagsak 'yan (bumagsak na nga), pero ang kapangyarihan ng buhay na Diyos ay uusad at uusad, patungo sa Walang Hanggan. Gaya ng guhit ng radium, Siya'y uusad, pansinin, nang walang katapusan.

252 "Pedro, nasa iyo ang mga susi. Anuman ang gawin mo rito, kikilalanin at kikilalanin ito ng Diyos sa Langit." Tama ba? "Anong sasabihin mo, Pedro? Anong maaari naming gawin para maligtas?"

253 Sabi ni Pedro. . .Huwag kayong uusal ng, "*Aba Ginoong Maria*," walang ganyang bagay, na *magnonobena*. Huwag kayong lalapit at makikipagkamay at ilalagay ang pangalan n'yo sa aklat ng simbahan at hahayaan sila na wisikan kayo ng

kaunting tubig; walang ganyang bagay. Katolikong dogma 'yan na niyuyukuan ng iglesyang Protestante.

²⁵⁴ Hindi niya sinabi, “Lahat kayo’y pumunta . . . Ngayon, sinabi sa akin ni Jesus, mga ilang araw na ang nakalipas, na lahat kayo’y humayo at magpabautismo sa pangalan ng ‘Ama, Anak, at Espiritu Santo.’” Hindi 'yan gagawin ng isang lalaking may espirituwal na kapahayagan, hindi niya sasabihin ang ganyan.

²⁵⁵ Sabi niya, “Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, at maging sa ilan man na tatawagin ng Panginoon nating Diyos.” Yun 'yun. Haya't ang susi'y isinuksok at ikinandado, ikinandado sa Langit!

²⁵⁶ Yan ang dahilan kung bakit sinabi ni Pablo sa mga alagad ni Juan, “Kinakailangan n'yong mabautismuhan muli, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para tanggapin ang bautismo ng Espiritu Santo.”

²⁵⁷ Hindi n'yo pa Ito alam noon, pero ngayon alam n'yo na Ito! Huh! Ays lang 'yan. Kayo ang magpasya. Totoo. Pero ang makatrinidad, na triune na pagbabautismo'y di kailanman kinilala sa Iglesya, sa Bagong Tipan; sa iglesyang Katoliko lamang, at yumuyuko ang iglesyang Protestante rito. Masdan! Maraming tao ang lalayo ang loob nila sa inyo dahil diyan. Pero, kapatid, kinakailangan mong bumuo ng pasya.

²⁵⁸ Ngayon sasabihin n'yo, “Kapatid na Branham, nabautismuhan ako sa pangalan ng ‘Ama, Anak, at Espiritu Santo.’ Natanggap ko ang bautismo ng Espiritu Santo.”

²⁵⁹ Hindi ko pinagdududahan ang sinasabi mo. Wala akong dahilan para pagdudahan ang sinasabi mo; naniniwala ako. Naniniwala ako na pinagkalooban sila ng Diyos ng Espiritu Santo, doon bago pa sila mabautismuhan mismo; pero noong sabihin sa kanila ni Pedro kung anong gagawin, tumalima sila't ginawa 'yun. Ganoon nga. Ngayon alam n'yo na kung anong dapat gawin, siyanga; at kung tatanggi kayo na lumakad sa Liwanag yamang sumisinag na ang Liwanag, bumabaling kayo sa kadiliman. Tama! Amen! Buweno. Ipagpaumanhin n'yo. Ayaw ko sanang magpaumanhin dahil sa paghiyaw ko ng “siya nawa” sa Salita ng Diyos. Hindi, po. Sisigaw at sisigaw ako ng “amen” uli. Tama. Siyanga, po.

Bakit dapat magbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, Kapatid na Branham? Bakit 'yun ang ginagawa mo sa halip na sa “Ama, Anak, Espiritu Santo”? Dahil 'yun ang itinuturo ng Biblia! Malinaw na po ba?

Bakit naghuhugas kayo ng paa, Kapatid na Branham? Dahil 'yan ang itinuturo ng Biblia. Naniniwala ako sa buong Ebanghelyo. Buweno, ngayon.

Ano po 'yung maling pagbabautismo na tinutukoy mo? Ito na po 'yun. Ito na mismo 'yun. Wala... Basahin n'yo uli sa Tipan at maghanap kayo ng isang tao na...

²⁶⁰ Ngayon sa inyo na mga minamahal, hindi ko sinasaktan ang damdamin n'yo, ayaw ko ng ganoon. Hinihiling ko sa inyo na maging mapagpakumbaba at huwag... Harapin n'yo ang bagay na ito nang harapan, at tingnan n'yo kung ano mismo ito. Tingnan n'yo nang harapan sa Biblia, hindi sa inyong iglesya o sa kung anong hangal, na mangmang na bagay na sumulpot na lang sa isip ng kung sino, bagkus tumingin kayo sa Salita ng Diyos. Siyang tunay!

²⁶¹ Sa palagay n'yo ba ibibigay sa akin ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang pagmiministeryo na pinalalaganap Niya sa palibot nang paganito, na may kalakip na mga sobrenatural na mga tanda't mga bagay na hindi pa nakikita mula noong Bagong Tipan, tapos hahayaan akong lumakad sa kamalian gaya nun? Tunay na hindi! At, kapatid, sa pagbalik ko mula sa ibayong-dagat, gugugulin ko ang pinakamalaking bahagi ng panahon ko hindi sa Makalangit na mga pagpapagaling at mga himala kundi sa pangangaral ng Salita ng Diyos. Ganoon nga mismo. Tunay. Ngayon tingnan natin.

38. Itinuturo ba ng iglesyang ito na kailangan mong magsalita sa iba't ibang wika para matanggap ang Espiritu Santo?

²⁶² Hindi, po. Hindi, hindi namin itinuturo. Ang pagsasalita sa iba't ibang wika ay isang kaloob ng Espiritu Santo, kita n'yo, hindi ang Espiritu Santo. Isa itong kaloob. Ang Punongkahoy na ito'y namumunga ng siyam na bunga. Tama ba?

²⁶³ Kung titingnan n'yo ang puno ng mansanas, may mga bungang mansanas, masasabi n'yo na isa itong puno ng mansanas. Tingnan n'yo ang isang puno, may mga peras ito, sasabihin n'yo na isa itong puno ng peras. Kahit na ang balat pa nun ay sikomoro, at may mga peras, ang buhay nga nun ay ano? Ang buhay nito'y buhay ng puno ng peras. Tama ba?

²⁶⁴ Ngayon, itong Punongkahoy ng Diyos ay namumunga ng siyam na espirituwal na mga bunga. Tama ba? Buweno. May iba't ibang... Sabi, "Ang isa'y binigyan ng pagtuturo... kaalaman, karunungan, kaunawaan, at pagsasalita sa iba't ibang wika, pagpapaliwanag ng mga wika," siyam na iba't ibang espirituwal na mga kaloob ang nagbubunga sa Punongkahoy ng Diyos. Tama ba? Buweno, ngayon, ang pagsasalita sa iba't ibang wika ay hindi lang 'yun ang nag-iisa, may iba pa rin doon, siyanga.

²⁶⁵ Ngayon maaari nga kayong magsalita ng iba't ibang wika at hindi pa rin taglay ang Espiritu Santo. Ngayon, tandaan n'yo 'yan. Naroon ako mismo sa... Nakakita na ako ng mga mangkukulam at salamangkero na nagsasalita sa iba't ibang wika, at wala silang taglay na Espiritu Santo. Alam n'yo, nakita

ko mismo sila na naghihiyawan at nagtatatalon, at wala silang taglay na Espiritu Santo. Tumayo ako sa sayaw-ng-mais dito di pa katagalan, sa dako ng...at munting liblib na dako sa Douglas, Arizona, sa dako roon. Napanood ko 'yung sayaw-ng-mais na 'yun noong magdaos sila ng ganoon dun, at lumabas 'yung salamangkero roon at kung ano ang pinaggagawa, at lahat, pasaliw-saliw at nagtatapal ng putik sa buong katawan niya roon. Hindi ibig sabihin nun na ligtas siya. Ang lalaking 'yun ay isang—isang albularyo.

²⁶⁶ Tumayo ako sa India...sa Aprika at nakakita ako ang mga albularyo na lumalapit at hinahamon ako nang paganoon, gamit ang mga pagi-engkanto nila, at umiinom pa ng dugo mula sa bungo na isang tao. Ganoon nga. Siguraduhin n'yong alam n'yo talaga ang sinasabi n'yo kapag haharap kayo sa ganoon. Pero nasaksihan ko mismo ang kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat na iginapos ang tao na 'yun hanggang sa di siya makagalaw. Mangyari nga, na ang mga mata niya'y nangingintab nang paganoon, at binitbit nila siya palayo. Siyanga, po.

²⁶⁷ Kapatid, ang Diyos ay totoo! Siyanga. Pero ang Diyos ay isang Espiritu, hindi lang nalilimitahan sa pagsasalita ng iba't ibang wika, o sa *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Sinasabi ko na sinumang tao na...Yan ang problema sa iglesia rito. Kita n'yo, kayo...Ang Pentecostes ay nagpakalabis sa isang bagay na 'yun. Pinupuntahan nila ang mga tao...Tapos sa halip na—na patungan sila ng mga kamay, at ang mga tao'y tatanggap ng Espiritu Santo, pinapaluhod nila sila sa may altar at dadagok-dagukan sila sa likod at sisigaw, “Magsalita ka! Magsalita ka! Magsalita ka!” At magsasalita nga ng isang salita nang paulit-ulit, hanggang sa kalituhan ang matatamo nila't hindi mga wika.

²⁶⁸ Kung ang isang taong tunay na taglay ang Espiritu Santo'y ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, mamumuhay siya ng isang maka-Diyos na buhay. Ang ilan sa kanila'y namumuhay ng karima-rimarim na pamumuhay, at alam n'yo 'yan, at pinatutunayan ng kanilang mga bunga na hindi talaga sila. Sinabi ni Jesus, “Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila.” At ang bunga ng Espiritu ay hindi pagsasalita sa iba't ibang wika, isa 'yung kaloob ng Espiritu.

²⁶⁹ Hindi kailanman sinabi ni Pedro, “Mangagsisi kayo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, tatanggapin ninyo ang Espiritu Santo.” Ang sinabi niya, “Tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo,” noong marinig nila ang iba't ibang mga wika na ito at pagsasalita ng mga tao. Isa 'yun sa mga kaloob ng Espiritu Santo na natanggap nila. Amen. Buweno. Kinakailangan na nating bilisan.

39. May dalawa akong anak na lalaki (ang isa'y, dalawang taon; 'yung isa'y, limang taon), at sila'y winisikan. Kailangan ba

nilang mabautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog?

²⁷⁰ Buweno ngayon kapatid na babae o kapatid na lalaki, sinuman kayo, nasa sa inyo na 'yan. May munting anak na babae ako... Ang munti kong anak na lalaki, si Billy Paul, siya'y labing-anim na taong gulang, at binautismuhan ko siya sa Pangalan ng Panginoong Jesus dito mismo. Ang munti kong anak na babae'y walong taong gulang. Lumapit siya sa akin at naupo sa kandungan ko, at sabi niya, "Daddy, gusto kong manampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, at gusto kong—gusto kong mabautismuhan." At binautismuhan ko ang munting batang babae sa edad na walong taong gulang. Kapag, kung gusto ng maliliit na bata na magpabautismo, bautismuhan n'yo sila. Kung hindi, siyanga, kung sila'y... sige't gawin n'yo, nasa sa inyo na, anuman ang sabihin ng Panginoon.

40. Sila lamang ba na may bautismo ng Espiritu Santo ang makakasama sa Pag-agaw ng Iglesia, o lahat ba ng mga mananampalataya'y ang kasama?

²⁷¹ Wala tayong...wala tayong sapat na oras para talakayin 'yan nang maigi. Pero, kapatid, tanging ang Espiritu Santong Nobya lamang ang makakasama sa Pag-agaw. Kita n'yo? Ang Biblia...?...na ang iba'y hindi maliligaw.

²⁷² Tingnan n'yo! Sino ang hahatol sa lupa? Mga banal. Sabi ni Daniel, "Nakita ko Siya, na dumating sa Matanda sa Panahon, at—at Siya'y dumating kasama ang sampung libong makasampung libo na Kanyang mga Banal." Tama ba? Ang Pag-agaw, aalis ang Iglesia. Tapos bababa sila, at sisimulan ang Paghahatol.

²⁷³ At ang mga Aklat ay nabuksan. Tama ba? At isa pang Aklat ang nabuksan, 'yun 'yung Aklat ng Buhay, ang pinaging banal na mananampalataya na hindi nakakatanggap ng Espiritu Santo.

²⁷⁴ Hindi ba't itinuro ni Jesus na may sampung birhen na lumabas para salubungin ang Kasintahang Lalaki? At lima sa kanila...o lahat sila'y birhen, dalisay, banal. At sila, ang mga *ito*, ay natulog at walang Espiritu Santo; at ang mga *ito* nama'y may Espiritu Santo at may Langis sa kanilang ilawan. At nang dumating ang Kasintahang Lalaki, dumating ang Tinig, na sumisigaw, sabi nila, "Oh, pumasok na tayo. Bigyan n'yo kami ng kaunti n'yong Langis!"

²⁷⁵ Sabi niya, "Pumunta kayo sa kanila na nagbibili, manalangin, kunin n'yo na Ito ngayon." Pero hindi nila nagawa. At habang wala sila, ang—ang mga birhen ay pumasok sa Hapunan ng Kasalan, at sila'y iwinaksi sa kadiliman sa labas, kung saan sila'y umiiyak at tumangis at may pagngangalit ng mga ngipin. Hindi ba't ang Apocalipsis, kagabi, sa ika-12 kabanata, noong isang gabi bago itong huli, itinuro dun na ang pulang dragon ay magbubuga ng tubig mula sa bibig nito para makipagdigma sa *nalabi* sa Binhi ng babae, na may

pananampalataya sa Diyos at sumunod sa mga utos ni Jesus Cristo?

²⁷⁶ Sa inyo na mga kababaihan, kapag naglalapat kayo ng padron. Magandang piraso ng tela mismo, siya ring tela ito, pero ipinupwesto n'yo nga nang *paganito* at ipinapatong 'yung padron n'yo sa puwesto kung saan gugupitin n'yo ito. At pagkatapos ginugupit n'yo. Kayo ang nagpapasya. Anupa't kukunin n'yo 'yung tela na ginupit n'yo, para 'yun ang gamitin sa paggawa ng damit, at may bahagi lang na gagamitin. Kasing inam 'yun nung magandang tela gaya nung iba pa nito, pero sa pamamagitan ng paghirang ay pinili n'yo *ito*. Tama ba? Yung iba pa nun ay kasing banal at kasing inam, at kasing mahal mismo gaya nung iba pa nito, pero 'yun nga ang pinili n'yo.

²⁷⁷ At ipinangako ng Diyos na tayo'y sasama sa Pag-agaw sa pamamagitan ng paghirang! At ang sabi ng Biblia, "At ang iba sa mga patay ay hindi nangabuhay sa loob ng isang libong taon." Tama ba? Kaya naman. . .Hindi kayo mapapahamak, pero ang Nobya na puspos ng Espiritu Santo ang makakasama sa Pag-agaw. Ang iba pa sa kanila'y dadaan sa Paghatol; habang Sila'y hindi.

41. Kung dapat kayong mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus, bakit sasabihin ni Jesus sa Mateo 28, "Magpabautismo sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo"? Ang sagot po'y katulad lang sa tapos ko nang ipinaliwanag, 'yun po.

²⁷⁸ Sige, pagod na ba kayo? Alam kong pagod na kayo.

42. Pero hindi kaya't tatanggapin ng Diyos ang bautismo ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo"? Hindi po ba't may mga tao na nabautismuhan sa pangalan, sa mga pangalan na ito, ang tumanggap ng Espiritu Santo? Hindi ba't dumating si Jesus para luwalhatiin ang Ama? Hindi kaya kikilalanin ang bautismo na ito?

²⁷⁹ Oo, dumating si Jesus para luwalhatiin ang Ama. Tingnan n'yo sa San Juan sa ika-14 na kabanata. Matatapos ko na. . . Mayroon na lang akong. . .Kung makakapaghintay kayo ng tatlo pa, matatapos na natin, sa tingin ko. Tingnan n'yo, tapos sasagutin natin ang mga bago naman bukas, hayan nga, dahil may mga matitira pa ako ngayong gabi, sa tingin ko. Pansinin n'yo, ito po'y para sa iglesya, siyanga, ito. Umusad na tayo.

²⁸⁰ Tingnan n'yo, dumating si Jesus para ihayag ang Ama. Tingnan n'yo, sa pasimula, nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang Sariling larawan. Tama ba? Buweno, ano ang Diyos? Isang Espiritu. San Juan sa ika-4 na kabanata, nakikipag-usap si Jesus sa babae sa may balon, sabi Niya, "Ang Diyos ay isang Espiritu at ang mga nagsisisamba sa Kanya'y dapat na sambahin Siya sa Espiritu at Katotohanan." Tama ba? Kung nilikha ng Diyos ang tao sa Sarili Niyang larawan, anong uri ng tao ang ginawa Niya roon? Isang espiritung tao.

281 Sa Genesis 2, walang tao noon para magbungkal ng lupa, at ginawa ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa; hindi sa Kanyang larawan, kundi sa larawan ng buhay na hayop. At inilagay Niya ang espiritu ng tao sa taong-hayop na ito, at siya'y naging isang buhay na kaluluwa. Ngayon, 'yan ang pagkakaiba sa pagitan ng tao at ng hayop.

Ang hayop ay hindi gumagawa ng mga awtomobil, at hindi siya gumagawa ng mga bagay para makatulong sa kanyang pamumuhay, at iba pang gaya nun. Isa siyang hayop, wala siyang isip. Wala siyang kaluluwa. Wala siyang kakayahan para makapagbasa o makapagsulat. Hindi niya kayang makipag-usap, magsalita. Isa siyang walang isip.

Pero ang isang tao'y nasa laman na parang isang hayop, pero may kaluluwa siya ng Diyos na nasa kaibuturan niya, na pinagiging imortal siya. At may kakayahan siyang makapag-imbento... Tingnan n'yo ang mga kaya niyang gawin! Siya'y, halos, kapantay ng Diyos, dahil siya'y isang anak ng Diyos maging sa kanyang bumagsak na kalagayan. Kahanga-hanga siya! Tingnan n'yo siya! Kita n'yo? Ganoon nga.

282 Pagkatapos noong bumagsak ang tao sa laman... At kung ang Diyos ay nagpadala ng ibang indibiduwal maliban sa Kanyang Sarili, Siya'y di-matuwid. Ang tanging paraan para magawa ito ng Diyos nang matuwid ay humalili sa puwesto ng tao Mismo.

283 Ano kaya kung ibunsod ko si Kapatid na Neville na mamatay para sa isang babae na *ito* rito? Ano kaya kung ibunsod ko ang babaing *ito* na mamatay para sa isang babae na *ito* rito, dahil nga ako'y may pangingibabaw sa inyo? Hindi ako maituturing na matuwid tapos gagawin ang ganyan. Kung nagproklama ako ng kamatayan, at nais kong mabuhay kayo, kinakailangan kong kunin ang puwesto n'yo para mabigyang-katuwiran kayo.

284 At pagkatapos ang Diyos, Na nasa larawan ng Espiritu... o walang larawan, pala. Ang sabi ng Biblia, "Ang Diyos ay walang anyo." Buweno. Pagkatapos kinailangan ng Diyos na mag-anyo, at nililiman Niya ang isang birhen at nilikha sa loob niya ang isang Selyulang Dugo, na walang seksuwal na paniniig o anumang kinalaman dito, at lumikha ng Selyulang Dugo na naging ang Anak ng Diyos. At bumaba ang Diyos at tumahan sa Kanyang Anak, na si Cristo Jesus, na pinagiging Diyos Siya sa lupa.

285 Noong, sa San Juan... sinabi ni Tomas, "Panginoon, ipakita Mo sa amin ang Ama, at sukat na ito sa amin."

286 Sabi Niya "Matagal mo na Akong kasama at hindi mo Ako nakikilala?" Sabi Niya, "Bakit mo sinasabi, 'Ipakita Mo sa amin ang Ama?'" Aba, sabi Niya, "Kapag nakita ninyo Ako ay nakita ninyo ang Ama. Ako at ang Aking Ama ay Iisa. Ang Aking Ama ay nananahan sa Akin."

287 May ginang di pa katagalan, may kausap ako, tapos sumingit siya, sabi, “Oh, Kapatid na Branham,” sabi, “Alam ko ang ibig mong sabihin. Sila’y isa, tunay na sila’y isa.” Sabi, “Ikaw at ang asawa mo’y iisa, rin. Ganoon ang pagiging isa nila.”

288 Sabi ko, “Pasensya na po,” sabi ko, “hindi po ganoon.” Sabi ko, “Nakikita mo ba ako?”

Sabi, “Oo naman.”

Sabi ko, “Nakikita mo ba ang asawa ko?”

Sabi, “Hindi.”

289 Sabi ko, “Hayan nga! Kung ganoon ibang pagiging isa ’yun kumpara sa akin at sa maybahay ko.” Kita n’yo? Sabi ko, “Tama.”

290 Sabi ni Jesus, “Hindi ninyo Ako makikita nang hindi ninyo nakikita ang Ama.” Tunay na hindi! Yun nga’y ang ikalawang bahagi ng tatlong-talampakan na panukat, siya ring panukat. Ang Diyos ’yun. Si Jesus Cristo ay alinman sa Diyos o sa pinakamalaking manloloko na nagkaroon ang mundo.

291 Pakinggan n’yo! May babae na nagsabi sa akin di pa katagalan, sabi, “Patutunayan ko sa iyo,” isa siyang Christian Science na babae. Ngayon, kaibigang Christian Science, magpitagan ka lang pansumandali, kita n’yo. Sabi nila, “Patutunayan ko sa iyo na Siya’y walang iba kundi isang tao lang.” Sabi, “Masyado mong ipinagmamalaki si Jesus.”

292 Sabi ko, “Kung magmalaki ako nang araw at gabi ay hindi ko pa rin maibibigay sa Kanya ang nararap na maipagkaloob sa Kanya.” Sabi ko, “Hindi nakapagtataka. . .”

293 Aba, si Isaias nga’y buong pagmamalaking pinangalanan Siya, sabi niya, “Siya’y Kamangha-mangha, Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama.” Lahat ng ’yun! “Siya ang Alpha, Omega, ang Simula at ang Wakas, ang Ugat at Supling ni David, ang Maningning at Tala sa Umaga; Ama, Anak, at Espiritu Santo.” “Sa Kanya’y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan sa laman,” sabi ng Biblia. Ang buong kapuspusan ng Diyos ay nasa Kanya!

294 Sabi ng babae, “Sinasabi ko sa iyo, noong pumaroon siya para manalangin para kay Lazaro, para ibangon si Lazaro,” sabi, “Mapapatunayan ko sa iyo na isa lang siyang tao.”

295 Sabi ko, “Sige’t tingnan natin na gawin mo!”

296 Sabi, “Ang sabi ng Biblia, ‘Tumangis siya.’ At patunay ’yan na isa siyang tao, dahil umiiyak siya.”

297 Sabi ko, “Tunay, ang Anak ’yun na umiiyak.”

298 Siya’y Diyos-na-Tao. Siya’y tatluhang nilalang na kagaya ko, kagaya n’yo; tayo’y kaluluwa, katawan, at espiritu. Siya’y Ama, Anak, at Espiritu Santo, sa pagka-Diyos ng Diyos; ’yun

nga Siya. Siya'y Diyos Mismo! Papaanong may gagawin Siyang iba samantalang ang... Ang Kanyang Sariling mga anak ay sumisigaw na sinisingil ang Kanyang Dugo? Kung iba sana... Aba'y Sarili Niyang mga anak na sumisigaw na sinisingil ang Kanyang Dugo; hindi nakapagtata kang iniyakan Niya sila. Anong magagawa ng isang tao... haya't Kanyang Sariling mga anak ay sumisigaw na sinisingil ang Kanyang Dugo, ano kaya ang mararamdaman Niya? Alinman sa kondenahin sila patungong impiyerno nang magpakailanman, o ialay ang Kanyang buhay; Siya ay Diyos na iniaalay ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga anak! Ang Diyos ay nananahan sa Kanya! Yun nga Siya.

²⁹⁹ Sabi nung babae, "Tingnan mo," sabi, "Rev. Branham, patutunayan ko sa iyo! Noong tumangis siya, pinatunayan nun na isa siyang tao."

³⁰⁰ Sabi ko, "Ginang, isa Siyang tao noong Siya'y mana... o noong tumangis Siya, tama naman. Isa Siyang tao noong tumangis Siya, pero noong ituwid Niya ang munti Niyang mahinang katawan at sinabi sa isang lalaki na apat na araw nang patay, 'Lazaro, lumabas ka!' Tapos ang isang tao na apat na araw nang patay, at nabubulok na, at may mga uod na sa balat na gumagapang sa kanya, haya't napagkilala ng kabulukan ang Panginoon nito at napagkilala ng kaluluwa ang Manlilikha nito, at ang isang lalaki na patay na nang apat na araw ay tumayo at nabuhay muli! Higit nga 'yun sa pagiging isang tao!"

³⁰¹ Isa Siyang tao noong bumaba Siya mula sa bundok noong gabing 'yun, na gutom, tumitingin-tingin sa isang puno baka mayroon dung makakain. Isa Siyang tao noong naghahanap-hanap Siya roon ng makakain sa puno ng igos. Pero noong kunin Niya ang limang tinapay at dalawang pirasong isda at pinakain ang limang libo, higit nga 'yun sa pagiging isang tao! Ang Diyos 'yun doon! Isang Manlilikha Mismo na kayang kunin ang lutong isda at pagputul-putulin 'yun at lutong isda pa rin, kinuha ang nahurno nang tinapay at pinagputol-putol; ano kayang klaseng atom ang Kanyang pinakawalan? Hallelujah! Siya'y Diyos, ang Manlilikha ng mga atom at lahat ng mga bagay! Yun nga'y higit sa pagiging isang tao!

³⁰² Isa Siyang tao noong naroon Siya sa bangka noong gabing 'yun, matapos na mangaral nang buong araw at nagpagaling ng mga maysakit, pagod na pagod, hanggang sa sampung libong diyablo ng dagat ang sumumpa na kanilang lulunurin Siya. Yung munting lumang bangka sa laot, dinadala nang magkabilaan na parang isang takip ng bote, 'yung higanteng mga alon ay sumusulpot nang magkabilaan, at nakahiga Siya, pagod na pagod na di Siya nagigising sa mga alon. Ang mga diyablo'y umuugong, sabi, "Papatayin natin siya ngayon habang natutulog." Pero noong magising Siya, nagising doon, isa Siyang tao, Siya'y pagod na pagod. Pero noong iapak Niya ang Kanyang

paa sa gilid ng bangka, tumanaw Siya't nagsabi, "Pumayapa, tumahimik ka!" at ang mga hangin at mga alon ay tumalima sa Kanya. Yun nga'y higit sa isang tao! Ang Diyos 'yun, ang Manlilikha na Siyang gumawa ng Kalangitan.

³⁰³ Hindi nakapagtataakang nasabi ng alagad, "Anong tao ito na maging ang mga hangin at mga alon ay tumatalima sa Kanya!"

³⁰⁴ Yun nga'y higit sa isang tao. Yun ang Diyos. Siya'y isang tao noong Siya'y ipako sa krus bilang isang Hain, para mag-alis ng kasalanan. Isa Siyang tao na may mga pakong ibinaon sa Kanyang kamay. Isa Siyang tao na may tinik sa ibabaw ng Kanyang ulo. Isa Siyang tao na may mga dura ng pangungutya mula sa mga sundalo sa Kanya. Isa Siyang tao na nabugbog, nilatigo, at sinugatan. Isa Siyang tao! Isa Siyang tao noong sumigaw Siya, "Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" Isa Siyang tao na nanghihingi ng tulong. Pero noong umaga ng Pasko ng Pagkabuhay noong ang mga tatak ng kamatayan ay biniyak doon sa libingan, higit nga 'yun sa pagiging isang tao! Pinatunayan Niya na Siya ay Diyos.

Sa pagkabuhay, ako'y inibig Niya; sa pagkamatay, ako'y iniligtas Niya;

Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong dako yaring pagkakasala;

Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako'y ariing ganap nang walang bayad kailanman: Balang araw Siya nga ay darating—oh, araw na walang kasing ningning!

Oh, mga bato'y nahati't nagdilim ang mga langit,

Tagapagligtas ko'y ulo Niya'y inilaylay at namatay;

Ang tabing na nabuksan ipinakita nito ang daan

Patungo sa kagalakan ng Kalangitan at araw na wala na ngang kawakasan.

³⁰⁵ Hindi nakapagtataakang sumigaw si Eddie Perronet:

Ipagbunyi ng kalahatan ang kapangyarihan ng Jesus na Pangalan!

Ang mga Anghel ay hayaan na manikluhod magpatirapa;

Dalhin sa harapan ang maharlikang diyadema, At Siya'y putungang Panginoon ng lahat.

³⁰⁶ Yun ang dakilang Persona, ang Panginoong Jesus. Siya si Jehovah, ang Diyos na nakatabing sa laman. Ang sabi ng Biblia, "Anuman ang gawin ninyo sa salita o sa gawa, gawin ninyo ang lahat ng ito sa Kanyang Pangalan." Ang sabi ng Biblia, "Ang buong pamilya sa Langit ay ipinangalan na 'Jesus,' at ang buong pamilya sa lupa ay pinangalanang 'Jesus.'" Manalangin tayo sa

Kanyang Pangalan, mamuhay sa Kanyang Pangalan, magturo sa Kanyang Pangalan, mamatay sa Kanyang Pangalan, ilibing sa Kanyang Pangalan, magbautismo sa Kanyang Pangalan, magbangon na mag-uli sa Kanyang Pangalan, pumaroon sa Langit sa Kanyang Pangalan. Yun ang Pangalan Niya, at ang Nobya Niya'y pinangalanan na "Gng. Jesus." Maglalabas ng isang bayan mula sa mga Gentil, para sa Kanyang Pangalan.

³⁰⁷ At hindi ako Oneness. Hindi, po. Kayo na mga trinitarian ay alisin n'yo 'yan sa isip n'yo. Hindi ako Oneness. Hindi, po. Hindi ako Oneness, hindi rin trinitarian. Naniniwala ako sa sinasabi ng Biblia. Ganoon nga mismo. Amen. Whew! Masyado akong bumabad sa isang 'yan. Ano 'yun? Naipaliwanag ko ba nang maigi? O, sige't tingnan natin, ano 'yun? Oh, siyanga, tama 'yun, tungkol sa . . . kung papaanong ang Ama ay nakay Cristo. Siya'y isang Tao, Siya'y isang Diyos-na-Tao.

43. Hindi ba't nagbabautismo ang iglesyang Pentecostal sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo? May ilan sa kanila.

44. Kung ang isang tao'y mamatay na wala ang bautismo ng Espiritu Santo, siya ba'y mapapahamak?

³⁰⁸ Hindi, po. Kung isa siyang mananampalataya, paroroon siya sa pagkabuhay na mag-uli, sa ikalawang pagkabuhay na mag-uli. Kung taglay niya ang bautismo, paroroon siya sa unang pagkabuhay na mag-uli. Ngayon, mistula ngang kailangan n'yong paniwalaan ang sinasabi ko. Kung hindi po kayo kumbinsido, kung ganoon hingin n'yo—hingin n'yo sa akin, ibibigay ko sa inyo ang Kasulatan. Dahil, sinisikap kong sagutin pa itong dalawa o tatlo pa rito, tapos magtatapos na tayó.

45. Kapatid na Bill, may sinasabi ba ang Biblia tungkol sa pagsusugal?

³⁰⁹ Oo, may sinasabi Ito, pero hindi ko lang ito masipi ngayon. Alam kong nagsusugal 'yung mga sundalo para dun sa kasuotan Niya, at parang ganoon po, pero hindi ko masipi.

46. Maaari mo bang ipaliwanag ang Unang Mga Taga-Corinto 15:29?

³¹⁰ Buklatin mo nga sa akin diyan, kung mamarapatin mo, Kapatid na Neville, Unang Mga Taga-Corinto 15:29. Kukunin natin.

³¹¹ Ngayon, at siguro bukas kukunin ko uli 'yan para sa inyo. Pati na rin 'yung . . . Yung mga letra na 'yun, 'yung paraan ng pagkakabaybay nun, "VICARIVS FILII DEI." Kung gusto n'yo, ipaalam n'yo lang sa akin.

47. Ang propesiya ba ukol sa Ezekiel 38 at 39 ay magaganap bago ang Pag-agaw?

³¹² Sa palagay ko hindi. Sa tingin ko ang kasunod na bagay na kakaharapin natin ay ang Pag-agaw ng Iglesya. At pagkatapos

nun, “pagsapit ng Gog at Magog,” ito nga ’yung mga hukbo ng Rusya na papasukin ang . . .

³¹³ Tingnan n’yo, si G. Bohanon na dating superintendent dito ng Public Service Company, isang napakabuting Cristianong lalaki. At kausap niya ako isang araw noon, sabi niya, “Billy, sinusubukan kong basahin, at sinusubukan kong ipaliwanag ng pastor ko ang Apocalipsis.” Sabi, “Tinugaygay namin at gulung-gulo kami Rito.” Sabi, “Siguro nakakain si Juan ng kung ano—kung ano noong gabing ’yun at nanaginip.”

Sabi ko, “G. Bohanon, mahiya ka.” Sabi ko . . .

Sabi niya, “Buweno, walang makakaunawa Nito.”

³¹⁴ Sabi ko, “Wala nga sa natural na tao, pero ang Espiritu Santo’y may kakayahan na ihayag Ito.”

³¹⁵ Sabi niya, “Buweno, tingnan mo, Billy.” Sabi niya, “Nakatayo ang Nobya sa Bundok ng Sinai. At heto ang tubig na ibinuga mula sa bibig ng dragon, para makipagdigma—makipagdigma laban sa Nobya. At ang Nobya ay nasa Langit nang panahon ding ’yun. Paano maiintindihan ito!”

³¹⁶ Sabi ko, “G. Bohanon, ang problema kasi, tatlong iba’t ibang bagay ’yan na napaglabo-labo mo, haya’t tinatawag mo itong ‘Nobyas.’ Tinatawag mo ang *sandaan at apatnapu’t apat na libo*, na nakatayo kasama ng Cordero doon sa Bundok ng Sinai, na ‘Nobyas.’ Hindi sila. Tinatawag mo (dito sa isa na nagbuga ng tubig mula sa kanyang bibig, para makipagdigma) itong *nalabi* sa Binhi ng babae, na hindi naman ang Nobya; kundi ’yun ’yung naiwan. Ang Nobya ay nasa *Langit*; ang sandaan at apatnapu’t apat na libo ay *naroon* naman; at ang naturingan lang na Cristiano sa pangalan ay dumaraan mismo *dito* sa pag-uusig. At ’yun ang tama.”

³¹⁷ Basahin mo, kapatid, ngayon kung nabuklat mo na. [Binabasa ni Kapatid na Neville ang Unang Mga Taga-Corinto 15:29—Pat.]

[*Sa ibang paraan anong gagawin ng mga binabautismuhan dahil sa mga patay, kung ang mga patay ay tunay na hindi muling binubuhay? bakit nga sila’y binabautismuhan dahil sa mga patay?*]

³¹⁸ Ngayon, ngayon, mga kapatid, may isang—isang grupo na naniniwala sa ganoon, nagbabautismo sila kahalili ng mga patay, ’yung Mormon. At nakapunta na ako sa mga templo nila, maraming beses na, sila’y maiinam at mabubuting tao. At maaaring isa kang Mormon, siyanga. Hindi ko intensyon na saktan ang damdamin mo. Pero, minamahal kong kaibigan, hindi ka maaaring mabautismuhan kahalili ng tatay mo; isa ’yung aksyon na siya dapat ang gumawa. “Sa gawi na nakahilig ang puno, sa gawing ’yun siya babagsak.”

Si Pablo, sa pangungusap niya rito, kanyang tinutukoy ang “patay,” si Jesus Cristo, “kung ang mga patay ay hindi babangon, bakit kayo nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo kung ang mga patay ay hindi babangon?” Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Kung ganoon kayo’y . . . Sabi niya, “Kumain tayo, uminom, at magsaya, dahil bukas mamamatay tayo, yamang ang mga patay ay hindi mabubuhay.” Pero nagpatuloy siya’t niluwalhati ang Diyos para sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay. At nabautismuhan tayo kay Jesus Cristo, tungo sa Kanyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli. Yan ang dahilan kung bakit tayo’y nabautismuhan tungo sa “patay.” Buweno.

Sa tingin ko, ngayon, isa na lang pagkatapos ng isang ito.

- 48. Kapatid na Bill, maaari mo bang sabihin sa akin kung paano—paano makatanggap ng bautismo ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ba ng panalangin, pagsusuko ng buhay, pagtanggap Dito gaya ng ginagawa natin sa kagalingan? Alam ko ang pakiramdam na magkaroon ng pananampalataya para sa kagalingan noong ipinanalangin mo ako rito. Kailangan mo bang manalangin at mapatungan ng mga kamay, para sa bautismo ng Espiritu Santo? Nabautismuhan ako sa pangalan ng “Ama, Anak, at Espiritu Santo.” Maaari mo bang sabihin sa akin kung kailangan kong magpabautismo muli sa Pangalan ni Jesus, gaya ng kakapangusap mo lang.**

Ngayon, minamahal kong kaibigang Cristiano, hindi ko sasabihin sa inyo kung anong gagawin n’yo. Inilalatag ko lamang ang Kasulatan. At alam n’yo ba, na ang Espiritu Santo’y may kakayahang dumating ngayon habang tayo’y nangungusap. Ang Espiritu Santo’y isang kaloob ng Diyos. Kita n’yo? Kaloob ’yun ng Diyos. Maaari itong dumating habang nangungusap tayo. At sasabihin ko sa inyo, kapag . . . Kung naturuan lamang ang mga tao nang tama, . . .

Ang ilan sa inyo na matatagal na rito, hayaan n’yong tanungin ko kayo ng isang bagay, kayo na matatagal na rito sa tabernakulo. Tingnan n’yo kapag nagbabautismo ako. At kayo na mga ministro’y kunin n’yo ito bilang halimbawa. Tinuruan ko ang mga tao hanggang sa malinis nila ang buhay nila bago sila lumusong sa tubig na ’yun, at sinisigurado kong naniniwala sila na obligado ang Diyos na tuparin ang Kanyang pangako; na sa mismong sandali na mabautismuhan sila sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Espiritu Santo’y naroon para tanggapin ito. At sa pag-ahon nila sa tubig, kanilang tinanggap ang Espiritu Santo. Ganoon nga. Kung inyong . . .

³¹⁹ Mga pastol, turuan n’yo ang mga tupa n’yo, ibaling n’yo sila *rito* sa Biblia. Lumayo kayo sa lumang aklat-aralin na ’yan ng kung anong simbahan, at bumaling kayo rito sa Biblia kung saan

Diyos ang nagturo, at hindi kayo magkakaroon ng ganoong mga problema.

³²⁰ Oo, ang pagpapatong ng mga kamay ay paraan para matanggap natin ang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng isang pinahirang tao na magpapatong ng mga kamay.

49. Kapatid na Bill, tama po ba . . . Wala po ba sa kaayusan kung may tao na tatayo at magbigay ng mga mensahe sa iba't ibang wika habang ang mangangaral ay naglalahad ng . . . nangangaral ng Salita? Tatlo ang tanong nung nagtanong dito.

49b. At 'yung isa dun: Saka, wala po ba sa kaayusan na ganoon ang gawin habang may pagtawag ng pagdulog sa altar?

50. Pangatlo, 'yung pangatlo: Saka, wala po ba . . . Wala po ba sa kaayusan na may tatayo sa loob ng simbahan at sasawayin ang isang ministro sa isang bagay na sinabi niya o ginawa habang may gawain, at ang ministro'y nakatayo roon sa likod ng sagradong pulpito? Lahat ng mga bagay na ito'y nangyari na sa tabernakulo nang makailang beses na.

³²¹ Ngayon, hayaan n'yong dakuan ko ito nang mabilisan ngayon, patungkol ito sa simbahan ngayon. Ako . . . Ngayon, sa inyo na mga baguhan sa aming pintuan, papaluin ko lamang po nang kaunti ang simbahan ngayon, kaya kayo—kayo po'y maghintay lang nang kaunti, kita n'yo, kung mamarapatin n'yo.

³²² Pakinggan n'yo, mga anak ko! Kahanga-hanga ang mga kaloob na 'yan. Walang makatatalos kung gaano ko kayo pinasasalamatan, at iniibig nang may banal na pag-ibig. Pero ang mga kaloob na 'yan ay maaaring maging mitsa pa ng kapahamakan sa inyo kung hindi n'yo gagamitin ang mga ito sa tama.

³²³ Tingnan n'yo ang mga kalalakihan sa panahon ngayon, disenteng mga kalalakihan sa labas, nananalangin para sa mga maysakit at pagkatapos magpapabayad. Mali 'yun. Kung ang isang tao'y may pananampalataya para sa kagalingan at pananalangin para sa mga maysakit, dapat nga siyang maging isang maginoo na mananalangin para sa mga tao kahit walang kapalit na bayad. Salamat sa Diyos! Kapatid, gusto kong sabihin ito, hindi para itaas ang sarili ko, kundi para sa kaluwalhatian ng Diyos, na ni minsan ay hindi ako kumuha ng pera mula sa mga tao, o anumang gaya nun; hayan pa nga't tinanggihan ko, nang literal, ang isang milyon, limang daang libong dolyar, sa isang pagkakaloob. At di 'yan lingid sa inyo; nailathala mismo, sa pahayagan. Kita n'yo? Ganoon nga. Hindi 'yun para . . . Kapag ganoon ang gagawin n'yo, maiwawaglit n'yo ang pananampalataya n'yo doon sa Diyos.

³²⁴ Ngayon kayo na mga nakakapagsalita sa iba't ibang wika at may mga kaloob ng pagsasalita sa iba't ibang wika,

pagpalain kayo ng Diyos. Kailangan kayo sa tabernakulong ito. Gusto ko kayo rito. Pero, ngayon, ang—ang bagay na ito ay dapat na maisaayos, huwag na huwag n'yong gagawin 'yan habang may mangangaral na nangangaral. Kung ganoon ang gagawin n'yo, wala kayo sa kaayusan. Kita n'yo? Kaya hindi n'yo dapat gawin. Dahil sinabi ng Biblia, “Ang espiritu ng propeta ay nakapasailalim sa propeta.” At kapag may lalaki na nangangaral, siya ang pinagbigyan ng oras para magsalita, may mga tagapakinig siya, ang Espiritu Santo'y mangungusap sa pamamagitan niya. Kapag tapos na siya, doon pa lang ang oras para sa ganoong pagmemensahe, kita n'yo. Kaya huwag kayong mawala sa kaayusan; kung ganoon ang gagawin n'yo, kung ganoon nakakagambala kayo at inyong—inyong mapipighati ang Espiritu Santo sa mensahe na kasalukuyang ipinapahayag.

³²⁵ Dito di pa katagalan, nasa isang pagtitipon ako rito sa isang dako sa Washington, nasa libong tao ang nakaupo roon. At ang tagapangasiwa ko, na isang magaling na tagapaglahad ng Biblia, nakatayo siya roon na nangungusap tungkol sa Makalangit na pagpapagaling, pinahiran, nagsasalita ang Espiritu Santo. Tumayo ang isang ginang at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika, at naghintay ang kapatid na lalaki nang kaunti, pagkatapos nagpatuloy na siya. Ang Espiritu Santo'y nagsimulang...mapighati, mapapansin n'yo 'yun sa kalagitnaan ng mga tao. Nagpatuloy ang kapatid na lalaki sa pangangaral uli, at tumayo ang babae. Sabi niya, “Kapatid na babae, maupo ka, sa Pangalan ng Panginoon.” Sabi, “Wala ka sa kaayusan.” At pinuntahan 'yung babae ng mga ministro roon at pinagsabihan siya.

³²⁶ Ngayon, kung ano ito, ang mga kaloob na 'yun ay nasa mundo, nasa iglesia ang mga ito ngayon. Ang mga kaloob na 'yun ay nasa iglesia, pero ang kaawa-awa't mumunting mga bata'y natatanggap ang mga kaloob na 'yun at wala silang kasanayan para malaman kung paano ito pangasiwaan. Kung mamamali kayo ng pangangasiwa rito, mas pinsala ang maibubunsod n'yo kaysa sa kabutihan. Kita n'yo?

³²⁷ Gaya lang 'yan ng isang lalaki na hahayo, mananalangin para sa mga maysakit at may mga gumagaling, tapos sasabihin, “Ngayon, kailangan mo akong bigyan ng sanlibong dolyar para rito.” Ngayon, mas pinsala ang hatid niya kaysa sa kabutihan. Lalabas pa na mas mabuting nanatili na lang 'yung tao't namatay sa halip na magdala ng kahihyan sa layon ni Cristo.

³²⁸ Ngayon, kapag kayo...Kapag may pastor o ebanghelista, o kung sino man, ang nangangaral, hayan nga't tumahimik kayo. Sinabi ni Pablo na ganoon ang gawin, kita n'yo. Ngayon, at pagkatapos ang sabi niya, “Maaari kayong magsalita, isa-isa.” Totoo mismo 'yan. At sabi niya, “Ibig ko sanang lahat kayo'y magsalita ng iba't ibang wika. Mainam 'yan.”

³²⁹ Pero hindi kayo maaaring magsalita ng iba't ibang wika maliban na may kaloob kayo ng mga wika. At walang duda na maraming kaloob na ganyan sa simbahan ngayon. Maraming mga kaloob na ganyan dito sa iglesyang Methodist, marami rito sa iglesyang Baptist, kung maipapangaral lang sana ito para ang mga kaloob ay magsigana.

³³⁰ Paano? Kung magbabaon kayo ng binhi sa lupa at di naman ito lilinangin, anong mangyayari rito? Kita n'yo, maiiwang nakatiwangwang 'yun dun sa tuyong alabok, at mabubulok; wala itong maidudulot na mabuti. Ang mga kaloob na ito'y nasa iglesya na nang matagal na, pero ngayon pa lang nagsisimulang bumuhos ang tubig, ang Pentecostal na ulan, para diligan ito at mamunga. Ngayon, gamitin n'yo ito sa tamang posisyon.

³³¹ Ngayon, sabi rito, buveno, sa palagay ko 'yung kasunod na tanong ay ganito ang nakasaad, tinatanong nung nagtanong, sabi:

Kapag ang . . . kapag nagtatawag ng pagdulog sa altar?

³³² Hindi, sa palagay ko hindi rin. Kung mapapansin n'yo, at kunin n'yo ang Mga Taga-Corinto at basahin ito, ilan sa inyo rito, kung—kung may mga kaloob kayo ng pagsasalita sa iba't ibang wika, kung ganoon ay bantayan n'yo. Sa Biblia, noong sila'y . . . kapag tapos na ang gawain, ang pagpapala ng Diyos ay bumababa sa kongregasyon, pagkatapos doon pa lamang sila magsisimulang magsalita, pagkatapos doon pa lamang sila magsisimulang magpuri sa Diyos. At, sa tuwina, isa 'yung direktang mensahe sa isang tao. Hindi . . . Kailangan n'yong bantayan 'yan ngayon. Kita n'yo? Hindi ito kung anong bagay lang sa laman. Isa itong mensahe para sa isang tao, na ang tao na 'yun ay may gagawin na isang bagay, o isang bagay para patibayin ang iglesya. Isang bagay 'yun na maghahatid ng pagluluwalhati sa iglesya.

³³³ Diyan nakapagdala ng kahihiyan ang mga Pentecostal sa kanilang pangalan. Sa mismong pangalan pa lang *Pentecostes*, banggitin n'yo lang at ang mga tao'y lalakad palayo at magsasabi, “Kalokohan,” dahil napakarami nilang nakikita na kung anu-anong pinaggagagawa; na, ang mga taong ito'y sinsero naman pero hindi naturuan.

³³⁴ Sabi ni Pablo, “Sa pagpunta ko sa iglesyang Pentecostal doon,” sabi, “ilalagay ko ito sa kaayusan.” Kinakailangan na nasa kaayusan, at kinakailangan na gawin ang lahat ng bagay sa kaayusan, gaya lamang ng iniutos ng Espiritu. Kaya ang sabi niya, “Ngayon, kung may papasok, at lahat kayo'y magsisimulang magsalita sa iba't ibang wika; at walang kaalaman 'yung pumasok na 'yun, sasabihin niya, ‘Buveno, hindi ba't nababaliw kayong lahat?’; lalakad siya palabas.”

³³⁵ Ganoon ang ginagawa ng iglesyang Pentecostal. Sabi niya, “Ngayon, sa halip na ganoon, kung isa sa inyo ang

magpropesya at ihahayag ang mga lihim ng isang bagay, (isa sa inyo ay propeta, sa madaling sabi),” sabi niya, “kung ganoon hindi ba’t mapapaluhod ang mga tao at magsasabi ‘Kasama n’yo nga ang Diyos?’”

³³⁶ Buweno, papaano ko maitatanggi ang kaloob ng pagsasalita sa iba’t ibang wika nang di tatanggihan ang kaloob ng propesya, kailangan kong tanggi ang iba pang mga kaloob kung ganoon? Ngayon, karamihan sa mga iglesya, mga naglalakihang simbahan, ang Nazarene, Pilgrim Holiness, at iba pa, iniisip nila na kung ang isang tao’y magsasalita sa iba’t ibang wika isa siyang diyablo. Pamumusong ’yan laban sa Espiritu Santo, na walang kapatawaran. Ganyan ang nagawa ng mga Judio, nililibak nila ang mga tao na may Espiritu Santo, at sila’y hinatulan at napahamak, dahil dito. Tama! Hindi ba’t sinabi ni Jesus, “Kung magsasalita kayo ng isang salita laban sa Espiritu Santo, hindi ito ipapatawad sa inyo sa mundo mang ito o sa mundong parating”? Kaya mag-ingat kayo; kung hindi n’yo nauunawaan, manatili lang kayo sa pagkakaupo.

³³⁷ At kayong mga tao na taglay ang Espiritu Santo at tinawag sa mga katungkulan, mga pagtuturo... Ngayon, maiisip n’yo ba... heto ako’t nakatayo rito na nagsusumikap magturo, tapos may lalaki na bigla na lang sisingit, sa tabi ko, at magsisimulang magturo kasabay ko, may isa pang lalaki na biglang tatayo rito na aawit ng isang jubileong awitin? Buweno, grabeng kalituhan ’yun!

³³⁸ Buweno, ganoon din ’yun sa pagsasalita ng iba’t ibang wika. Kailangan nasa kaayusan, sa paraan na ibibigay ito ng Espiritu, para makapagsalita kayo ng iba’t ibang wika.

³³⁹ Ngayon sasabihin n’yo, “Buweno, Kapatid na Branham, hindi ko po kasi mapigilan.”

³⁴⁰ Oh, oo, magagawa n’yo! Sinabi ni Pablo na magagawa n’yo. Sabi niya, “Kung may isa sa inyo, sa kalagitnaan n’yo, na nagsasalita ng iba’t ibang wika, at walang magpapaliwanag, tumahimik siya.” Kahit gaano pang gustung-gusto nitong magsalita, tumahimik kayo. Ganyan ang kaloob, kapatid. Dalangin ko—dalangin ko, na pahintulutan ako ng Diyos na magkaroon ng rebaybal dito isa sa mga araw na ito para makadako tayo sa mga bagay na ’yan para sa inyo, kita n’yo. Kung saan makikita n’yo na ito’y isang kaloob, at ang kaloob na ’yan ay gustong gumana sa tuwina. Kita n’yo? Pero kailangan n’yong magkaroon ng karunungan ng Espiritu Santo rito para malaman kung kailan at kung paano pagaganahin ang kaloob na ’yun. At sa ganoon...

³⁴¹ Sasabihin n’yo, “Buweno, luwalhatiin ang Diyos, sinabi ng Biblia na kapag dumating na ang Espiritu Santo ay hindi n’yo kailangan ng sinumang guro. Siya na ang Guro Mismo.” Oh, kapatid, gaanong kakitid naman ang pagbabasa mo ng

Kasul- . . . Bakit pa naglagay ng mga guro ang Espiritu Santo sa iglesia, kung ganoon?

342 Sasabihin “Hindi ko na kailangan ng sinuman para turuan ako. Ang Espiritu Santo ang magtuturo sa akin.” Magtuturo nga Ito, sa pamamagitan ng isang guro. Naglalagay Siya ng mga guro sa iglesia.

343 Sabi Niya, “Lahat ba’y mga guro, lahat ba’y mga apostol, lahat ba’y may kaloob ng pagpapagaling?” Inilagay ng Espiritu Santo ang mga bagay na ito sa iglesia, at pinakikilos Niya ang lahat ng ito, at ang bawat isa sa mga ito’y gumagana nang nasa kaayusan.

344 Ngayon katulad lang ito ng paa ko; ang isa sa mga ito’y magsasabi, “Pupunta ako sa gawing *ito*,” tapos sasabihin naman nung isa, “Pupunta naman ako sa gawing *ito*.” Ngayon, anong gagawin n’yo? Sasabihin ng kamay, “Tataas ako sa gawi rito,” at ’yung isa naman ay sa gawing pabaligtad ang punta. Ano kayang postura ng katawan ang papasukin nito? Kita n’yo?

345 Pero, ngayon, kung sasabihin ng isip dito na, “Paa, sumulong ka, kayong dalawa. Kamay, sumabay ka sa kanila. Ulo, manatili ka lang. Mga bisig, ganoon din kayo,” ang lahat nga’y lalakad nang may pagkakasundo. Ngayon, pagdating ko roon, hindi ko ginamit ang mga bisig ko. Ngayon, ginawa na ng paa ang tungkulin nito, tapos na ang pastor sa pangangaral; ngayon, mga bisig, kayo naman ang gumawa ng tungkulin n’yo. Kita n’yo? Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

346 Buweno, ano kaya kung ’yung mga bisig ay aabot nang *paganito*, “Oh, nasaan na? Nasaan na?” at ang mga paa’y nangangaral? Kita n’yo, hindi pa kayo nakakarating. Kita n’yo, manahimik kayo, braso; may oras para kayo naman ang gagamitin maya-maya; maghintay kayo hanggang sa makarating kayo roon. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Ganyan ang kaloob, ganyan ang pagkilos ng kaloob ng Espiritu.

347 Iniibig ko ang Panginoon. Hindi ba’t kayo rin? Amen. Pakinggan n’yo, alam ko ang isang bagay na masasabi ko tungkol sa inyo, siguradong may pagtitiis kayo; dalawampung minuto na matapos ang alas diyos. Ngayon, mga kaibigan, tumingin kayo rito nang *paganito* ngayon. Ako. . . Ito po’y sa abot ng nalalaman ko. Kailangan kong madaliin ang marami sa mga ito. Kung ako. . . Kung hindi kayo sang-ayon dun, huwag po sanang lumayo ang loob n’yo sa akin. Kayo’y maging kapatid ko, kita n’yo. Mahal ko kayo, at sinasabi ko lamang ang mga bagay na ito dahil ’yun ang nasa puso ko. Yan ang pinaniniwalaan ko, at ’yan ang paraan ng pagpapaliwanag ko rito, at ’yan ang paraan ng paglalalahad ko nito, ang manggaling mismo mula sa Biblia.

348 Ngayon, kung sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, hindi ko po pinaniniwalaan ito sa ganoong paraan.” Ayos lang

'yan, kita n'yo. Hindi natin iisipin ang anumang pagkakaiba, magpapatuloy tayo bilang magkapatid at magkaibigan.

³⁴⁹ At—at kung sasabihin n'yo, “Buveno, naniniwala ako—naniniwala ako na kung kabilang ako sa iglesyang Methodist o iglesyang Baptist, maliligtas at maliligtas ako ano't anuman.” Buveno, kapatid, ayos lang 'yan. Ang tawag ko pa rin sa inyo ay “kapatid ko,” dahil naniniwala kayo kay Jesus Cristo. Kita n'yo? Ganoon nga. Kaya tayo'y mananatili pa ring magkakapatid at magkakaibigan.

³⁵⁰ Pero inilalatag ko lamang para sa iglesyang ito, nitong huling ilang mga araw rito, ang Doktrina na tinatayuan ng iglesyang ito. Kita n'yo? Yan po ang tinatayuan ng iglesya! At kung may diyakono rito na hindi naniniwala sa bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at sa bautismo ng Espiritu Santo, o sa mga kaloob ng Espiritu na nahahayag, ang diyakono na 'yun, dito mismo habang nakatayo ako rito, hindi siya karapat-dapat na manatili rito sa iglesya hanggang sa maitama niya 'yan. Ganoon nga mismo. At dapat na masigurado 'yan ng lupon. Mismo! Ang iglesyang ito'y hindi kinokontrol ng mga diyakono; ang iglesyang ito'y kinokontrol ng Biblia at ng Espiritu Santo, lamang. Siyanga, po. Ngayon, kaya ang mga bagay na 'yan, naniniwala tayo na 'yan ang Doktrina ng iglesyang ito.

³⁵¹ Wala tayong pagmimiyembro na kahit na ano. Wala ritong miyembro, bagkus lahat ng dumadalo'y miyembro, dahil naniniwala kami na lahat tayo'y miyembro ng isang Katawan sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo.

³⁵² At hinihikayat namin na kayo, minamahal kong Cristianong kapatid na lalaki o kapatid na babae, na magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo at tanggapin ang Espiritu Santo. Kung natanggap n'yo na ang Espiritu Santo, matapos na kayo'y mabautismuhan sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo, pagpalain kayo ng Diyos! Sasabihin n'yo, “Kapatid na Branham, anong dapat kong gawin ukol dito?” Nasagot na ang naturang tanong. Ang masasabi ko lang ay gaya ng sinabi noon ni Pablo, kinakailangan n'yong mabautismuhan uli!

³⁵³ Ngayon, tingnan n'yo rito, Mga Gawa. Basahin n'yo rito, Mga Taga-Galacia 1:9. Isulat n'yo ito, kayo na mga naglilista. Sinabi ni Pablo, ang siya ring lalaki na nagsabi nito, na nagturo ng bagay na ito. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan ngayon? Tama ba? Sinabi sa kanila ni Pablo na kailangan nilang mabautismuhan muli sa Pangalan ni Jesus Cristo. At sinabi ni Pablo, “Kung isang Anghel mula sa Langit...” Mga Taga-Galacia 1:8, “Kung isang Anghel mula sa Langit ang magtuturo sa inyo ng iba maliban Dito, siya'y matakwil sa inyo.” Isa man siyang arsobispo, isa man siyang papa, isa man siyang ministro, isa man siyang propeta, isa man siyang reverend, isa man siyang Anghel mula sa Langit, o kung sino man ito, sabi niya, “Kung

magtuturo sila ng iba maliban Dito, siya'y matakwil sa inyo!" Tama ba? At inulit niya uli ito, sabi, "Gaya ng nasabi ko na, ay sasabihin ko uli: Kung magtuturo sila ng iba maliban Dito, siya'y matakwil!" Tama ba?

³⁵⁴ Kaya pagpalain kayo ng Panginoon. Binasa ko lamang ito mula sa Salita, at kayo ang magpasya.

³⁵⁵ Ngayon ilan ang may gusto sa magandang lumang awitin na 'yun:

Ang pananampalataya ko'y nakatuon sa Iyo,
Sa Iyo na Cordero ng Kalbaryo,
Banal na Tagapagligtas;
Ngayon ako'y Iyong dinggin habang ako'y
nananalangin,
Ang lahat ng aking kasalanan ay pawiin,
At ibunsod ako mula sa araw na ito
Na maging lubos na Iyong-Iyo!

³⁵⁶ Gusto kong tanungin kayo ng isang bagay, kayo sa iglesyang ito. Bilang isang naghihinalong tao na nangangaral sa naghihinalong tao, na napagtatanto na ito na marahil ang pinakahuling pangangaral na maipapangaral ko; at sinisikap ko sa tuwina na sa ganoong paraan ko maipangaral ang bawat pangangaral ko, na parang 'yun na ang pinakahuli ko, bilang isang naghihinalong tao sa naghihinalong tao. Ngayon tatanungin ko kayo, mga kapatid ko, at mga kapwa mamamayan ko sa komunidad na ito at bansa, nararamdaman n'yo ba na kailangan n'yo ng mas malapit na paglakad kasama ang Diyos pagkatapos ng mga gawaing ito? Pagpalain kayo ng Diyos! Ako bilang isang . . . iyong kapatid, na taos na nakikipag-usap sa iyo, ito ang taimtim kong panalangin, sa inyo, na matanggap n'yo itong mas malapit na paglakad kasama ang Diyos.

³⁵⁷ At nawa, sa Araw ng Paghatol, na ang mga gabing ito na nangangaral ako, ay magiging tulad sa—tulad sa isang malaking teyp rekording na ipi-play sa Araw na 'yun, at ang tinig ko ay maririnig, at kinakailangan kong tumayo roon at magbigay ng ulat, kung ang mga salita ko ba'y pagpapala sa akin o kahatulan sa akin sa Araw na 'yun. At 'yan po ang mga salita ko sa huling dalawampu't ilang taon, bilang munting binata pa lang ako noon na mga dalawampung taon ang edad, na ipinapangaral ang Ebanghelyo, at ako'y apatnapu't lima na ngayon, at hindi ko 'yun binago kahit kaunti, dahil hindi ko 'yun mababago hangga't nananatili ang Biblia sa ganoong paraan.

³⁵⁸ Pinanindigan ko Ito sa mga obispo't lahat na, at hindi pa ako nakakita ng isa na makapagsasabi ng taliwas Dito, batay sa Salita. Sinasabi nila . . . Buweno, ngayon, ako . . . May pari, dito mga ilang araw pa lang ang nakararaan, sabi niya, "Rev. Branham, hindi namin pinagbabatayan ang Biblia; ang iglesya ang pinagbabatayan, namin." Kaya hindi kayo maaaring

makipagtalakayan sa lalaking 'yun. Pero kung Biblia ang pagbabatayan n'yo, iba mismo. Kita n'yo?

³⁵⁹ Dalangin ko na ang Diyos ay . . . Bawat isa sa mga kaibigan kong Katoliko rito, at bawat isa sa mga kaibigan kong Protestante, at maging . . . Hindi sila iba . . . Kung tutuusin . . . Akin—akin ngang minamahal ang bawat isa sa inyo. At alam ng Diyos kung totoo 'yun o hindi. Masdan n'yo dun sa pila para sa pananalangin, kapag ang mga bulag—bulag at lumpo, hindi Nito sinasabi, “Katoliko.”

³⁶⁰ May lalaking nakaupo rito sa entab- . . . dito mismo, isang Katoliko, naghihingalo dahil sa kanser, na kinakain na siya; nagpunta siya sa bahay ko, at bumaba sa kanya ang Espiritu Santo, pinagaling siya mula sa kanser na 'yun. Hindi Niya inusisa sa lalaki kung Katoliko ba siya o hindi; hindi ako nagsabi ni isang salita sa kanya. Nagpunta siya, nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo at tinanggap ang Espiritu Santo. Nakaupo riyan ang lalaki ngayon, isang negosyante sa Louisville. Oo. Kita n'yo?

³⁶¹ Hindi Nito uusisain kung kayo ba'y isang Katoliko o hindi. Ito'y sa kung ang puso n'yo ay nagugutom sa Diyos. “Mapalad sila na nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila'y bubusugin.” Tama ba? Amen. Pagpalain kayo ng Panginoon.

³⁶² Ilan ang nakakaalam ng kaaya-ayang lumang awitin na ito, *Blest Be The Tie That Binds*? Ilan po rito ang lampas apatnapung taong gulang na, itaas n'yo ang mga kamay n'yo kasama ko, at sabihin, “Naaalala ko ang lumang awitin na 'yan, mula noong apatnapung taon, *Blest Be The Tie That Binds*”?

Pagpalain ang taling nagbubuklod
Sa ating mga puso sa pag-ibig na Cristiano;
Ang ating pakikipagtipan sa iisang kaisipan
Ay tulad ng sa Kaitaas-taasan.

³⁶³ Hindi ba't gusto n'yo ang mga lumang awitin na 'yun? Pakinggan n'yo, gusto kong sabihin ito, kung mas tutuon tayo sa mga lumang awitin na 'yan sa halip na itong kung anu-anong pinaggagagawa na mayroon tayo, naniniwala ako na mas mabuti ang magiging kalagayan ng iglesya. Gustung-gusto ko 'yung magaganda't, lumang mga awitin na isinulat ng Espiritu Santo.

³⁶⁴ Ang mga datihan na, naaalala ko sa tuwina, 'yung isang matandang itim na lalaki, na dati-rati'y nauupo sa likuran ng bahay, doon sa mga kabundukan ng Kentucky. Kapag napapagod siya, mauupo siya sa lumang—lumang troso na 'yun dun at tatapik-tapikin niya 'yung troso ng mga kamay niya. Tandang-tanda ko siya, may manipis na gilid-gilid na puting buhok sa palibot ng ulo niya. Inaawit niya ang lumang awitin na 'yun, isang lumang awitin:

I will arise and go to Jesus,
He will embrace me in His arms;

In the arms of my dear Saviour,
Oh, there are ten thousand charms.

³⁶⁵ Hindi mahirap kantahin. Ilan po ang nakarinig na sa lumang awitin na 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Grabe! Ang inam po. Pakinggan n'yo. . . 

54-0515 Mga Tanong at Mga Sagot
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2026 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org